- Hindi mo natugunan ang Bahagi sa Gastos ng Medi-Cal.
- Pumunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pinirmahan mo ang isang form na sinabing gusto mo pa ring magpatingin at ikaw mismo ang magbabayad ng mga serbisyo.
- Kung mayroon kang Medicare Part D, mga copayment para sa mga inireresetang gamot na sakop ng iyong Medicare Part D na plano.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3. Paano makakakuha ng pangangalaga

Pagkuha ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan

PAKIBASA ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON UPANG MALAMAN MO MULA KANINO O ANONG GRUPO NG MGA TAGAPAGBIGAY NG SERBISYO MAAARING MAKUHA ANG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Maaari kang magsimulang makakuha ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan sa iyong petsa ng pagsisimula ng pag-enroll. Palaging dalhin ang iyong ID card ng Aetna Better Health of California, ID Card ng mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal, at anumang iba pang card ng insurance sa kalusugan. Huwag kailanman hayaan ang sinuman na gamitin ang iyong BIC o ID card ng Aetna Better Health of California.

Dapat pumili ang mga bagong miyembro ng isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP) sa network ng Aetna Better Health of California. Ang mga bagong miyembro na may Medi-Cal at komprehensibong iba pang coverage sa kalusugan ay hindi kailangang pumili ng PCP. Ang network ng Aetna Better Health of California ay grupo ng mga doktor, ospital at iba pang tagapagbigay ng serbisyo na nagtatrabaho sa Aetna Better Health of California. Dapat kang pumili ng isang PCP sa loob ng 30 araw mula sa oras na maging miyembro ka sa Aetna Better Health of California. Kung hindi ka pipili ng PCP, pipili ang Aetna Better Health of California ng isa para sa iyo.

Maaari kang pumili ng parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng kapamilyang kasali sa Aetna Better Health of California, basta't available ang PCP.

Kung mayroon kang doktor na nais mong mapanatili, o nais mong humanap ng bagong PCP, maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo. Mayroon itong listahan ng lahat ng PCP na nasa network ng Aetna Better Health of California. Ang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ay may iba pang impormasyon upang



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

matulungan kang pumili ng PCP. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Makikita mo rin ang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo sa website ng Aetna Better Health of California sa www.aetnabetterhealth.com/california/find-provider.

Kung hindi mo makuha ang pangangalagang kailangan mo mula sa kalahok na tagapagbigay ng serbisyo na nasa network ng Aetna Better Health of California, dapat humingi ang iyong PCP sa Aetna Better Health of California ng pag-apruba upang ipadala ka sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network. Tinatawag itong referral. Hindi mo kailangan ng pag-apruba para pumunta sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network para makakuha ng mga sensitibong serbisyo na inilalarawan sa pamagat na “Sensitibong pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Basahin ang natitirang bahagi ng kabanatang ito upang malaman pa ang tungkol sa mga PCP, ang Direktoryo ng Provider at ang network ng provider.

Ang mga benepisyo sa parmasya ay pinangangasiwaan na ngayon sa pamamagitan ng Rx program ng May Bayad na Serbisyo (FFS) na Medi-Cal. Para alamin pa, basahin ang “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” na seksyon sa Kabanata 4.

Tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP)

Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pag-enroll sa Aetna Better Health of California. Depende sa iyong edad at kasarian, maaari mong piliin ang isang pangkalahatang practitioner, OB/GYN, practitioner para sa pamilya, internist o pediatrician bilang iyong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP). Maaari ding gumanap bilang iyong PCP ang isang nurse na practitioner (NP), assistant ng doktor (PA) o sertipikadong nurse na komadrona. Kung pinili mo ang isang NP, PA o sertipikadong nurse na komadrona, maaaring italaga sa iyo ang isang doktor upang pangasiwaan ang iyong pangangalaga. Kung ikaw ay parehong nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kang komprehensibong iba pang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Pwede kang pumili ng Indian na Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP), Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC) o Panlalawigang Klinika na Pangkalusugan (RHC) bilang iyong PCP. Depende sa uri ng tagapagbigay ng serbisyo, maaari kang makapili ng isang PCP para sa iyong buong pamilya na mga miyembro ng Aetna Better Health of California, basta't available ang PCP.

Tandaan: Maaaring pumili ang mga American Indian ng isang IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa network ng Aetna Better Health of California ang IHCP.

Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pag-enroll, itatalaga ka ng Aetna Better Health of California sa isang PCP. Kung itinalaga ka sa isang PCP at gusto mong magpalit, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY: 711). Ang pagbabago ay magaganap sa unang araw ng susunod na buwan.

Ang iyong PCP ay:

- Aalamin ang history ng iyong kalusugan at mga pangangailangan
- lingatan ang iyong mga rekord ng kalusugan
- Bibigyan ka ng pangangalaga upang makaiwas sa sakit at karaniwang pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo
- Isasangguni (ipapadala) ka sa isang espesyalista kung kailangan mo ng isa
- Isasaayos ang pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito

Maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo upang maghanap ng PCP sa network ng Aetna Better Health of California. Ang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ay may listahan ng mga IHCP, FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa Aetna Better Health of California.

Makikita mo ang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Aetna Better Health of California online sa www.aetnabetterhealth.com/california/find-provider. O maaari mong hilinging ipadala sa iyo sa koreo ang isang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Maaari ka ring tumawag upang malaman kung ang PCP na gusto mo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Pagpili ng mga doktor at iba pang mga tagapagbigay ng serbisyo

Ikaw ang pinakamahasay na may alam ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamahasay kung ikaw ang pipili ng iyong PCP.

Pinakamabuting manatili sa isang PCP para malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunman, kung nais mong



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

magpalit sa isang bagong PCP, maaari kang magpalit anumang oras. Dadpat kang pumili ng PCP na nasa network ng tagapagbigay ng serbisyo ng Aetna Better Health of California at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Ang iyong bagong pinili ang iyong magiging PCP sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong gawin ang pagpalit.

Para palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711)

Maaaring palitan ng Aetna Better Health of California ang iyong PCP kung ang PCP ay hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente, umalis na sa network ng Aetna Better Health of California, hindi nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyente na kaedad mo, o kung mayroong mga alalahanin sa kalidad sa PCP na hindi pa nalulutas. Maaari ring hilingin sa iyo ng Aetna Better Health of California o ng iyong PCP na lumipat sa bagong PCP kung hindi mo makasundo ang o kung hindi ka sumasang-ayon sa iyong PCP, o kung hindi ka nakakapunta o nahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangan ng Aetna Better Health of California na palitan ang iyong PCP, sasabihin sa iyo ng Aetna Better Health of California sa sulat.

Kung magbabago ang iyong PCP, makakatanggap ka ng sulat at bagong ID card ng miyembro mula sa Aetna Better Health of California sa koreo. May pangalan ito ng iyong bagong PCP. Tumawag sa member services kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

Ilang bagay na dapat pag-isipan kapag pumipili ng PCP:

- Nangangalaga ba ang PCP ng mga bata ?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa isang klinikang gusto kong gamitin?
- Ang opisina ba ng PCP ay malapit sa aking bahay, trabaho o paaralan ng mga anak?
- Ang opisina ba ng PCP ay malapit kung saan ako nakatira at madaling mapuntahan ang opisina ng PCP?



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Nagsasalita ba ng aking wika ang mga doktor at kawani?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa isang ospital na gusto ko?
- Nagbibigay ba ang PCP ng mga serbisyo na maaaring kailanganin ko?
- Akma ba sa aking iskedyul ang mga oras ng opisina ng PCP?

Inisyal na pagtatasa ng kalusugan (IHA)

Inirerekomenda ng Aetna Better Health of California na bilang bagong miyembro ay magpatingin ka sa bago mong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa inisyal na pagsusuri ng panganib sa kalusugan (initial health assessment, IHA). Ang layunin ng IHA ay upang tulungan ang iyong PCP na malaman ang history ng iyong pangangalagang pangkalusugan at mga pangangailangan. Maaaring magtanong ang iyong PCP ng ilang katanungan tungkol sa history ng iyong kalusugan o maaaring hilingin sa iyo na sagutan ang isang palatanungan. Sasabihin din ng iyong PCP sa iyo ang tungkol sa pagpapayo sa edukasyon sa kalusugan at mga klase na maaaring makatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka upang ipa-iskedyul ang iyong IHA appointment, sabihin sa taong sasagot sa telepono na miyembro ka ng Aetna Better Health of California. Ibigay ang iyong numero ng ID sa Aetna Better Health of California.

Dalhin ang iyong BIC at ID card mula sa Aetna Better Health of California sa iyong appointment. Magandang ideya na dalhin ang isang listahan ng iyong mga gamot at tanong sa iyong pagpapattingin. Maging handang makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Siguraduhing tawagan ang opisina ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi makakapunta sa iyong appointment.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa IHA, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Karaniwang pangangalaga

Ang karaniwang pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pangangalaga upang makaiwas sa sakit, tinatawag ding mabuting kalusugan ng katawan at isipan o mahusay na pag-aalaga. Tinutulungan ka nito na manatiling malusog at tinutulungan kang makaiwas sa pagkakasakit. Kabilang sa pangangalaga upang makaiwas sa sakit ang mga regular na pagpapattingin at edukasyong pangkalusugan at pagpapayo. Makakatanggap ang mga bata ng talagang



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

kailangan na mga serbisyo para sa maagang pag-iwas sa sakit tulad ng screening ng pandinig at paningin, mga pag-assess ng proseso ng paglaki at marami pang serbisyo na inirerekomenda ng mga alituntunin ng mga pediatrician ng Bright Futures (https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf). Bilang karagdagan sa pangangalaga upang makaiwas sa sakit, kabilang din sa karaniwang pangangalaga ang pangangalaga kung ikaw ay may sakit. Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP.

Ang iyong PCP ay:

- Bibigyan ka ng karamihan sa iyong karaniwang pangangalaga, kabilang ang mga regular na pagpapatingin, bakuna, paggamot, gamot at medikal na payo
- lingatan ang iyong mga rekord ng kalusugan
- Isasangguni (ipapadala) ka sa mga espesyalista kung kinakailangan
- luutos ang mga X-ray, mammogram o pagsusuri sa laboratoryo kung kailangan mo ang mga ito

Kapag kailangan mo ng karaniwang pangangalaga, tatawagan mo ang iyong doktor para sa appointment. Siguraduhin na tawagan ang iyong PCP bago mo makuha ang medikal na pangangalaga, maliban kung ito ay emergency. Para sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Para malaman pa ang tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasakop ng iyong plano, at kung ano ang hindi nito sakop, basahin ang “Mga benepisyo at serbisyo” at “Pangangalaga sa bata at kabataan para makaiwas sa sakit” sa handbook na ito.

Ang lahat ng tagapagbigay ng serbisyo ng Aetna Better Health of California ay maaaring gumamit ng mga tulong at serbisyo upang makipag-usap sa mga taong may mga kapansanan. Maaari rin silang makipag-usap sa iyo sa ibang wika o format. Sabihin sa iyong tagapagbigay ng serbisyo o sa Aetna Better Health of California kung ano ang kailangan mo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Network ng tagapagbigay ng serbisyo

Ang network ng tagapagbigay ng serbisyo ay ang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang tagapagbigay ng serbisyo na nagtatrabaho sa Aetna Better Health of California. Makukuha mo ang karamihan sa iyong mga sakop na serbisyo sa pamamagitan ng network ng Aetna Better Health of California.

Tandaan: Ang mga American Indian ay maaaring pumili ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa network ng Aetna Better Health of California ang IHCP.

Kung ang iyong PCP, ospital o iba pang tagapagbigay ng serbisyo ay may moral na pagtutol sa pagbibigay sa iyo ng sakop na serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya o aborsyon, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Para sa higit pa tungkol sa mga moral na pagtutol, basahin ang “Moral na pagtutol” na seksyon sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Kung ang iyong tagapagbigay ng serbisyo ay may moral na pagtutol, maaari siyang makatulong sa iyo na maghanap ng ibang tagapagbigay ng serbisyo na magbibigay sa iyo ng mga serbisyong kailangan mo. Matutulungan ka rin ng Aetna Better Health of California na maghanap ng tagapagbigay ng serbisyo na gagawa ng serbisyo.

Mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network

Gagamit ka ng mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network ng Aetna Better Health of California para sa karamihan ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha ka ng pangangalaga upang makaiwas sa sakit at karaniwang pangangalaga mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital at iba pang tagapagbigay ng serbisyo na nasa network ng Aetna Better Health of California.

Upang makakuha ng Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Maaari mo ring makita ang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo online sa www.aetnabetterhealth.com/california/find-provider. Para makakuha ng kopya ng Listahan ng Gamot na nasa Kontrata, tumawag sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711). O bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Dapat makakuha ka ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Aetna Better Health of California bago ka magpatingin sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network ng Aetna Better Health of California, kabilang ang nasa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California, maliban sa mga sumusumunod na sitwasyon:

- Kailangan mo ng mga pang-emergency na serbisyo, sa ganitong sitwasyon, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital
- Ikaw ay wala sa pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California at kailangan ng agarang pangangalaga, sa ganitong sitwasyon, pumunta sa anumang pasilidad para sa agarang pangangalaga
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, sa ganitong sitwasyon, maaari kang pumunta sa sinumang tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip, sa ganitong sitwasyon, maaari kang pumunta sa alinman sa tagapagbigay ng serbisyo na nasa network o tagapagbigay ng serbisyo ng plano sa kalusugan ng isip ng county nang walang paunang pag-apruba

Kung wala ka sa isa sa mga sitwasyon na ito, at hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba at makakakuha ka ng pangangalaga mula sa tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalaga mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network.

Mga tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network na nasa loob ng pinaglilingkurang lugar

Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network ay ang mga walang kasunduang magtrabaho sa Aetna Better Health of California. Maliban sa pang-emergency na pangangalaga, maaaring kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari mong makuha ang mga ito sa labas ng network nang walang bayad hangga't ang mga ito ay kinakailangang medikal at hindi makukuha sa network.

Maaaring aprubahan ng Aetna Better Health of California ang isang referral sa tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network kung hindi available sa network ang mga serbisyong kailangan mo o ikaw ay masyadong malayo sa iyong bahay. Kung bibigyan ka namin ng referral sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network, babayaran namin ang pangangalaga sa iyo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Para sa agarang pangangalaga na nasa pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California, dapat kang magpatingin sa provider ng agarang pangangalaga na nasa network ng Aetna Better Health of California. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na nasa network. Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba, kakailanganin mong bayaran ang agarang pangangalaga na nakukuha mo mula sa tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network na nasa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California. Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo para sa pang-emergency na pangangalaga, agarang pangangalaga at sensitibong pangangalaga, pumunta sa mga pamagat na iyon sa kabanatang ito.

Tandaan: Kung ikaw ay isang American Indian, makakakuha ka ng pangangalaga sa isang IHCP na wala sa network ng aming tagapagbigay ng serbisyo nang walang referral.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyo na wala sa network, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Kapag wala sa pinaglilingkurang lugar

Kung wala ka sa pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California at kailangan ng pangangalaga na **hindi** isang emergency o agaran, tawagan kaagad ang iyong PCP. O tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang wala sa network na pang-emergency na pangangalaga. Kung magbibiyahe ka sa Canada o Mexico at kailangan ng mga serbisyong pang-emergency na nangangailangan ng pagkakaospital, sasakupin ng Aetna Better Health of California ang iyong pangangalaga. Kung magbibiyahe ka nang internasyonal sa labas ng Canada o Mexico at kailangan ng mga pangangalaga na pang-emergency, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan **hindi** sasakupin ng Aetna Better Health of California ang pangangalaga sa iyo.

Kung babayaran mo ang mga serbisyong pang-emergency na nangangailangan ng pagkakaospital sa Canada o Mexico, maaari mong hilingin sa Aetna Better Health of California na bayaran ka. Susuriin ng Aetna Better Health of California ang iyong kahilingan.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Kung ikaw ay nasa ibang Estado, kabilang ang mga teritoryo ng US (American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico at ang US Virgin Islands), sakop ka para sa pang-emergency na pangangalaga, pero hindi lahat ng ospital at doktor ay tinatanggap ang Medicaid (Medicaid ang tawag sa Medi-Cal sa ibang Estado). Kung kailangan mo ng pangangalaga na pang-emergency sa labas ng California, sabihin kaagad sa ospital o doktor sa emergency room na mayroon kang Medi-Cal at miyembro ka ng Aetna Better Health of California. Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng iyong ID card sa Aetna Better Health of California. Sabihin sa ospital at mga doktor na singilin ang Aetna Better Health of California. Kung makakatanggap ka ng bill para sa mga serbisyong natanggap mo sa ibang Estado, tumawag kaagad sa Aetna Better Health of California. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor para makipag-usap sa Aetna Better Health of California para bayaran ang pangangalaga sa iyo.

Kung ikaw ay nasa labas ng California at mayroong pangangailangang pang-emergency para punan ang mga inireresetang gamot para sa outpatient, pakisabi sa parmasya na tumawag sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 para humingi ng tulong.

Tandaan: Ang mga American Indian ay maaaring makakuha ng mga serbisyo sa mga IHCP na wala sa network.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa isang medikal na kondisyon na kwalipikado sa California Children's Services (CCS) at walang epesyalista ang Aetna Better Health of California na panel sa CCS na nasa network na makakapagbigay ng pangangalagang kailangan mo, maaari kang pumunta sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network ng tagapagbigay ng serbisyo nang walang bayad. Para malaman pa ang tungkol sa programa ng CCS, basahin ang Mga Benepisyo at Serbisyo na kabanata ng handbook na ito.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa wala sa network o wala sa pinaglilingkurang lugar na pangangalaga, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Kung sarado ang opisina, at gusto mo ng tulong mula sa isang kinatawan, tumawag sa 1-855-772-9076.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga na wala sa pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga. Kung magbibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos at kailangan ng agarang pangangalaga, hindi sasakupin ng Aetna Better Health of California ang pangangalaga sa iyo. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa agarang pangangalaga, pumunta sa pamagat na "Agarang pangangalaga" sa huling bahagi ng kabanatang ito.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Hiwalay na Samahan ng Mga Physician (Independent Physician Association, IPA):

Hindi palaging nakikipagkontrata nang direkta ang Aetna Better Health of California sa mga tagapagbigay ng serbisyo. Nangangahulugan ang Pinamamahalaang Pangangalaga na nakikipagtulungan ang Aetna Better Health sa iyong PCP, na maaaring nakakontrata sa isang IPA. Magkakasama kaming magtutulungan upang matiyak na makukuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Makikipagtulungan din ang Aetna Better Health sa mga ospital, espesyalista, at iba pang tagapagbigay ng serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para mapangasiwaan ang lahat ng iyong pangangailangang medikal, na maaaring kabilangan din ng mga referral para sa mga x-ray at mga pagsusuri sa laboratoryo.

Mga doktor

Pipiliin mo ang iyong doktor para maging iyong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP) mula sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Aetna Better Health of California. Ang doktor na pipiliin mo ay dapat tagapagbigay ng serbisyo na nasa network. Upang makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Aetna Better Health of California, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). O hanapin ito online sa www.aetnabetterhealth.com/california/find-provider.

Kung pipili ka ng bagong doktor, dapat ka ring tumawag para matiyak na tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP na gusto mo.

Kung mayroon ka nang dating doktor bago ka naging miyembro ng Aetna Better Health of California, at hindi bahagi ng network ng Aetna Better Health of California ang doktor na iyon, maaari kang patuloy na magpatingin sa doktor na iyon sa limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Mababasa mo ang mas marami pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito. Para alamin pa, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Kung kailangan mo ang isang espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa isang espesyalista na nasa network ng Aetna Better Health of California. Ang ilang espesyalista ay hindi kailangan ng referral. Para sa higit pang impormasyon sa mga referral, pumunta sa pamagat na “Mga Referral” sa huling bahagi ng kabanatang ito.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Tandaan, kung hindi ka pumili ng isang PCP, pipili ang Aetna Better Health of California ng isa para sa iyo, maliban kung mayroon kang komprehensibong coverage sa kalusugan bukod sa Medi-Cal. Ikaw ang pinakamahasay na may alam ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamahasay kung ikaw ang pipili. Kung ikaw ay parehong nasa Medicare at Medi-Cal, o kung mayroon kang ibang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, dapat kang pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng Aetna Better Health of California. Tiyakin na ang PCP ay tumatanggap ng mga bagong pasyente. Para palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Maaari mo ring palitan ang iyong PCP sa website para sa miyembro/portal para sa miyembro.

Mga ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan mo ng pangangalaga ng ospital, magpapasya ang iyong PCP kung sa aling ospital dapat pumunta. Kakailanganin mong pumunta sa ospital na ginagamit ng iyong PCP at nasa network ng tagapagbigay ng serbisyo ng Aetna Better Health of California. Ang mga ospital sa network ng Aetna Better Health of California ay nakalista sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo.

Mga espesyalista sa kalusugan ng mga kababaihan

Maaari kang magpatingin sa espesyalista sa kalusugan ng mga babae na nasa network ng Aetna Better Health of California para sa sakop na pangangalaga na kinakailangan upang ibigay ang karaniwan at pang-iwas na mga serbisyo sa kalusugan para sa mga babae. Hindi mo kailangan ang isang rekomendasyon mula sa iyong PCP upang makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng mga babae, maaari kang tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Maaari ka ring tumawag sa 24/7 na linya para sa nurse sa 1-855-772-9076.

Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo

Inililista ng Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Aetna Better Health of California ang mga tagapagbigay ng serbisyo na kasali sa network ng Aetna Better Health of California. Ang network ay ang grupo ng mga tagapagbigay ng serbisyo na nakikipagtulungan sa Aetna Better Health of California.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Nakalista sa Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Aetna Better Health of California ang mga ospital, PCP, espesyalista, nurse practitioner, mga nurse midwife, assistant ng doktor, mga tagapagbiagy ng serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Hiwalay na Samahan ng mga Doktor (IPA), Mga Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (mga FQHC), mga tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient, mga pinamamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (MLTSS), Nagsasariling Paanakan (mga FBC), Mga Indian na Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan (mga IHCP) at Mga Panlalawigang Klinika sa Kalusugan (mga RHC).

Ang Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo ay may mga pangalan, espesyalidad, address, numero ng telepono, oras ng opisina at mga wikang sinasalita ng tagapagbigay ng serbisyo na nasa network ng Aetna Better Health of California. Sinasabi nito kung ang tagapagbigay ng serbisyo ay tumatanggap ng mga bagong pasyente. Ibinibigay rin nito ang antas ng pisikal na pagiging naa-access para sa gusali, tulad ng paradahan, rampa, hagdan na may mga hawakan, at mga banyo na may malalapad na pinto at mga hawakang bar. Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa edukasyon, pagsasanay, at sertipikasyon sa board ng doktor, pakitawagan ang 1-855-772-9076 (TTY 711).

Makikita mo ang online na Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo sa www.aetnabetterhealth.com/california/find-provider.

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Makakahanap ka ng listahan ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Maaari ka ring makahanap ng parmasya na malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711).

Napapanahong pag-access sa pangangalaga

Dapat bigyan ka ng appointment ng iyong tagapagbigay ng serbisyo na nasa network sa loob ng takdang panahon na nakalista sa ibaba.

Minsan hindi problema ang mas matagal na paghihintay ng pangangalaga. Maaari kang bigyan ng iyong tagapagbigay ng serbisyo ng mas mahabang panahon ng paghihintay kung hindi ito makakasama sa iyong kalusugan. Dapat itong itala sa rekord mo na hindi makakasama sa iyong kalusugan ang mas matagal ng paghihintay.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Uri ng Appointment	Dapat kang makakuha ng appointment sa loob ng:
Mga appointment na agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga appointment na agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 na oras
Mga appointment para sa hindi agarang (karaniwang) appointment para sa pangunahing pangangalaga	10 araw ng negosyo
Mga appointment para sa hindi agarang (karaniwang) pangangalaga ng espesyalista	15 araw ng negosyo
Mga appointment para sa hindi agarang (karaniwang) pangangalaga ng tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw ng negosyo
Mga appointment para sa hindi agarang (karaniwang) follow-up na pangangalaga sa tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip (hindi doktor)	10 araw ng negosyo mula sa huling appointment
Mga hindi apurahang (karaniwang) appointment para sa mga pantulong (pansuportang) serbisyo para sa pag-diagnose o paggamot ng pinsala, sakit o iba pang kondisyon sa kalusugan	15 araw ng negosyo
Mga pamantayan ng iba pang tagal ng paghihintay	Dapat makakonekta ka sa loob ng:
Tagal ng paghihintay sa telepono para sa mga serbisyo sa miyembro sa mga karaniwang oras ng negosyo	10 minuto
Tagal ng paghihintay sa telepono para sa Nurse Advice Line	30 minuto (nakakonekta sa nurse)



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Tagal ng pagbibiyaha o layo sa pangangalaga

Please change to: Dapat sumunod ang Aetna Better Health of California sa mga pamantayan sa tagal o layo ng pagbibiyaha para sa iyong pangangalaga. Ang mga pamantayang iyon ay tumutulong na matiyak na makakakuha ka ng pangangalaga nang hindi magbibiyaha nang masyadong matagal o masyadong malayo mula sa kung saan ka nakatira. Ang mga pamantayan sa tagal ng pagbibiyaha o layo ay depende sa county kung saan ka nakatira.

Kung hindi makakapagbigay ang Aetna Better Health of California ng pangangalaga sa iyo nang ayon sa mga pamantayan ng oras o layo ng pagbibiyaha na ito, maaaring aprubahan ng DHCS ang ibang pamantayan, na tinatawag na pamantayan ng alternatibong access. Para sa mga pamantayan ng Aetna Better Health of California sa tagal o layo para sa kung saan ka nakatira, bisitahin ang [AetnaBetterHealth.com/California](https://www.aetnabetterhealth.com/california) O tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo at ang tagapagbigay ng serbisyo na iyon ay malayo sa kung saan ka nakatira, tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matutulungan ka nilang maghanap ng pangangalaga sa isang tagapagbigay ng serbisyo na mas malapit sa iyo. Kung hindi makahanap ang Aetna Better Health of California ng pangangalaga para sa iyo sa mas malapit na tagapagbigay ng serbisyo, maaari mong hilingin sa Aetna Better Health of California na maghanda ng transportasyon para makapunta ka sa iyong tagapagbigay ng serbisyo, kahit na malayo ang tagapagbigay ng serbisyo na iyon mula sa kung saan ka nakatira. Kung kailangan mo ng tulong sa mga tagapagbigay ng serbisyo ng parmasya, pakitawagan ang Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711).

Itinuturing na malayo kung hindi ka makakapunta sa tagapagbigay ng serbisyo na iyon nang nasa mga pamantayan ng Aetna Better Health of California para sa tagal at layo ng pagbibiyaha para sa iyong county, anumang pamantayan ng alternatibong access na maaaring gamitin ng Aetna Better Health of California para sa iyong ZIP Code.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga Appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang iyong PCP
- Ihanda ang iyong numero ng ID sa Aetna Better Health of California sa pagtawag
- Dalhin ang iyong BIC at ID card ng Aetna Better Health of California sa iyong appointment
- Humingi ng tulong sa wika o mga serbisyo ng pagsasalin-wika, bago ang iyong appointment upang ihanda ang mga serbisyo sa oras ng iyong pagpunta, kung kinakailangan
- Pumunta sa iyong appointment nang nasa oras, dumating nang ilang minutong maaga para mag-sign in, magsagot ng mga form at sagutin ang anumang tanong na maaaring mayroon ang iyong PCP
- Tumawag kaagad kung hindi ka makararating sa iyong appointment o kung mahuhuli
- Ihanda ang iyong mga tanong at impormasyon ng gamot kung sakaling kailangan mo ang mga ito
- Tumawag sa Member Services kung kinakailangan ng transportasyon nang hindi bababa sa 3 araw bago ang iyong appointment.
- Mag-iwan ng mensahe kasama ang iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang opisina

Kung mayroon kang isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Pagpunta sa iyong appointment

Kung wala kang paraan para makapunta at manggaling sa iyong mga appointment para sa mga sakop na serbisyo, makakatulong kami para makapaghanda ng transportasyon para sa iyo. Ang serbisyong ito, na tinatawag na medikal na transportasyon ay **hindi** para sa mga emergency. Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911**. Ang medikal na transportasyon ay magagamit para sa mga serbisyo at appointment na walang kaugnayan sa mga serbisyong pang-emergency at maaaring magamit mo nang wala kang babayaran.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Pumunta sa seksyong “Mga benepisyo ng transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi mga emergency” para sa higit pang impormasyon.

Pagkansela at pag-iskedyul sa ibang araw

Kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment, tumawag kaagad sa opisina ng iyong tagapagbigay ng serbisyo. Karamihan ng mga doktor ay hihilingin sa iyong tumawag sa loob ng 24 na oras (1 araw ng negosyo) bago ang iyong appointment kung kailangan mo itong kanselahin. Kung hindi ka makakapunta sa mga umuulit na appointment, maaaring ayaw ka nang maging pasyente ng doktor.

Pagbabayad

Hindi mo kailangang magbayad para sa mga sakop na serbisyo. Sa karamihang kaso, hindi ka makakatanggap ng bill mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo. Dapat mong ipakita ang iyong ID card sa Aetna Better Health of California at ang iyong BIC sa Medi-Cal kapag kumukuha ka ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o mga gamot para alam ng iyong tagapagbigay ng serbisyo kung sino ang sisingilin. Maari kang makatanggap ng isang Paliwanag ng mga Benepisyo (EOB) o isang pahayag mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo. Ang mga EOB at pahayag ay hindi mga bill.

Kung makakatanggap ka ng bill, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Kung makakatanggap ka ng bill para sa mga gamot, tumawag sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711). O bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Sabihin sa Aetna Better Health of California ang halagang siningil, ang petsa ng serbisyo at ang dahilan ng pagsingil.

Hindi ka responsable na magbayad sa tagapagbigay ng serbisyo para sa anumang halagang dapat bayaran ng Aetna Better Health of California para sa anumang sakop na serbisyo. Dapat makakuha ka ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Aetna Better Health of California bago ka magpatingin sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network ng Aetna Better Health of California, kabilang ang nasa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California, maliban sa mga sumusumunod na sitwasyon:

- Kailangan mo ng mga pang-emergency na serbisyo, sa ganitong sitwasyon, tumawag sa 911 o pumunta sa pinakamalapit na ospital



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

- Kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o mga serbisyo na may kaugnayan sa pagsusuri para sa mga impeksyon na naihahawa sa pamamagitan ng sekswal na paraan, sa ganitong sitwasyon, maaari kang pumunta sa sinumang tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip, sa ganitong sitwasyon, maaari kang pumunta sa alinman sa tagapagbigay ng serbisyo na nasa network o tagapagbigay ng serbisyo ng plano sa kalusugan ng isip ng county nang walang paunang pag-apruba

Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalaga mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga sakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maaari mong makuha ang mga ito sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network nang walang bayad basta't ang mga ito ay medikal na kinakailangan, hindi available sa network at pauna nang naaprubahan ng Aetna Better Health of California. Para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo para sa pangangalaga na pang-emergency, agarang pangangalaga at sensitibo, pumunta sa mga pamagat na iyon sa kabanatang ito.

Kung makakatanggap ka ng bill o hihilinging magbayad ng co-pay na sa palagay mo ay hindi mo kailangang bayaran, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Kung babayaran mo ang bill, maaari kang magsumite ng claim form sa Aetna Better Health of California. Kakailanganin mong sabihin sa Aetna Better Health of California sa sulat kung bakit kailangan mong magbayad para sa item o serbisyo. Babasahin ng Aetna Better Health of California ang iyong claim at magpapasya ito kung maibabalik sa iyo ang ibinayad mo. Para sa mga tanong tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Kung nakakatanggap ka ng mga serbisyo na nasa sistema ng Veterans Affairs o hindi sakop o walang pahintulot na mga serbisyo na natanggap sa labas ng California, maaari kang magbayad.

Hindi ka babayaran ng Aetna Better Health of California kung:

- Ang mga serbisyo ay hindi sakop ng Medi-Cal tulad ng mga serbisyong pangkosmetiko.
- Hindi mo natugunan ang Bahagi sa Gastos ng Medi-Cal.
- Pumunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pinirmahan mo ang isang form na sinabing gusto mo pa ring magpatingin at ikaw mismo ang magbabayad ng mga serbisyo.
- Hiniling mong mabayaran ka para sa mga co-pay para sa mga gamot na sinasakop ng iyong Medicare Part D na plano.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga rekomendasyon

Bibigyan ka ng referral ng iyong PCP o ibang espesyalista upang magpatingin sa isang espesyalista sa loob ng takdang panahon na nakalista sa “Napapanahong access sa pangangalaga” na seksyon ng handbook na ito, kung kailangan mo nito. Ang espesyalista ay isang doktor na may karagdagang edukasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan sa iyo ang iyong PCP pumili ng isang espesyalista. Makatutulong sa iyo ang opisina ng iyong PCP na mag-set up ng oras upang makita ang espesyalista.

Kasama sa iba pang mga serbisyo na maaaring mangailangan ng referral ang mga procedure sa opisina, mga X-ray, pagsusuri sa laboratoryo at mga serbisyo para sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak.

Maaaring bigyan ka ng iyong PCP ng isang form na dadalhin sa espesyalista. Pupunan ng espesyalista ang form at ibabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga't sa tingin nila ay kailangan mo ang paggamot.

Kung mayroon kang problema sa kalusugan na kailangan ang espesyal na medikal na pangangalaga nang mahabang panahon, maaaring kailanganin mo ang isang palagiang rekomendasyon. Nangangahulugan ito na maaari kang magpatingin sa parehong espesyalista nang mahigit sa isang beses nang hindi na kumukuha ng rekomendasyon sa bawat pagpapatingin.

Kung nahihirapan kang makakuha ng standing referral o gusto mo ng kopya ng patakaran sa referral ng Aetna Better Health of California, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Hindi mo kailangan ang rekomendasyon para sa:

- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga pagpapatingin sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga agaran o pang-emergency na pangangalaga na pagpapatingin
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, tulad ng pangangalaga para sa sekswal na pang-aatake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para malaman pa, tumawag sa Opisina ng Impormasyon tungkol sa Pagpapalano ng Pamilya at Serbisyo ng Referral sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo sa HIV (12 taon o mas matanda)



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

- Mga serbisyo para sa impeksiyon na naihahawa sa pakikipagtalik (12 taong gulang at pataas)
- Mga serbisyo ng chiropractic (maaaring kailanganin ng referral kapag ibinibigay ito ng mga FQHC, RHC at IHCP na wala sa network)
- Inisyal na pagsusuri ng kalusugan ng isip

Ang mga menor de edad ay maaari ring makakuha ng ilang serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient, mga sensitibong serbisyo at mga serbisyo sa sakit dahil sa pang-aabuso ng droga o alak nang walang pahintulot ng magulang. Para sa higit pang impormasyon, basahin ang “Mga serbisyo sa menor de edad na hindi kailangan ng pahintulot ng magulang” at “Mga serbisyo sa paggamot ng sakit dahil sa pang-aabuso ng droga o alak” sa handbook na ito.

Handa ka na bang tumigil sa paninigarilyo? Para sa Ingles, tumawag sa: 1-800-300-8086 o sa Espanyol sa: 1-800-600-8191 upang malaman kung paano. O pumunta sa www.kickitca.org.

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganing humingi ng pahintulot ng iyong PCP o espesyalista sa Aetna Better Health of California bago mo makuha ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pahintulot, nauunang pag-apruba, o paunang pag-apruba. Nangangahulugan ito na dapat tiyakin ng Aetna Better Health of California ana ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan o kinakailangan.

Ang mga serbisyo na medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan kang magkasakit o mapinsala nang malubha, o bawasan ang matinding pananakit mula sa nasuring sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga Miyembrong wala pa sa edad na 21, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para maayos o tulungang mapagaan ang pisikal o pangkaisipang sakit o kondisyon.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay palaging kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit na nakukuha mo ang mga ito mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na nasa network ng Aetna Better Health of California:

- Pagkakaospital, kung hindi isang emergency
- Ang mga serbisyo na wala sa pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California, kung hindi emergency o agaran
- Pag-ooopera na para sa outpatient
- Pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyo ng skilled nursing sa isang nursing facility
- Mga natatanging paggamot, imaging, pagsusuri, at mga procedure
- Mga serbisyo ng medikal na transportasyon kapag hindi ito isang emergency. Hindi kailangan ng paunang pag-apruba ng mga serbisyo ng ambulansiya para sa emergency.

Sa ilalim ng Seksyon 1367.01(h)(1), pagpapasyahan ng Aetna Better Health of California ang mga karaniwang pag-apruba (mga paunang pahintulot) sa loob ng 5 araw ng trabaho mula sa kung kailan matatanggap ng Aetna Better Health of California ang impormasyon na makatwirang kinakailangan upang magpasya.

Para sa mga kahilingan na kung saan tinutukoy ng tagapagbigay ng serbisyo na o nalaman ng Aetna Better Health of California na ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon ay maaaring malubhang ilagay sa panganib ang iyong buhay o kalusugan o kakayahang matamo, mapanatili o mabawi ang maximum na paggana, gagawa ang Aetna Better Health of California ng pinabilis (mabilis) na desisyon sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Magbibigay ang Aetna Better Health of California ng abiso na kasing bilis ng pangangailangan ng kondisyon ng iyong kalusugan at hindi lalampas sa 72 oras pagkatapos matanggap ang kahilingan para sa mga serbisyo.

Ang mga paghiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ay sinusuri ng mga klinikal o medikal na kawani, tulad ng mga doktor, nars at pharmacist.

Hindi binabayaran ng Aetna Better Health of California ang mga tagasuri upang tanggihan ang coverage o mga serbisyo. Kung hindi aprubahan ng Aetna Better Health of California ang kahilingan, padadalhan ka ng Aetna Better Health of California ng sulat na Abiso ng Pagkilos (NOA). Sasabihin sa iyo ng sulat na NOA kung paano mag-file ng isang apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon.

Makikipag-ugnayan sa iyo ang Aetna Better Health of California kung kailangan ng Aetna Better Health of California ng higit pang impormasyon o mas maraming oras upang suriin ang iyong kahilingan.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Hindi mo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pangangalaga na pang-emergency, kahit na ito ay wala sa network at wala sa iyong pinaglilingkurang lugar. Kasama rito ang labor at panganganak kung ikaw ay buntis. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba para sa mga partikular na serbisyo ng sensitibong pangangalaga. Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga, pumunta sa “Sensitibong pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Mga ikalawang opinyon

Maaaring naisin mo ang ikalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na kailangan mo na sinasabi ng iyong tagapagbigay ng serbisyo o tungkol sa iyong pag-diagnose o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring naisin mo ang ikalawang opinyon kung hindi ka tiyak na kailangan mo ang iniresetang paggamot o operasyon o sinubukan mong sundin ang isang plano ng paggamot at hindi ito gumana.

Kung gusto mong kumuha ng ikalawang opinyon, ire-refer ka namin sa isang kwalipikadong tagapagbigay ng serbisyo ng network na makakapagbigay sa iyo ng ikalawang opinyon. Para sa tulong sa pagpili ng tagapagbigay ng serbisyo, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Babayaran ng Aetna Better Health of California ang pangalawang opinyon kung hihilingin mo ito o ng iyong tagapagbigay ng serbisyo na nasa network at kukuha ka ng ikalawang opinyon mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na nasa network. Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa Aetna Better Health of California upang makakuha ng ikalawang opinyon mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na nasa network. Gayunpaman, kung kailangan mo ng referral, matutulungan ka ng iyong tagapagbigay ng serbisyo ng network na makakuha ng referral para sa ikalawang opinyon kung kailangan mo nito.

Kung walang tagapagbigay ng serbisyo sa network ng Aetna Better Health of California upang bigyan ka ng ikalawang opinyon, babayaran ng Aetna Better Health of California ang pangalawang opinyon mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network. Sasabihin sa iyo ng Aetna Better Health of California sa loob ng 5 araw ng negosyo kung ang pinili mong tagapagbigay ng serbisyo para sa ikalawang opinyon ay aprubado. Kung mayroon kang sakit na hindi gumagaling, matindi o malubha, o



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

nahaharap sa napipinto at seryosong banta sa iyong kalusugan, kasama ang ngunit hindi limitado sa pagkamatay, pagkawala ng paa't kamay, o pangunahing bahagi o paggana ng katawan, sasabihin sa iyo ng Aetna Better Health of California sa loob ng 72 oras.

Kung tanggihan ng Aetna Better Health of California ang iyong kahilingan para sa ikalawang opinyon, maaari kang magsampa ng karaingan. Para malaman pa ang tungkol sa mga karaingan, pumunta sa “Mga Reklamo” na pamagat sa Kabanatang may pamagat na “Pag-uulat at Paglutas ng mga Problema” sa handbook na ito.

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyo sa menor de edad na hindi kailangan ng pahintulot ng magulang

Kung ikaw ay wala pang 18, makakatanggap ka ng ilang serbisyo nang walang pahintulot ng magulang o tagapag-alaga. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo na pahihintulutan ng menor de edad.

Maaari mong makuha ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga:

- Mga serbisyo para sa sekswal na pang-aatake, kasama ang pangangalaga sa kalusugan ng isip para sa outpatient
- Pagbubuntis
- Pagpaplano ng pamilya at pampigil sa pagbubuntis
- Mga serbisyo ng aborsyon

Kung ikaw ay 12 taong gulang o mas matanda, maaari mo ring makuha ang mga serbisyong ito nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga:

- Pangangalaga sa kalusugan ng isip para sa outpatient na para sa
 - Sekswal na pang-aatake
 - Pakikipagtalik sa malapit na kamag-anak (incest)
 - Pisikal na pang-aatake
 - Pang-aabuso ng bata
 - Kapag pinag-iisipan mong saktan ang iyong sarili o iba
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot ng HIV/AIDS



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

- Pag-iwas, pagsusuri at paggamot ng mga impeksiyon na naihahawa sa pakikipagtalik
- Mga serbisyo sa paggamot ng sakit dahil sa pag-abuso ng droga o alak
 - Para sa higit pang impormasyon tingnan ang “Mga serbisyo sa paggamot ng sakit dahil sa pag-abuso ng droga o alak” sa handbook na ito.

Para sa pagsusuri ng pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa pagpigil sa pagbubuntis, o mga serbisyo para sa mga impeksiyon na naihahawa sa pakikipagtalik, ang doktor o klinika ay hindi kailangang kabilang sa network ng Aetna Better Health of California. Maaari kang pumili ng kahit sinong provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanila para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Para sa mga serbisyo na pinahihintulutan ng menor de edad na hindi mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad, maaari kang magpatingin sa tagapagbigay ng serbisyo na nasa network kahit walang referral at walang paunang pag-apruba. Hindi ka kailangan i-refer ng iyong PCP at hindi mo kailangang kumuha ng paunang pag-apruba mula sa Aetna Better Health of California upang makakuha ng mga serbisyo na pinahihintulutan ng menor de edad na sakop sa ilalim ng Handbook ng Miyembro na ito.

Ang mga serbisyo na pinahihintulutan ng menor de edad na mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad ay hindi sakop sa ilalim ng Handbook ng Miyembro na ito. Ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad ay sakop ng plano sa kalusugan ng isip ng county para sa county kung saan ka nakatira.

Maaaring makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Linya para sa Nurse 1-855-772-9076, opsyon 5.

Hindi magpapadala ang Aetna Better Health of California ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga sensitibong serbisyo sa mga magulang o tagapag-alaga. Mangyaring tingnan ang “Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy” na seksyon para sa impormasyon tungkol sa kung paano hihiling ng mga kumpidensyal na pakikipag-ugnayan na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga para sa nasa hustong gulang

Bilang isang nasa hustong gulang (18 taong gulang at pataas), maaaring ayaw mong magpatingin sa iyong PCP para sa ilang sensitibo o pribadong pangangalaga. Kung gayon, maaari kang pumili ng kahit sinong doktor o anumang klinika para sa ganitong mga uri ng pangangalaga:

- Pagpapalano ng pamilya at pagpigil sa pagbubuntis (kasama ang sterilization para sa mga nasa hustong gulang na 21 at mas matanda)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa pagbubuntis
- Pag-iwas at pagsusuri ng HIV/ADIS
- Pag-iwas, pagsusuri at paggamot ng mga impeksiyon na naihahawa sa pakikipagtalik
- Pangangalaga para sa sekswal na pang-aatake
- Mga serbisyo ng aborsyon para sa outpatient

Ang doktor o klinikal ay hindi kailangang kabilang sa network ng Aetna Better Health of California. Maaari kang pumili ng kahit sinong tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal at magpatingin sa kanila kahit walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito. Maaaring hindi masakop ang mga serbisyo mula sa provider na wala sa network na walang kaugnayan sa sensitibong pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga serbisyong ito, o para sa tulong para makapunta sa mga serbisyong ito (kasama ang transportasyon), maaari kang tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Maaari ka ring tumawag sa 24/7 na Linya para sa Nurse sa 1-855-772-9076, opsyon 5.

Hindi magpapadala ang Aetna Better Health of California ng impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga sensitibong serbisyo sa ibang mga miyembro ng sambayanan. Mangyaring tingnan ang “Abiso ng Mga Kasanayan sa Privacy” na seksyon para sa impormasyon tungkol sa kung paano hihiling ng mga kumpidensyal na pakikipag-ugnayan na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo.

Moral na pagtutol

Ang ilang tagapagbigay ng serbisyo ay may moral na pagtutol sa ilang sakop na serbisyo. Ibig sabihin nito maaaring may karapatan silang **hindi** magbigay ng ilang sakop na serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon sa mga serbisyo sa moral na dahilan. Kung ang iyong tagapagbigay ng serbisyo ay may moral na pagtutol, maaari siyang makatulong sa iyo na maghanap ng ibang tagapagbigay ng serbisyo para sa mga serbisyong kailangan. Maaari ring makipagtulungan sa iyo ang Aetna Better Health of California upang maghanap ng tagapagbigay ng serbisyo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Ang ilang ospital at iba pang tagapagbigay ng serbisyo ay hindi nagbibigay ng isa o mahigit pa sa mga sumusunod na serbisyo na maaaring sakop ng kontrata ng iyong plano at na maaaring kailanganin mo o ng iyong kapamilya:

- Pagpaplano ng pamilya;
- Mga serbisyo sa pagpigil sa pagbubuntis, kabilang ang emergency na pagpigil sa pagbubuntis;
- Sterilization, kabilang ang tubal ligation sa oras ng labor at panganganak;
- Mga paggamot sa pagkabaog;
- Aborsyon.

Dapat kang kumuha ng mas maraming impormasyon bago ka magpatala. Tawagan ang iyong inaasahang doktor, medikal na grupo, independent practice association, o klinika, o tumawag sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 (TTY 711) upang matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo.

Makukuha ang mga serbisyonang ito at dapat tiyakin ng Aetna Better Health of California na makakapagpatingin ka o ang iyong kapamilya sa isang tagapagbigay ng serbisyo o na ma-a-admit ka sa isang ospital na gagawa ng mga sakop na serbisyo. Tumawag sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 (TTY 711) kung mayroon kang mga tanong o kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng tagapagbigay ng serbisyo.

Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa emergency o nakamamatay na kondisyon. Ito ay para sa mga serbisyo na kailangan upang maiwasan ang malubhang pinsala sa iyong kalusugan mula sa biglaang sakit, pinsala o komplikasyon ng isang kondisyon na mayroon ka na. Karamihan sa mga appointment para sa agarang pangangalaga ay hindi kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at makakakuha nito sa loob ng 48 oras mula sa iyong paghiling ng appointment. Kung kailangan ng paunang pag-apruba ng mga serbisyo sa agarang pangangalaga na kailangan mo, bibigyan ka ng appointment sa loob ng 96 na oras mula sa iyong paghiling.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Para sa agarang pangangalaga, tumawag sa iyong PCP. Kung mo makokontak ang iyong PCP, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY). O maaari kang tumawag sa 1-855-772-9076, para malaman ang antas ng pangangalaga na pinakamabuti para sa iyo.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga na wala sa lugar, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad para sa agarang pangangalaga.

Ang mga pangangailangan ng agarang pangangalaga ay maaaring:

- Sipon
- Sakit ng lalamunan
- Lagnat
- Pananakit ng tainga
- Na-sprain na kalamnan
- Mga serbisyo sa pagbubuntis

Dapat kang kumuha ng mga serbisyo sa agarang pangangalaga mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na nasa network kapag ikaw ay nasa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa agarang pangangalaga mula sa mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network na nasa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California. Kung ikaw ay nasa labas ng pinaglilingkurang lugar ng Aetna Better Health of California, ngunit nasa loob ng Estados Unidos, hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba upang makakuha ng agarang pangangalaga. Pumunta sa pinakamalapit na urgent care facility. Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung magbibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos at kailangan ng agarang pangangalaga, hindi sasakupin ang pangangalaga sa iyo.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga para sa kalusugan ng isip, tumawag sa plano sa kalusugan ng isip ng iyong county o sa Member Services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Maaari mong tawagan ang plano sa kalusugan ng isip ng iyong county o ang Organisasyon para sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Aetna Better Health of California anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Upang mahanap ang walang bayad na mga numero ng telepono ng lahat ng county online, bisitahin ang <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPCContactList.aspx>.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Maaari kang bigyan ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa agarang pangangalaga bilang bahagi ng iyong pagpunta para sa agarang pangangalaga. Kung makakakuha ka ng mga gamot bilang bahagi ng iyong pagpunta, sasakupin ng Aetna Better Health of California ang mga gamot bilang bahagi ng iyong sakop na agarang pangangalaga. Kung bibigyan ka ng reseta ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa agarang pangangalaga upang dalhin sa parmasya, sasakupin ng programang Medi-Cal Rx ang mga gamot. Para malaman pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, pumunta sa pamagat na “Mga inireresetang gamot na sakop ng Medi-Cal Rx” sa seksyon na “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4.

Pang-emergency na pangangalaga

Para sa pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER). Para sa pang-emergency na pangangalaga, hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Aetna Better Health of California.

Sa loob ng Estados Unidos, kabilang ang anumang Teritoryo ng Estados Unidos, mayroon kang karapatang gumamit ng kahit anong ospital o ibang setting para sa pang-emergency na pangangalaga.

Sa labas ng Estados Unidos, sinasakop lang ang mga pang-emergency na serbisyo na nangangailangan ng pagkakaospital sa Canada at Mexico. Hindi sinasakop ang pangangalaga na pang-emergency at ibang pangangalaga sa ibang bansa.

Ang pang-emergency na pangangalaga ay para sa mga pang-emergency na medikal na kondisyon. Ang pangangalagang ito ay para sa isang sakit o pinsala na inaasahan ng isang matalino (makatwiran) at karaniwang tao (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at medisina na kung hindi ka kaagad makakakuha ng pangangalaga ay ilalagay sa malubhang panganib ang iyong kalusugan (o ang kalusugan ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol), o malalagay sa seryosong panganib ang mga paggana ng iyong katawan, organo o bahagi ng katawan. Maaaring kasama sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Active labor
- Nabaling buto
- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Nahihirapang huminga
- Malubhang sunog sa katawan
- Labis na dosis ng gamot
- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Mga emergency na kondisyon sa isip, tulad ng matinding depression o mga pag-iisip na magpakamatay (maaaring masakop ng mga plano ng county para sa kalusugan ng isip)

Huwag pumunta sa ER para sa karaniwang pangangalaga o pangangalaga na hindi kaagad kailangan. Dapat kang makakuha ng karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP, na higit na nakakakilala sa iyo. Kung hindi ka nakakatiyak na isang emergency ang iyong medikal na kondisyon, tumawag sa iyong PCP. Maaari mo ring tawagan ang 24/7 na linya para sa nurse/mga serbisyo ng triage sa 1-855-772-9076.

Kung kailangan mo ng pangangalaga na pang-emergency na malayo sa bahay, pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER), kahit na wala ito sa network ng Aetna Better Health of California. Kung pupunta ka sa isang ER, hilingin sa kanila na tumawag sa Aetna Better Health of California. Ikaw o ang ospital kung saan ka na-admit ay dapat tumawag sa Aetna Better Health of California sa loob ng 24 na oras pagkatapos mong makatanggap ng pang-emergency na pangangalaga. Kung nagbibiyaha ka sa labas ng U.S., maliban sa Canada o Mexico at kailangan ng pangangalaga na pang-emergency, **hindi** sasakupin ng Aetna Better Health of California ang pangangalaga sa iyo.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**. Hindi mo kailangang tanungin muna ang iyong PCP o ang Aetna Better Health of California bago ka pumunta sa ER.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa isang ospital na wala sa network pagkatapos ng iyong emergency, (pangangalaga pagkatapos maging stable ang kondisyon), tatawagan ng ospital ang Aetna Better Health of California.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Tandaan: Huwag tumawag sa **911** maliban kung ito ay isang emergency. Kumuha ng pang-emergency na pangangalaga para lang sa isang emergency, hindi para sa karaniwang pangangalaga o hindi malubhang sakit tulad ng sipon o masakit na lalamunan. Kung ito ay isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Ang Linya para sa Payo ng Nars ng Aetna Better Health of California ay nagbibigay sa iyo ng libheng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon. Tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Linya para sa payo ng nars

Ang Linya para sa Payo ng Nars ng AAetna Better Health of California ay nagbibigay sa iyo ng libheng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon. Tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711) para:

- Makipag-usap sa isang nurse na makakasagot ng mga medikal na tanong, makakapagbigay ng payo sa pangangalaga at matutulungan kang magpasya kung dapat kang pumunta kaagad sa isang tagapagbigay ng serbisyo
- Makakuha ng tulong sa mga medikal na kondisyon tulad ng diyabetis o hika, kasama ang payo sa kung anong uri ng tagapagbigay ng serbisyo ang maaaring nararapat para sa iyong kondisyon

Hindi makakatulong ang linya para sa payo ng nars sa mga appointment sa klinika o mga refill ng gamot. Tumawag sa opisina ng iyong tagapagbigay ng serbisyo kung kailangan mo ng tulong sa mga ito.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga paunang direktiba

Ang isang paunang direktibang pangkalusugan ay isang legal na form. Maaari mong ilista sa form ang pangangalagang pangkalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka makapagsalita o makagawa ng mga desisyon sa kalaunan. Maaari mong ilista kung anong pangangalaga ang **hindi** mo gusto. Maaari mong pangalanan ang isang tao, tulad ng asawa, upang gumawa ng mga desisyon para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo kaya.

Maaari kang makakuha ng form para sa paunang direktiba sa mga parmasya, ospital, opisina ng abugado at mga opisina ng doktor. Maaaring kailangan mong magbayad para sa form. Makakahanap at makakapag-download ka rin ng libreng form online. Maaari mong hilingin sa iyong pamilya, PCP o isang tao na pinagkakatiwalaan mo na tulungan kang punan ang form.

May karapatan kang ipalagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na talaan. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas ng paunang direktiba. Sasabihin sa iyo ng Aetna Better Health of California ang tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw pagkatapos ng pagbabago.

Maaari mong tawagan ang Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 para sa higit pang impormasyon.

Donasyon ng organ at tisyu

Makakatulong kang makasagip ng mga buhay sa pagiging donor ng organ o tissue. Kung ikaw ay nasa pagitan ng 15 at 18 taong gulang, maaari kang maging isang donor na may nakasulat na pahintulot ng iyong magulang o tagapag-alaga. Maaari kang magbago ng isip tungkol sa pagiging isang donor ng organ sa anumang oras. Kung nais mong malaman ang mas marami pa tungkol sa donasyon ng organ o tisyu, makipag-usap sa iyong PCP. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos sa www.organdonor.gov.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

4. Mga benepisyo at mga serbisyo

Ano ang sinasakop ng iyong plan sa kalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang iyong mga sakop na serbisyo bilang miyembro ng Aetna Better Health of California. Libre ang iyong mga sakop na serbisyo basta't medikal na kinakailangan ang mga ito at ibinibigay ng tagapagbigay ng serbisyo na nasa network. Kailangan mong humingi sa amin ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung wala sa network ang pangangalaga maliban sa mga partikular na sensitibong serbisyo at pang-emergency na pangangalaga. Maaaring sakupin ng iyong planong pangkalusugan ang mga serbisyo para sa medikal na kinakailangan mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network. Pero kailangan mong humingi ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa Aetna Better Health of California para rito. Ang mga serbisyo na medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan kang magkasakit o mapinsala nang malubha, o bawasan ang matinding pananakit mula sa nasuring sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga Miyembrong wala pa sa edad na 21, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para maayos o tulungang mapagaan ang pisikal o pangkaisipang sakit o kondisyon. Para sa higit pang detalye sa iyong mga sakop na serbisyo, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Ang mga miyembrong wala pa sa edad na 21 ay nakakakuha ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Basahin ang Kabanata 5: Pangangalaga sa bata at kabataan para sa higit pang impormasyon.

Ang ilan sa mga pangunahing benepisyo sa kalusugan na ibinibigay ng Aetna Better Health of California ay nakalista sa ibaba. Ang mga benepisyong may star (*) ay maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Acupuncture*
- Mga pansamantalang (panandaliang paggamot) therapy at serbisyo sa kalusugan sa tahanan
- Mga pagbabakuna sa nasa hustong gulang (mga bakuna)
- Pagsusuri at mga iniksyon para sa alerhiya
- Mga serbisyo ng ambulansiya para sa emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist
- Pag-iwas sa hika
- Audiology*
- Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali*
- Biomarker testing
- Rehabilitasyon ng puso
- Mga serbisyo para sa pangangalaga ng gulugod (chiropractic)*
- Chemotherapy at Radiation therapy
- Mga pag-assess ng kalusugan kaugnay sa pag-iisip
- Mga serbisyo ng manggagawa sa kalusugan sa komunidad
- Mga serbisyo sa ngipin - limitado (ginagawa ng medikal na propesyonal/PCP sa isang medikal na opisina)
- Mga serbisyo para sa dialysis/hemodialysis
- Mga serbisyo ng doula
- Matibay na kagamitang medikal (DME)*
- Mga serbisyo para sa pangangalaga sa ina at sanggol (dyadic)
- Mga pagpunta sa emergency room
- Nutrisyon na idinadaan sa bibig (enteral) at sa ibang bahagi ng katawan (parenteral)*
- Mga pagbisita sa opisina para sa pagpapalano ng pamilya at pagpapayo (maaari kang pumunta sa isang provider na hindi kalahok)
- Therapy sa pamilya
- Mga serbisyo at device para mapanatili o maibalik ang paggana ng katawan*
- Mga hearing aid
- Pangangalaga ng kalusugan sa tahanan*
- Pangangalaga sa hospice*
- Pangangalagang medikal at pag-oopera para sa inpatient*
- Laboratoryo at radiology*
- Mga pangmatagalang therapy at serbisyo sa kalusugan sa tahanan*
- Pangangalaga sa nagsilang na ina at bagong silang na sanggol
- Malaking organ transplant*
- Occupational therapy*
- Mga orthotic/artipisyal na bahagi ng katawan*
- Ostomy at mga supply para sa pag-ihi
- Mga serbisyo ng ospital para sa outpatient
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient
- Outpatient na pag-oopera*
- Pangangalaga para mapaginhawa ang sakit*
- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga serbisyo sa mga bata
- Physical therapy*



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Mga serbisyo sa pangangalaga at paggamot ng paa*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing
- Mga serbisyo at device para sa rehabilitasyon*
- Mga serbisyo ng skilled nursing
- Mga pagpapatingin sa espesyalista
- Speech therapy*
- Mga serbisyo sa pag-ooopera
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng mga kababaihan

Ang mga depinisyon at paglalarawan ng mga sakop na serbisyo ay makikita sa Kabanata 8, “Mahahalagang numero at salita na dapat malaman.”



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Ang mga serbisyo na medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, maiwasan kang magkasakit o mapinsala nang malubha, o bawasan ang matinding pananakit mula sa na-diagnose na sakit, karamdaman o pinsala.

Kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga serbisyong kinakailangan para sa paglaki at pag-develop na naaangkop sa edad o para makuha, mapanatili o mabawi ang kakayahang muling gumana.

Para sa mga Miyembrong wala pa sa edad na 21 taon, medikal na kinakailangan ang isang serbisyo kung kinakailangan ito upang maitama o pabutihin ang mga depekto at mga sakit o kondisyong pisikal o sa isip sa ilalim ng pederal na benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose at Paggamot (EPSDT). Kasama rito ang pangangalaga na kinakailangan upang maayos o tulungang mapaginhawa ang sakit o kondisyon sa katawan o isip o panatilihing hindi lubha ang kondisyon ng miyembro.

Hindi kasama sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang:

- Mga paggamot na hindi nasubukan o sinusubukan pa lang
- Mga serbisyo o item na hindi karaniwang tinatanggap bilang mabisa
- Mga serbisyong wala sa karaniwang haba ng paggamot o mga serbisyong walang mga klinikal na alituntunin
- Mga serbisyo para sa kaginhawaan ng tagapag-alaga o tagapagbigay ng serbisyo

Makikipagtulungan ang Aetna Better Health of California sa iba pang mga programa upang matiyak na natatanggap mo ang lahat ng serbisyo na medikal na kinakailangan, kahit na ang mga serbisyong iyon ay sakop ng ibang programa at hindi ng Aetna Better Health of California.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Kasama sa mga serbisyo na medikal na kinakailangan ang mga sakop na serbisyo na makatwiran at kinakailangan para:

- Maprotektahan ang buhay;
- Maiwasan ang malubhang sakit o pagkabalda;
- Paginhawain ang matinding pananakit;
- Makamit ang paglaki at pag-develop na naaangkop sa edad; at
- Matamo, mapanatili at mabawi ang kakayahang gumana.

Para sa mga Miyembrong wala pa sa edad na 21 taong gulang, kasama sa mga serbisyo na medikal na kinakailangan ang lahat ng sakop na serbisyo, na tinukoy sa itaas at anumang iba pang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, mga serbisyo sa pagsusuri, paggamot at iba pang hakbang upang maitama o pabutihin ang mga depekto at mga sakit at kondisyong pisikal o sa isip, gaya ng inaatas ng pederal na benepisyo ng Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose at Paggamot (EPSDT).

Nagbibigay ang EPSDT ng malawak na hanay ng mga serbisyo para sa pag-iwas, pag-diagnose at paggamot para sa mga sanggol, anak ng mababa ang kita at nasa hustong gulang na wala pa sa edad na 21. Mas matibay ang benepisyo ng EPSDT kaysa sa benepisyo para sa mga nasa hustong gulang at dinisenyo ito upang matiyak na makatanggap ang mga bata ng maagang pagtukoy sa sakit at pangangalaga, para maagang maiwasan o ma-diagnose at magamot ang mga problema sa kalusugan hangga't maaari. Ang layunin ng EPSDT ay upang matiyak na nakukuha ng bawat bata ang pangangalagang pangkalusugan kapag kailangan nila ito – ang nararapat na pangangalaga sa tamang bata sa tamang panahon sa tamang setting.

Makikipagtulungan ang Aetna Better Health of California sa iba pang mga programa upang matiyak na natatanggap mo ang lahat ng serbisyo na medikal na kinakailangan, kahit na ang mga serbisyong iyon ay sakop ng ibang programa at hindi ng Aetna Better Health of California.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga benepisyo sa Medi-Cal na sakop ng Aetna Better Health of California

Mga serbisyo para sa outpatient (para sa mga nakakalakad)

Mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang

Maaari kang makakuha ng mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang (mga bakuna) mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo na nasa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga bakunang iyon na inirerekomenda ng Komite sa Pagpapayo sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna (ACIP) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC), kasama ang mga bakuna na kailangan mo kapag nagbibiyaha ka.

Makakakuha ka rin ng ilang serbisyo ng pagbabakuna (mga bakuna) para sa nasa hustong gulang sa isang parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para malaman pa ang tungkol sa programang Medi-Cal Rx, basahin ang Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal na seksyon sa kabanatang ito.

Pangangalaga para sa alerhiya

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang pagsusuri at paggamot ng alerhiya, kasama ang pagbawas sa pagiging sensitibo sa alerhiya, hypo-sensitization o immunotherapy.

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo para sa anesthesia na medikal na kinakailangan kapag kumuha ka ng pangangalaga para sa outpatient. Maaaring kasama rito ang anesthesia para sa mga procedure sa ngipin kapag ibinigay ng anesthesiologist, na maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo para sa pangangalaga ng gulugod (chiropractic)

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng chiropractic, limitado sa paggamot ng galugod sa pamamagitan ng manu-manong manipulasyon. Ang mga serbisyo ng chiropractic ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan na may kasamang mga serbisyo ng acupuncture, audiology, occupational therapy at speech therapy (walang limitasyon sa mga batang wala pa sa edad na 21). Maaaring paunang aprubahan ng Aetna Better Health of California ang iba pang mga serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

Ang mga sumusunod na miyembro ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng chiropractic:

- Mga batang wala pang edad na 21
- Mga buntis hanggang sa katupsan ng buwan na kasama ang 60 araw kasunod ng pagtatapos ng pagbubuntis
- Mga residente na nasa skilled nursing facility, intermediate care facility, o subacute care facility;
- Lahat ng miyembro kapag ang mga serbisyo ay ibinibigay sa mga pang-outpatient na departamento ng ospital, mga klinika na para sa outpatient, mga FQHC o mga RHC na nasa network ng Aetna Better Health of California. Hindi lahat ng FQHC, RHC o mga ospital ng county ay nagbibigay ng mga serbisyo ng chiropractic para sa outpatient.

Mga pag-assess ng kalusugan kaugnay sa pag-iisip

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang taunang maikling pag-assess ng kalusugan kaugnay sa pag-iisip para sa mga miyembro na 65 taong gulang o mas matanda at hindi kwalipikado para sa katulad na pag-assess bilang bahagi ng taunang pagpapatigin ng walang sakit sa ilalim ng Programa ng Medicare. Sinusuri ng pag-assess ng kalusugan kaugnay sa pag-iisip ang mga palatandaan ng sakit na Alzheimer's o dementia.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo ng manggagawa sa kalusugan sa komunidad

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng manggagawa sa kalusugan sa komunidad (CHW) para sa mga indibiduwal kapag inirerekomenda ng doktor o ibang lisensyadong practitioner upang maiwasan ang sakit, kapansanan, at iba pang kondisyon sa kalusugan o ang paglala nito; pahabain ang buhay; at isulong ang kalusugan at husay ng katawan at isip. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang:

- Edukasyon at pagsasanay sa kalusugan, kasama ang pagkontrol at pag-iwas sa mga sakit na hindi gumagalint o nakakahawa; mga kondisyon sa kalusugan ng pag-uugali, sa pabubuntis at ng bibig; at pag-iwas sa pinsala
- Pagpapabuti sa kalusugan at pagtuturo, kasama ang pagtatakda ng layunin at paggawa ng mga plano ng aksyon upang matugunan ang pag-iwas at pamamahala sa sakit

Mga serbisyo ng dialysis at hemodialysis

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga paggamot sa pamamagitan ng dialysis. Sinasakop din ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng hemodialysis (pangmatagalang dialysis) kung magsusumite ng kahilingan ang iyong doktor at aaprubahan ito ng Aetna Better Health of California.

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang:

- Kagamitan, mga supply at mga feature na para maging kumportable, maginhawa, o sa luho
- Mga item na hindi pangmedikal, tulad ng mga generator o mga accessory upang gawing portable ang dialysis equipment sa bahay

Mga serbisyo ng doula

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng doula upang isama ang personal na suporta sa mga buntis na indibiduwal at pamilya sa buong pagbubuntis, labor, at pagkatapos manganak.

Mga serbisyo para sa pangangalaga sa ina at sanggol (dyadic)

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo sa pangangalaga sa ina at sanggol para sa mga miyembro at kanilang mga tagapag-alaga na medikal na kinakailangan.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Therapy sa Pamilya

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang therapy sa pamilya kapag medikal na kinakailangan at binubuo ng hindi bababa sa dalawang miyembro ng pamilya.

Kasam sa therapy sa pamilya ang ngunit hindi limitado sa:

- Psychotherapy ng bata at magulang (edad 0 hanggang 5)
- Interactive na therapy ng magulang at anak (edad 2 hanggang 12)
- Therapy sa pag-unawa at pag-uugali para sa mag-asawa (mga nasa hustong gulang)

Pag-oopera na para sa outpatient

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga procedure ng pag-oopera para sa outpatient. Ang mga kinakailangan para sa mga layunin ng pag-diagnose, mga procedure na itinuturing na opsyonal, at ang tinukoy na mga pangmedikal o pang-ngipin na procedure para sa outpatient ay dapat mayroong paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyo ng doktor

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo sa pangangalaga at paggamot ng paa

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo sa pangangalaga at paggamot ng paa bilang medikal na kinakailangan para sa pag-diagnose at medikal, pag-oopera, mekanikal, minamanipula at de-kuryenteng paggamot ng paa ng tao. Kasama rito ang bukong-bukong at mga litid na ipinapasok sa paa at ang paggamot ng mga kalamnan at litid ng binti na kumokontrol sa mga paggana ng paa nang hindi inooperahan.

Mga paggamot na therapy

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang iba't ibang therapy na paggamot, kasama ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Pangangalaga sa nagsilang na ina at bagong silang na sanggol

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyong ito para sa pangangalaga sa pagbubuntis ng ina at sa bagong silang na sanggol:

- Edukasyon at mga tulong para sa pagpapasuso
- Pangangalaga sa panganganak at pagkatapos manganak
- Mga breast pump at supply
- Pangangalaga bago manganak
- Mga serbisyo ng paanakan
- Sertipikadong Nurse Midwife (CNM)
- Lisensyadong Midwife (LM)
- Pag-diagnose ng mga henetikong sakit ng sanggol at pagpapayo
- Mga serbisyo para sa pangangalaga ng bagong silang

Mga serbisyo ng telehealth

Ang telehealth ay isang paraan para makakuha ng mga serbisyo nang hindi kinakailangang nasa parehong aktwal na lokasyon ng iyong tagapagbigay ng serbisyo. Ang telehealth ay maaaring kabilangan ng pagkakaroon ng live na pakikipag-usap sa iyong tagapagbigay ng serbisyo. O ang telehealth ay maaaring kabilangan ng pagbabahagi ng impormasyon sa iyong tagapagbigay ng serbisyo nang walang live na pakikipag-usap. Maaari kang tumanggap ng maraming serbisyo sa telehealth. Gayunpaman, maaaring hindi available ang telehealth para sa lahat ng sakop na serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong tagapagbigay ng serbisyo upang malaman kung aling mga uri ng mga serbisyo ang maaaring available sa telehealth. Mahalagang pareho kayo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo na sumang-ayon na naaangkop sa iyo ang paggamit ng telehealth para sa partikular na serbisyo. May karapatan ka para sa mga serbisyo sa personal at hindi kinakailangang gumamit ng telehealth kahit na sumasang-ayon ang iyong tagapagbigay ng serbisyo na naaangkop ito para sa iyo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo para sa kalusugan ng isip

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang isang miyembro para sa inisyal na pagsusuri ng kalusugan ng isip nang hindi kinakailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kang makakuha ng pag-assess ng kalusugan ng isip anumang oras mula sa lisensyadong tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip sa network ng Aetna Better Health of California kahit walang referral.

Maaaring gumawa ang iyong PCP o tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip ng isang referral para sa karagdagang screening ng kalusugan ng isip sa isang espesyalista na nasa network ng Aetna Better Health of California upang malaman ang antas ng iyong kapansanan. Kung matukoy ng mga resulta ng screening ng kalusugan ng iyong isip na ikaw ay nasa hindi malubha o katamtamang pagkabalisa o may kahinaan sa paggana ng isip, emosyon, o pag-uugali, maaaring magbigay ang Aetna Better Health of California ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa iyo. Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip tulad ng:

- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip ng indibiduwal o grupo (psychotherapy)
- Pagsusuri ng isip kapag klinikal na sinabi na dapat suriin ang isang kondisyon ng kalusugan ng isip
- Pagbuo ng mga kakayahan ng isip upang mapahusay ang atensyon, memorya at paglutas ng problema
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa therapy sa pamamagitan ng gamot
- Laboratoryo para sa outpatient, mga gamot na hindi pa sakop sa ilalim ng Listahan ng Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx (<https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>), mga supply at mga suplemento
- Pangkaisipang pagkonsulta
- Therapy sa Pamilya

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng Aetna Better Health of California, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Kung hindi ka magagamot ng iyong PCP o tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip na available sa network ng Aetna Better Health of California at nang nasa loob ng mga oras na nakalista sa itaas sa “Napapanahong access sa pangangalaga” na seksyon, sasakupin ng Aetna Better Health of California at tutulungan kang makakuha ng mga serbisyo na wala sa network.

Kung matutukoy ng mga resulta ng iyong pagsusuri ng kalusugan ng isip na maaaring mayroon kang mas mataas na antas ng kahinaan at pangangailangan ng mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad (specialty mental health services, SMHS), ire-refer ka ng iyong PCP o ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa plano ng county para sa kalusugan ng isip upang makatanggap ng pag-assess at tulongang iugnay ka sa susunod na hakbang sa proseso.

Para malaman pa, basahin ang “Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa pahina 74 sa ilalim ng, “Mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad.”

Mga serbisyong pang-emergency

Mga serbisyo para sa inpatient at outpatient na kailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang lahat ng serbisyo na kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency na mangyayari sa Estados Unidos (kasama ang mga teritoryo tulad ng Puerto Rico, U.S. Virgin Islands, atbp.). Sinasakop din ng Aetna Better Health of California ang pang-emergency na pangangalaga na nangangailangan ng pagkakaospital sa Canada o Mexico. Ang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyon na may matinding pananakit o malubhang pinsala. Masyadong malubha ang kondisyon, na kung hindi kaagad makakakuha ng agarang medikal na atensyon ay inaasahan ng isang karaniwang marunong na tao na ito ay magreresulta sa:

- Malubhang banta sa iyong kalusugan; **o**
- Malubhang pinsala sa mga paggana ng katawan; **o**
- Malubhang hindi paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan; **o**
- Sa kaso ng isang buntis na tao na nakakaranas ng active labor, ibig sabihin labor sa panahon kung kailan mangyayari ang alinman sa mga sumusunod:
 - Walang sapat na panahon para ligtas kang mailipat sa iba pang ospital bago manganak.
 - Maaaring maging mapanganib ang paglipat sa kalusugan o kaligtasan mo o ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Kung bibigyan kang emergency room ng ospital ng hanggang 72 oras na supply ng inireresetang gamot para sa outpatient bilang bahagi ng iyong paggamot, sasakupin ang inireresetang gamot bilang bahagi ng iyong mga sakop na Pang-emergency na Serbisyo. Kung bibigyan ka ng emergency room ng isang ospital ng reseta na kailangan mong dalhin sa isang parmasya para sa outpatient para mapunan ng gamot, Medi-Cal Rx ang magbabayad para sa reseta na iyon.

Kung bibigyan ka ng pharmacist sa isang parmasya na para sa outpatient ng pang-emergency na supply ng isang gamot, babayaran ng Medi-Cal Rx ang pang-emergency na supply na iyon at hindi ng Aetna Better Health of California. Patawagin mo ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 kung kailangan nila ng tulong sa pagbibigay sa iyo ng pang-emergency na supply ng gamot.

Mga pang-emergency na serbisyo ng transportasyon

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng ambulansya upang tulungan kang makapunta sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga emergency na sitwasyon. Nangangahulugan ito na dapat ay sapat na malubha ang iyong kondisyon na ang iba pang mga paraan ng pagpunta sa isang lugar ng pangangalaga ay maaaring makasama sa iyong kalusugan o buhay. Walang serbisyonng sinasakop sa labas ng U.S., maliban para sa mga serbisyonng pang-emergency na mangangailangan kang maospital sa Canada o Mexico. Kung makatanggap ka ng mga pang-emergency na serbisyo ng ambulansya sa Canada at Mexico at hindi ka maospital sa panahon ng pangangalaga na iyon, hindi sasakupin ng Aetna Better Health of California ang iyong mga serbisyo ng ambulansiya.

Pangangalaga ng hospice at para mapaginhawa ang sakit

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang pangangalaga ng hospice at pangangalaga para mapaginhawa ang sakit para sa mga bata at nasa hustong gulang, na tumutulong na mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan at ispirituwal na mga kawalan ng ginhawa. Ang mga nasa hustong gulang na nasa edad na 21 taong gulang at pataas ay maaaring hindi sabay na makatanggap ng parehong mga serbisyo ng pangangalaga ng hospice at pagpapaginhawa ng sakit.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Pangangalaga ng hospice

Ang pangangalaga ng hospice ay isang benepisyo na naglilingkod sa mga miyembrong may sakit na nagtatanging ng buhay. Ang pangangalaga ng hospice ay kinakailangang magkaroon ang miyembro ng inaasahang tagal na mabuhay na 6 na buwan o mas mababa. Ang isang intervention ay pangunahing nakatuon sa pamamahala ng pananakit at sintomas sa halip na sa paglunas upang mapahaba ang buhay.

Kasama sa pangangalaga ng hospice ang:

- Mga serbisyo ng nurse
- Mga serbisyo para sa pisikal, occupational o pagsasalita
- Mga pangmedikal na serbisyong panlipunan
- Mga serbisyo ng home health aide at tagapamahala sa bahay
- Mga medikal na supply at kagamitan
- Ilang gamot at biyolohikal na serbisyo (ang ilan ay maaaring makuha sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo ng pagpapayo
- Tuloy-tuloy na mga serbisyo ng nurse sa 24 na oras na basehan sa mga panahon ng krisis at kung kinakailangan upang mapanatili sa bahay ang miyembrong may tanging na ang buhay
- Inpatient na respite na pangangalaga para sa hanggang limang sunod-sunod na araw sa isang pagkakataon sa isang ospital, skilled nursing facility o hospice facility
- Panandaliang pangangalaga para sa inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, skilled nursing facility o pasilidad ng hospice

Pangangalaga para mapaginhawa ang sakit

Ang pangangalagang pagpapaginhawa ay pangangalaga na nakatuon sa pasyente at pamilya na pinagaganda ang kalidad ng buhay sa pamamagitan ng paghahanda sa dapat asahan, pag-iwas at paggamot ng paghihirap. Ang pangangalagang pagpapaginhawa ay hindi kinakailangang inaasahang mabuhay ang miyembro ng anim na buwan o mas mababa. Maaaring ibigay ang pangangalaga para mapaginhawa ang sakit kasabay ng pangangalaga para sa paglunas.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Kasama sa pangangalaga para mapaginhawa ang sakit ang:

- Maagang pagpapalano ng pangangalaga
- Pagsusuri ng pangangalaga para mapaginhawa ang sakit at pagkonsulta
- Plano ng pangangalaga kasama ang lahat ng awtorisadong pangangalaga para mapaginhawa at mapagaling ang sakit
- Plano ng pangangalaga, kasama ang ngunit hindi limitado sa:
 - Doktor ng medisina o osteopathy
 - Assistant ng doktor
 - Rehistradong nurse
 - Lisensyadong bokasyonal na nurse o nurse practitioner
 - Social worker
 - Chaplain
- Pangangasiwa ng pangangalaga
- Pamamahala ng pananakit at sintomas
- Kalusugan ng isip at pangmedikal na serbisyong panlipunan

Ang mga nasa hustong gulang na nasa edad na 21 taong gulang at pataas ay hindi maaaring sabay na makatanggap pareho ng pangangalaga para mapaginhawa ang sakit at pangangalaga ng hospice. Kung nakatanggap ka ng pangangalaga para mapaginhawa ang sakit at natutugunan mo ang pagiging karapat-dapat para sa pangangalaga ng hospice, maaari mong hilinging lumipat sa pangangalaga ng hospice anumang oras.

Pagkakaospital

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng anesthesiologist na medikal na kinakailangan sa panahon ng mga sakop na pamamalagi sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang tagapagbigay ng serbisyo na dalubhasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal o pang-ngipin na mga procedure.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo ng ospital para sa inpatient

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang pangangalaga ng ospital para sa inpatient na medikal na kinakailangan kapag ikaw ay na-admit sa ospital.

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (rWGS) ay sakop na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi_Cal na isang taong gulang o mas bata at nakakakuha ng mga serbisyo ng ospital para sa inpatient sa isang intensive care unit. Kasama rito ang indibiduwal na sequencing, trio na sequencing para sa magulang o mga magulang at kanilang sanggol, at ultra-rapid na sequencing. Ang rWGS ay bagong paraan para ma-diagnose ang mga kondisyon nang nasa oras upang maapektuhan ang pangangalaga sa ICU ng mga bata na isang taong gulang o mas bata. Kung kwalipikado ang iyong anak para sa California Children's Services (CCS), maaaring sakupin ng CCS ang pamamalagi sa ospital at ang rWGS.

Mga serbisyo sa pag-oopera

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga pag-oopera na medikal na kinakailangan at ginagawa sa isang ospital.

Ang Programa ng Pinalawig na Pangangalaga Pagkatapos Manganak

Ang Programa ng Pinalawig na Pangangalaga Pagkatapos Manganak ay nagbibigay ng pinalawig na coverage para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa panahon ng pagbubuntis at pagkatapos magbuntis.

Pinalalawig ng Programa ng Pinalawig na Pangangalaga Pagkatapos manganak ang coverage ng Aetna Better Health of California nang hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis anuman ang kinalabasan, pagkamamamayan, o katayuan sa imigrasyon at walang karagdagang aksyon na kinakailangan.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo at device para sa rehabilitasyon at habilitasyon (therapy)

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at device para tulungan ang mga taong may mga pinsala, kapansanan o hindi gumagaling na kondisyon na makakuha o manumbalik ang mga pangkaisipan at pisikal na kakayahan.

Sinasakop namin ang mga serbisyo para sa rehabilitasyon at habilitasyon na inilarawan sa seksyon an ito kung matutugunan ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan:

- Ang mga serbisyo ay medikal na kinakailangan
- Ang mga serbisyo ay upang matugunan ang kondisyon sa kalusugan
- Ang mga serbisyo ay upang tulungan kang mapanatili, matutunan, o mapahusay ang mga kakayahan at paggana para sa araw-araw na pamumuhay
- Natatanggap mo ang mga serbisyo sa pasilidad na nasa network, maliban kung malalaman ng doktor na nasa network na medikal na kinakailangan para tumanggap ka ng mga serbisyo sa ibang lokasyon, o hindi available ang pasilidad na nasa network upang gamutin ang iyong kondisyon sa kalusugan.

Sinasakop ng plano ang:

Acupuncture

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng acupuncture upang maiwasan, baguhin o mapaginhawa ang nararamdamang matindi, patuloy na hindi gumagaling na pananakit na nagreresulta sa pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga bata na wala pang edad na 21). Maaaring paunang aprubahan (paunang bigyan ng pahintulot ng Aetna Better Health of California ang mga karagdagang serbisyo bilang medikal na kinakailangan).

Audiology (pandinig)

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng audiology. Ang mga serbisyo ng audiology na para sa outpatient ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan na may kasamang mga serbisyo ng acupuncture, chiropractic, occupational therapy at speech therapy (walang limitasyon sa mga batang wala pa sa edad na 21). Maaaring paunang apruban (paunang bigyan ng pahintulot) ng Aetna Better Health of California ang mga karagdagang serbisyo na medikal na kinakailangan.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo sa paggamot ng kalusugan ng pag-uugali (BHT) para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng benepisyong Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose at Paggamot (EPSDT). Kasama sa BHT ang mga serbisyo at paggamot na mga programa, tulad ng applied behavior analysis at mga programa ng interbensyon sa pag-uugali batay sa ebidensiya na nagde-develop o nagbabalik, sa pinakamalawak na maaari sa paggana ng indibiduwal na wala pang 21 taong gulang.

Nagtuturo ang mga serbisyong BHT ng mga kasanayan sa pamamagitan ng paggamit ng pagmamasid sa pag-uugali at pagpapalakas, o sa pamamagitan ng pagdidikta na ituro ang bawat hakbang ng isang tina-target na pag-uugali. Nakabatay ang mga serbisyong BHT sa maaasahang ebidensiya at hindi pang-eksperimento. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyong BHT ang mga interbensyon sa pag-uugali, cognitive na intervention package para sa pag-uugali, komprehensibong paggamot sa pag-uugali at applied behavioral analysis.

Dapat na kinakailangang medikal ang mga serbisyong BHT, inireseta ng isang lisensiyadong doktor o psychologist, inaprubahan ng plano, at ibinigay sa paraang sumusunod sa aprubadong plano ng paggamot.

Rehabilitasyon ng puso

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo sa rehabilitasyon ng puso para sa inpatient at outpatient.

Matibay na kagamitang medikal (DME)

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang pagbili o pag-upa ng mga DME na supply, kagamitan at iba pang mga serbisyo nang may reseta mula sa doktor, mga physician assistant, nurse practitioner, at mga klinikal na espesyalistang nurse. Maaaring masakop ang mga iniresetang DME item bilang medikal na kinakailangan upang mapanatili ang mga paggana ng katawan na mahalaga sa mga aktibidad ng araw-araw na pamumuhay o upang maiwasan ang malaking pisikal na kapansanan.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Karaniwan, hindi sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga sumusunod:

- Mga kagamitan, feature at supply na para sa kaginhawaan, kumbinyente o luho, maliban para sa retail-grade na mga breast pump gaya ng inilarawan sa “Mga breast pump at supply” sa pamagat na “Pangangalaga sa nagsilang na ina at bagong silang na sanggol” sa kabanatang ito
- Mga item na hindi para sa pagpapanatili ng mga karaniwang aktibidad sa araw-araw na pamumuhay, tulad ng kagamitan para sa pag-eehersisyo (kasama ang mga device para magbigay ng karagdagang suporta para sa mga aktibidad sa paglilibang o sports)
- Mga kagamitan para sa kalinisan, maliban kapag medikal na kinakailangan para sa Miyembrong wala pang edad na 21
- Mga item na hindi pang-medikal, tulad ng mga sauna bath o elevator
- Mga pagbabago sa iyong bahay o kotse
- Mga device para sa pagsusuri ng dugo o iba pang substance sa katawan (gayunpaman, sinasakop ng Medi-Cal Rx ang mga blood glucose monitor para sa diabetes, continuous na mga glucose monitor, mga test strip at lancet)
- Mga elektronikong monitor ng puso o baga maliban sa mga apnea monitor para sa sanggol
- Pagsasaayos o pagpapalit ng mga kagamitan dahil nawala, nanakaw o mali ang paggamit, maliban kapag medikal na kinakailangan para sa miyembrong wala pa sa edad na 21
- Iba pang mga item na hindi karaniwang ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan

Gayunpaman, sa ilang mga pangyayari, maaaring aprubahan ang mga item na ito nang may Paunang Pahintulot (Paunang Pag-apruba) na isinumite ng iyong doktor.

Nutrisyon na idinadaan sa bibig (enteral) at sa ibang bahagi ng katawan (parenteral)

Ang mga paraan na ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan ay ginagamit kapag pinipigilan kang kumain nang normal ng isang medikal na kondisyon. Ang enteral (ibinbigay sa pamamagitan ng tiyan) na mga nutrition formula at parenteral (ibinibigay sa pamamagitan ng ugat) na mga produkto para sa nutrisyon ay maaaring masakop sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, kapag medikal na kinakailangan. Maaaring sakupin ng Aetna Better Health of California ang mga enteral at parenteral pump at tubing, kapag medikal na kinakailangan.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga hearing aid

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga hearing aid kung masusuri ka para sa pagkabingi, ang mga hearing aid ay medikal na kinakailangan, at may reseta mula sa iyong doktor. Limitado ang coverage sa tulong na may pinakamababang halaga na nakakatugon sa iyong mga pangangailangang medikal. Sasakupin ng Aetna Better Health of California ang isang hearing aid maliban kung ang aid para sa bawat tainga ay kinakailangan para sa mga resulta na higit na mas mabuti kaysa sa makukuha mo sa isang aid.

Mga hearing aid para sa mga Miyembrong wala pa sa edad na 21

Inaatas ng batas ng estado na i-refer ang mga batang nangangailangan ng hearing aid sa programang California Children's Services (CCS) upang malaman kung karapat-dapat sa CCS ang bata. Kung karapat-dapat ang bata para sa CCS, sasakupin ng CCS ang mga gastos para sa mga hearing aid na medikal na kinakailangan. Kung hindi karapat-dapat ang bata para sa CCS, sasakupin namin ang mga hearing aid na medikal na kinakailangan bilang bahagi ng coverage ng Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa mga Miyembrong edad na 21 at mas matanda

Sa ilalim ng Medi-Cal, sinasakop namin ang mga sumusunod para sa bawat sakop na hearing aid:

- Mga molde para sa tainga na kinakailangan para sa pagsukat
- Isang karaniwang pakete ng baterya
- Mga pagpapatingin para matiyak na gumagana nang tama ang aid
- Mga pagpapatingin para sa paglilinis at pagsukat ng iyong hearing aid
- Pagsasaayos ng iyong hearing aid

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasakupin namin ang pamalit na hearing aid kung:

- Hindi maiwawasto ng kasalukuyan mong hearing aid ang pagkawala ng iyong pandinig
- Nawala, nanakaw o nasira ang iyong hearing aid at hindi ito maaayos at hindi mo ito kasalanan. Dapat kang magbigay ng sulat sa amin para sabihin kung paano ito nangyari.

Para sa mga nasa hustong gulang na nasa edad na 21 at matanda, hindi kasama sa Medi-Cal ang:

- Mga pamalit na baterya ng hearing aid



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo sa kalusugan na ibinibigay sa iyong tahanan, kapag inireseta ng iyong doktor at malalaman na medikal na kinakailangan.

Limitado ang mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan sa mga serbisyong sinasakop ng Medi-Cal tulad ng:

- Part-time may kasanayang pangangalaga
- Part-time na aide para sa kalusugan sa tahanan
- May kakayahan na physical, occupational at speech therapy
- Mga pangmedikal na serbisyong panlipunan
- Mga medikal na supply

Mga medikal na supply, kagamitan at mga appliance

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga pangmedikal na supply na inirereseta ng doktor, mga physician assistant, nurse practitioner, at mga klinikal na espesyalistang nurse. Ang ilang medikal na supply ay sakop sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal Rx at hindi ng Aetna Better Health of California.

Hindi kasama sa coverage ng Medi-Cal ang mga sumusunod:

- Mga karaniwang gamit sa bahay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Adhesive tape (lahat ng klase)
 - Rubbing alcohol
 - Kosmetiko
 - Mga cotton ball at swab
 - Pulbos sa katawan
 - Mga tissue wipes
 - Witch hazel
- Mga karaniwang panlunas sa bahay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - White petrolatum
 - Mga langis at lotion para sa nanunuyong balat
 - Talc at kombinasyon ng talc na mga produkto
 - Mga oxidizing agent tulad ng hydrogen peroxide
 - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga shampoo na hindi inireseta



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Mga paghahanda ng ipinapahid sa balat na mayroong benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment o likido at zinc oxide paste
- Iba pang mga item na hindi karaniwang pangunahing ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan at regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito.

Occupational therapy

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng occupational therapy, kasama ang pag-evaluate sa pamamagitan ng occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, mga serbisyo sa pagtuturo at pagkonsulta (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pang edad na 21). Maaaring paunang apruban (paunang bigyan ng pahintulot) ng Aetna Better Health of California ang mga karagdagang serbisyo na medikal na kinakailangan.

Mga orthotic/artipisyal na bahagi ng katawan

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang orthotic at prosthetic na mga device at serbisyo na medikal na kinakailangan at inireseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o hindi doktor na tagapagbigay ng serbisyon pangmedikal. Kasama rito ang naka-implant na mga device sa pandinig, prosthesis sa suso/mga mastectomy bra, mga compression burn garment at mga prosthetic upang ibalik ang paggana o palitan ang bahagi ng katawan, o upang suportahan ang humina o nasirang hugis ng bahagi ng katawan.

Ostomy at mga supply para sa pag-ihhi

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga ostomy bag, urinary catheter, draining bag, mga supply para sa irigasyon at mga pandikit. Hindi kasama rito ang mga supply na para sa kaginhawaan, kombinyente o kagamitan o mga feature na para sa luho.

Physical therapy

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng physical therapy na medikal na kinakailangan, kasama ang pag-evaluat sa pamamagitan ng physical therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, pagtuturo, mga serbisyo sa pagkonsulta at paglalagay ng mga gamot na ipinapahid.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Rehabilitasyon ng baga

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor.

Mga serbisyo ng skilled nursing facility

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang may mga serbisyo ng skilled nursing facility bilang medikal na kinakailangan kung ikaw ay nabalda o may kapansanan at kailangan ng mataas na antas ng pangangalaga. Kasama sa mga serbisyong ito ang kwarto at pamamalagi sa isang lisensyadong pasilidad na may kasamang may kasanayang pangangalaga nang 24 na oras kada araw.

Speech therapy

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang speech therapy na medikal na kinakailangan (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pang edad na 21). Maaaring paunang apruban (paunang bigyan ng pahintulot) ng Aetna Better Health of California ang mga karagdagang serbisyo na medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo para sa transgender

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyo na tumitiyak sa kasarian) bilang benepisyo kapag ang mga ito ay medikal na kinakailangan o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang mga pamantayan para sa pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura.

Mga klinikal na pagsubok

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga karaniwang halaga para sa pangangalaga ng pasyente para sa mga pasyenteng tinanggap sa Yugto I, Yugto II, Yugto III o Yugto IV na mga clinical trial kung may kaugnayan ito sa pag-iwas, pagtuklas o paggamot ng kanser o iba pang nakakamatay na kondisyon at kung matutugunan ng pag-aaral ang lahat ng kinakailangan sa ilalim ng Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan na 1370.6(d)(1). Sinasakop ng Medi-Cal Rx isang Medi-Cal FFS na programa ang karamihan sa mga inireresetang gamot na para sa outpatient. Basahin ang “Mga inireresetang gamot para sa outpatient” na seksyon sa huling bahagi sa kabanatang ito para sa higit pang impormasyon.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo sa laboratoryo at X-ray para sa outpatient at inpatient kapag medikal na kinakailangan. Sinasakop ang iba't ibang advanced na imaging procedure, tulad ng mga CT scan, MRI at PET scan batay sa medikal na pangangailangan.

Mga serbisyo upang makaiwas sa sakit at pagiging nasa mabuting kalusugan ng katawan at isipan at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Sinasakop ng plano ang:

- Mga bakunang inirerekomenda ng Advisory Committee for Immunization Practices
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng American Academy of Pediatrics Bright Futures (https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Mga serbisyo para sa pag-iwas sa hika
- Mga serbisyo upang makaiwas sa sakit para sa kababaihan na inirerekomenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong upang tumigil sa paninigarilyo, tinatawag ding mga serbisyo para sa tumigil sa paninigarilyo
- Mga Serbisyo upang Makaiwas sa Sakit na inirekomenda ng United States Preventive Services Task Force Grade A at B

Ibinibigay ang mga serbisyo na pagpapalano ng pamilya sa mga miyembro na nasa edad na maaaring mag-anak upang bigyang-daan sila na ipasya ang bilang at agwat ng mga anak. Kasama sa mga serbisyong ito ang lahat ng paraan ng pagpigil sa pagbubuntis na aprubado ng FDA. Available ang PCP at mga OB/GYN na espesyalista ng Aetna Better Health of California para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari ka ring pumili ng isang doktor o klinika ng Medi-Cal na hindi konektado sa Aetna Better Health of California nang hindi kailangang kumuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Aetna Better Health of California. Maaaring hindi masakop ang mga serbisyo mula sa tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network na walang kaugnayan sa pagpapalano ng pamilya. Para malaman pa, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Basahin ang Kabanata 5: Pangangalaga sa bata at kabataan na walang sakit para sa impormasyon tungkol sa pangangalaga para makaiwas sa sakit para sa kabataan na nasa 20 taong gulang at mas bata pa.

Programang Pag-iwas sa Diyabetis

Ang Programang Pag-iwas sa Diyabetis (DPP) ay isang programa ng pagbabago sa pamumuhay batay sa ebidensiya. Ang 12 buwan na programang ito ay nakatuon sa mga pagbabago sa pamumuhay at dinisenyo upang maiwasan o maantala ang pagsisimula ng type 2 diabetes sa mga indibiduwal na na-diagnose na may prediabetes. Ang mga miyembrong nakakatugon sa mga pamantayan ay maaaring maging kwalipikado para sa pangalawang taon. Ang programa ay nagbibigay ng edukasyon at suporta sa grupo. Kasama sa mga paraan ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng panghihikayat at feedback
- Pagbibigay ng mga materyal na may impormasyon upang suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay sa mga pagsukat ng ginagawa upang makamit ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang mga kinakailangan upang maging karapat-dapat sa programa para sumali sa DPP. Tumawag sa Aetna Better Health of California upang malaman pa ang tungkol sa programa at pagiging karapat-dapat.

Mga serbisyo para sa pagbabalik sa dating hitsura

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang pag-oopera upang iwasto o ayusin ang mga abnormal na istraktura ng katawan upang pagandahin o gumawa ng normal na hitsura sa lawak na maaari. Ang mga abnormal na istraktura ng katawan ay ang mga dulot ng mga depekto sa pagkapanganak, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, mga bukol, sakit o pagbabalik sa dating hitsura ng suso pagkatapos ng isang mastectomy. May ilang limitasyon at eksepsyon na naaangkop.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo ng screening ng sakit dahil sa pang-aabuso ng droga o alak

Ang planong ito ay sinaskaop ang:

- Mga screening para sa pagiging lasinggero at ilegal na gamot
- Pumunta sa “Mga serbisyo sa paggamot ng sakit dahil sa pag-abuso ng droga o alak” sa huling bahagi ng kabanatang ito para sa coverage sa paggamot sa pamamagitan ng county.

Mga benepisyo para sa mata

Sinasakop ng plano ang:

- Karaniwang eksaminasyon ng mata nang isang beses bawat 24 na buwan; Ang karagdagan o mas madalas na mga eksaminasyon sa mata ay sinasakop kung medikal na kinakailangan para sa mga miyembro, tulad ng mga may diyabetis.
- Mga salamin sa mata (mga frame at lens) nang isang beses bawat 24 na buwan; kapag mayroon kang valid na reseta.
- Mga pamalit na salamin sa mata sa loob ng 24 na buwan kung mayroon kang pagbabago sa reseta o kung nawala, nanakaw o nasira (at hindi maaaring maayos) ang iyong salamin sa mata, at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng sulat na nagsasabi kung paano nawala, nanakaw o nasira ang iyong salamin sa mata.
- Mga device para sa mahinang paningin para sa mga may kapansanan sa paningin na hindi maaaring mawasto ng mga karaniwang salamin sa mata, mga contact lens, gamot o pag-ooopera na nakakahadlang sa kakayahan ng isang tao na magawa ang mga pang-araw-araw na aktibidad (iyon ay macular degeneration na may kaugnayan sa edad).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Mga Contact Lense na Medikal na Kinakailangan
Maaaring masakop ang pag-test ng contact lens at mga contact lens kung hindi maaaring gumamit ng mga salamin sa mata dahil sa sakit o kondisyon sa mata (iyon ay, kulang ng isang tainga). Kasama sa mga medikal na kondisyon na kwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ang ngunit hindi limitado sa aniridia, aphakia at keratoconus.

Mga benepisyo ng transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi na mga emergency

May karapatan ka sa medikal na transportasyon kung mayroon kang mga medikal na pangangailangan na hindi ka papayagang gumamit ng kotse, bus o taxi sa iyong mga appointment. Maaaring ibigay ang medikal na transportasyon para sa mga sakop na serbisyo at mga appointment sa parmasya na sakop ng Medi-Cal. Kung kailangan mo ng medikal na transportasyon, maaari kang humiling nito sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doktor, dentista, podiatrist, o tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip o sakit dahil sa pag-abuso sa droga o alak. Pagpapasyahan ng iyong tagapagbigay ng serbisyo ang tamang uri ng transportasyon upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. Kung sa tingin niyang kailangan mo ng medikal na transportasyon, iredeseta niya ito sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang form at pagsumite nito sa Aetna Better Health of California. Kapag naaprubahan na, magtatagal nang 12 buwan ang pag-apruba depende sa medikal na pangangailangan. Dagdag pa rito, walang limitasyon kung gaano karaming pagsakay ang maaari mong makuha. Kakailanganing suriin muli ng iyong doktor ang medikal na pangangailangan mo para sa medikal na transportasyon at aaprubahan ito muli bawat 12 buwan.

Ang medikal na transportasyon ay isang ambulansiya, litter van, wheelchair van o transportasyon sa himpapawid. Pinapayagan ng Aetna Better Health of California ang pinakamurang medikal na transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan para sa iyong appointment. Ibig sabihin nito, halimbawa, kung ikaw ay pisikal o medikal na may kakayahang maibiyahang isang wheelchair van, hindi magbabayad ang Aetna Better Health of California para sa isang ambulansiya. May karapatan ka lang sa transportasyong panghimpapawid kung ang iyong medikal na kondisyon ay ginagawang hindi posible ang anumang anyo ng pagbiyahe sa lupa.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Dapat gumamit ng medikal na transportasyon kapag:

- Pisikal o medikal itong kinakailangan ayon sa tinukoy ng isang nakasulat na pahintulot ng isang doktor o ng ibang tagapagbigay ng serbisyo dahil wala kang kakayahang pisikal o medikal na gumamit ng bus, taxi, kotse o van upang makapunta sa iyong appointment.
- Kailangan mo ng tulong mula sa tsuper patungo at pabalik sa iyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa kapansanang pisikal o pag-iisip.

Para humiling ng medikal na transportasyon na inireseta ng iyong doktor para sa hindi agaran (karaniwan) na mga appointment, pakitawagan ang Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 o Access2Care sa 1-888-334-8352 nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa mga agarang appointment, mangyaring tumawag sa lalong madaling panahon. Mangyaring ihanda ang iyong member ID card kapag tumawag ka.

Mga limitasyon ng medikal na transportasyon: Nagbibigay ang Aetna Better Health of California ng pinakamurang halaga ng medikal na transportasyon na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailanga papunta sa pinakamalapit na tagapagbigay ng serbisyo mula sa iyong bahay kung saan mayroong appointment. Hindi ibibigay ang medikal na transportasyon kung ang serbisyo ay hindi sakop ng Medi-Cal. Kung ang uri ng appointment ay sakop ng Medi-Cal ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, tutulungan ka ng Aetna Better Health of California na mag-iskedyul ng iyong transportasyon. Ang listahan ng mga sakop na serbisyo ay nasa Handbook ng Miyembro na ito. Ang transportasyon ay hindi sakop sa labas ng network o pinaglilingkurang lugar maliban kung paunang pinahintulutan ng Aetna Better Health of California. Para sa higit pang impormasyon o para humingi ng medikal na transportasyon, pakitawagan ang Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 o Access2Care sa 1-888-334-8352.

Gastos ng miyembro: Walang bayad kapag ang transportasyon ay inihanda ng Aetna Better Health of California.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Paano makakuha ng hindi pang-medikal na transportasyon

Kasama sa iyong mga benepisyo ang makakuha ng masasakyan papunta sa iyong mga appointment kapag ang appointment ay para sa serbisyo na sakop ng Medi-Cal at hindi wala kang anumang access sa transportasyon. Makakakuha ka ng masasakyan, nang wala kang babayaran, kapag sinubukan mo ang lahat ng iba pang paraan para makakuha ang transportasyon at ay:

- Nagbibiyahe papunta sa at mula sa isang appointment para sa isang serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong tagapagbigay ng serbisyo; o
- Kumukuha ng mga gamot at medikal na supply

Pinapayagan ka ng Aetna Better Health of California na gumamit ng kotse, taxi, bus o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong medikal na appointment para sa mga serbisyong sakop ng Medi-Cal. Sasakupin ng Aetna Better Health of California ang pinakamurang hindi pang-medikal na uri ng transportasyon na tumutugon sa iyong mga pangangailangan. Minsan, maaaring magbigay ng reimbursement ang Aetna Better Health of California para sa mga pagsakay sa isang pribadong sasakyan na ikaw ang naghanda. Dapat itong aprubahan ng Aetna Better Health of California bago mo makuha ang masasakyan, at dapat mong sabihin sa amin kung bakit hindi ka makakakuha ng masasakyan sa ibang mga paraan, tulad ng bus. Maaari mong sabihin sa amin sa pamamagitan ng pagtawag sa amin, pag-email sa amn o sa personal. Hindi mo maaaring imaneho ang sarili mo at ma-reimburse.

Kinakailangan ang lahat ng sumusunod para mabigyan ng reimbursement para sa itinakbong milya:

- Ang lisensya sa pagmamaneho ng driver
- Ang rehistro ng sasakyan ng driver
- Katunayan ng insurance ng kotse ng driver

Para humiling ng masasakyan para sa mga serbisyong pinahintulutanna, tumawag sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 o sa Access2Care sa 1-888-334-8352 nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa kaagad kapag magagawa mo kapag mayroon kang agarang appointment. Mangyaring ihanda ang iyong member ID card kapag tumawag ka.

Tandaan: Maaaring makipag-ugnayan ang mga American Indian sa kanilang lokal na Klinikang Pangkalusugan para sa Indian upang humiling ng hindi pang-medikal na transportasyon.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga limitasyon ng hindi pang-medikal na transportasyon: Ang Aetna Better Health of California ay nagbibigay ng pinakamurang hindi pang-medikal na transportasyon na tumutugon sa iyong mga pangangailangan papunta sa pinakamalapit na tagapagbigay ng serbisyo mula sa iyong tahanan kung saan available ang appointment. Hindi maaaring imanaheo ng mga miyembro ang kanilang mga sarili o direktang ma-reimburse. Para sa higit pang impormasyon, pakitawagan ang Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 o sa Access2Care sa 1-888-334-8352.

Hindi naaangkop ang hindi pang-medikal na transportasyon kung:

- Medikal na kinakailangan ang isang ambulansiya, litter van, wheelchair van o iba pang anyo ng medikal na transportasyon upang makapunta sa isang sakop na serbisyo ng Medi-Cal.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver patungo at pabalik sa iyong tirahan, sasakyan o lugar ng paggamot dahil sa kondisyong pisikal o medikal.
- Ikaw ay nasa isang wheelchair at hindi makakapasok at makakalabas ng sasakyan nang hindi tinutulungan ng driver.
- Ang serbisyo ay hindi sinasakop ng Medi-Cal.

Gastos ng miyembro: Walang bayad kapag ang hindi pang-medikal na transportasyon ay inihanda ng Aetna Better Health of California.

Mga gastos sa pagbibiyahe: Sa ilang mga sitwasyon, maaaring sakupin ng Aetna Better Health of California ang mga gastos sa pagbibiyahe tulad ng mga pagkain, pamamalagi sa hotel, at iba pang may kaugnayang gastos kung kailangan mong magbiyahe para sa mga appointment sa doktor na hindi available nang malapit sa iyong bahay. Maaari rin itong masakop para sa kasamang attendant at donor para sa major organ transplant, kung naaangkop. Kailangan mong humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 o Access2Care sa 1-888-334-8352.

Mga serbisyo sa ngipin [Sacramento County lang]

Gumagamit ang Programa sa Pinamamahalaang Pangangalaga ng Ngipin ng Medi-Cal ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga upang magbigay ng mga serbisyo sa ngipin. Ikaw dapat ay mag-enroll sa Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin. Sa ilang mga pangyayari, maaari kang maging kwalipikadong hindi isma sa pag-enroll sa Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin. Para malaman pa, pumunta sa Health Care Option sa <http://dhcs.ca.gov/mymedi-cal>.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Sinasakop ng Medi-Cal Dental ang ilang serbisyo sa ngipin, kabilang ang:

- Diyagnostiko at kalinisan ng ngipin para maiwasan ang pagkasira (tulad ng mga eksaminasyon, mga X-ray at mga paglilinis ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga filling
- Mga paggamot sa pamamagitan ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratoryo)
- Scaling at root planing
- Buo at hindi buong pustiso
- Orthodontics para sa mga bata na kwalipikado
- Topical flouride

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Programang Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Programang Medi-Cal Dental sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov> o <https://smilecalifornia.org/>.

Kung mayroon kang mga tanon o kung gusto mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, at naka-enroll ka sa isang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin, tawagan ang iyong nakatalagang plano ng Pinamamahalaang Pangangalaga sa Ngipin.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Iba pang mga sakop na benepisyo at programa ng Aetna Better Health of California

Mga pangmatagalang serbisyo at suporta

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga benepisyo ng pangmatagalang pangangalaga na ito para sa mga miyembrong kwalipikado:

- Mga serbisyo ng pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga na inaprubahan ng Aetna Better Health of California
- Mga serbisyo ng skilled nursing facility na inaprubahan ng Aetna Better Health of California

Kung magiging kwalipikado ka para sa mga pangmatagalang serbisyo, titiyakin ng Aetna Better Health of California na ilalagay ka sa isang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng antas ng pangangalaga na pinaka-akma sa iyong mga pangangailangang medikal.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga pangmatagalang serbisyo, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Pamamahala ng pangunahing pangangalaga

Tutulong ang Aetna Better Health of California na pangasiwaan at pamahalaan ang iyong mga pangangailangan at serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang wala kang babayaran. Pangangasiwaan ng Aetna Better Health of California ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan upagn tumulong na matiyak na matatanggap mo ang lahat ng serbisyo na medikal na kinakailangan, kasama ang mga inireresetang gamot, at mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan ng pag-uugali, kahit na sakop ng ibang programa ang mga serbisyong iyon at hindi ng Aetna Better Health of California. Kasama rito ang pangangasiwa ng pangangalaga sa mga setting, tulad ng kung kailangan mong maospital at pauwiin ka sa iyong bahay o sa skilled nursing facility.

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o kalusugan ng iyong anak, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga

Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management, ECM) para sa mga miyembro na may lubhang masalimuot na mga pangangailangan. Ang ECM ay isang benepisyo na nagbibigay ng mga karagdagang serbisyo upang tulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo upang manatiling malusog. Pinangangasiwaan din nito ang pangangalagang nakukuha mo mula sa iba't ibang doktor. Tumutulong ang ECM na pangasiwaan ang pangunahing pangangalaga, pansamantalang pangangalaga ng malubhang sakit, kalusugan ng pag-uugali, paglaki, kalusugan ng bibig, mga pangmatagalang serbisyo at suporta sa komunidad (LTSS), at mga referral sa available na mga mapagkukunan sa komunidad.

Kung magiging kwalipikado ka, maaari kang kontakin tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Maaari mo ring tawagan ang Aetna Better Health of California upang malaman kung at kailan ka maaaring makatanggap ng ECM. O makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring makaalam kung kwalipikado ka para sa ECM at kailan at paano mo maaaring matanggap ito.

Mga sakop na serbisyo ng ECM

Kung magiging kwalipikado ka para sa ECM, magkakaroon ka ng sarili mong pangkat sa pangangalaga, kasama ang Lead na Tagapamahala ng Pangangalaga. Kakausapin ka ng taong ito at ang iyong mga doktor, espesyalista, pharmacist, mga case manager, mga tagapagbigay ng mga serbisyonang panlipunan at iba pa upang matiyak na nagtutulongan ang lahat upang maibigay sa iyo ang pangangalagang kailangan mo. Matutulongan ka rin ng Tagapamahala ng Pangangalaga na maghanap at mag-apply para sa iba pang mga serbisyo sa iyong komunidad. Kasama sa ECM ang:

- Pagbibigay ng mga serbisyo sa komunidad at pakikipag-ugnayan
- Komprehensibong pag-assess at pamamahala ng pangangalaga
- Pinahusay na pangangasiwa ng pangangalaga
- Pagtataguyod ng kalusugan
- Komprehensibong pangangalaga para sa paglipat
- Mga serbisyo ng suporta sa miyembro at pamilya
- Pangangasiwa at pag-refer sa komunidad at mga suportang panlipunan

Upang malaman kung maaaring nararapat sa iyo ang ECM, kausapin ang iyong kinatawan o tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Aetna Better Health of California.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Gastos ng miyembro

Walang babayaran ang miyembro para sa mga serbisyo ng ECM.

Mga Suporta sa Komunidad

Maaaring makakuha ng Mga Suporta sa Komunidad sa pamamagitan ng iyong Plano ng Pang-individuwal na Pangangalaga. Ang Mga Suporta sa Komunidad ay medikal na naaangkop at sulit na mga alternatibong serbisyo o mga setting sa mga sakop sa ilalim ng Medi-Cal State Plan. Opsyonal na matatanggap ng mga Miyembro ang mga serbisyong ito. Kung magiging kwalipikado ka, maaari kang tulungan ng mga serbisyong ito na mabuhay nang mas malaya. Hindi nito pinapalitan ang mga benepisong nakukuha mo na sa Medi-Cal. Ang mga ito ay:

- Mga Serbisyo sa Pagpapaginhawa ng Hika, kilala rin bilang Mga Pagpapaginhawa para sa Nagpapasimula ng Hika - Nagbibigay ng impormasyon nga miyembro tungkol sa aksyon na gagawin sa bahay upang mabawasan ang mga pagkakalantad sa kapaligiran na maaaring magpasimula ng mga sintomas ng hika at mga pagpapaginhawa na dinisenyo upang maiwasan ang mga pagkakaospital na may kaugnayan sa hika.
- Mga Serbisyo para sa Paglipat sa Komunidad/Paglipat mula sa Nursing Facility papunta sa Bahay o Assisted Living Facility – Tinutulungan ang miyembro na tumira sa komunidad at iwasan ang karagdagan paglalagay sa institusyon.
- Pang-umagang Habilidad - Tinutulungan ang miyembro sa pagkuha, pagpapanatili, at pagpapahusay sa mga kakayahan para tulungan ang sarili, pakikisalamuha, at pag-akma na kinakailangan upang matagumpay na tumira sa natural na kapaligiran ng miyembro.
Mga Pagsasaayos para sa Pag-access sa Kapaligiran (Environmental Accessibility Adaptations, EAA), kilala rin bilang Mga Pagsasaayos sa Tahanan - Nagbibigay ng mga pisikal na pagsasaayos sa tahanan upang matiyak ang kalusugan, kapakanan, at kaligtasan ng miyembro o pahintulutan ang miyembro na makagawa nang mas malaya sa tahanan.
- Mga Serbisyo para sa Pagdedeposito para sa Bahay - Tumutulong sa pagtukoy, pangangasiwa, pagkuha, o pagpopondo ng mga pang-isang beses na serbisyo at mga pagbabago na kinakailangan upang mapahintulutan ang miyembro na makapagtatag ng pangunahing sambahayan na hindi gagawa ng kwarto at pamamalagi.
- Mga Serbisyo sa Pangungupahan at Pagpapanatili sa Bahay - Nagbibigay ng mga serbisyo sa pangungupahan at pagpapanatili, nang may layunin na mapanatili ang ligtas at matatag na pangungupahan kapag nakakuha ng pabahay.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Mga Serbisyo sa Pag-navigate ng Paglipat sa Bahay - Tinutulungan ang miyembro na makakuha ng bahay. Pagkain na Medikal na Sumusuporta/Mga Pagkain na Iniakma para sa Paggamot - Mga pagkaing ibinibigay sa miyembro sa bahay na nakakatugon sa mga natatanging pangangailangan sa pagkain ng mga may hindi gumagaling na sakit at mga pagkain na inihahatid sa bahay ng miyembro agad na kasunod ng paglabas sa ospital o nursing home.
- Mga Serbisyo ng Pag-divert sa Assisted Living Facility mula sa Nursing Facility - Tinutulungan ang miyembro na tumira sa komunidad at/o iwasang mailagay sa institusyon kapag maaari.
- Mga Serbisyo para sa Personal na Pangangalaga at Namamahala sa Bahay - Nagbibigay sa miyembro na kailangan ng tulong sa Mga Aktrbidad ng Araw-araw na Pamumuhay (Activities of Daily Living, mga ADL) tulad ng pagligo, pagbibihis, paggamit ng banyo, paglalakad, o pagpapakain.
- Pangangalaga para gumaling o pang-medikal na pangangalaga para magpahinga ang nag-aalaga - Panandaliang pantahanang pangangalaga para sa mga miyembro na hindi na kailangang maospital, ngunit kailangan pa ring magpaggaling sa pinsala o sakit at ang kondisyon ay lulubha dahil sa hindi stable na kondisyon ng tinitirhan.
- Mga Serbisyo para Magpahinga ang Nag-aalaga - Ibinibigay sa mga tagapag-alaga ng mga miyembro ng kinakailangan ng hindi tuloy-tuloy na pansamantalang pagbabantay.
- Panandaliang Pabahay Pagkatapos Maospital – Binibigyan ang mga miyembro ng patuloy na suporta na kinakailangan para bumuti ang kalusugan at gumaling.
- Mga Sobering Center – Binibigyan ang mga miyembro, lalo na ang mga walang tahanan o ang mga may hindi stable na kondisyon ng pamumuhay, ng ligtas at sumusuportang kapaligiran para hindi na maging gumon.

Kung kailangan mo ng tulong o kung gusto mong malaman kung anong Mga Suporta sa Komunidad ang maaaring makuha mo, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711) o tumawag sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

Malaking Pag-transplant ng Organ

Mga transplant para sa mga batang wala pa sa edad na 21

Inaatas ng batas ng estado na i-refer ang mga batang nangangailangan ng mga transplant sa programang California Children's Services (CCS) upang magpasya kung karapat-dapat sa CCS ang bata. Kung karapat-dapat ang bata para sa CCS, sasakupin ng CCS ang mga gastos para sa transplant at mga may kaugnayang serbisyo. Kung hindi karapat-dapat ang bata para sa CCS, ire-refer ng Aetna Better Health of California ang bata sa kwalipikadong transplant center para ma-evaluate. Kung kukumpirmahin ng transplant center na kakailanganin at ligtas ang transplant, sasakupin ng Aetna Better Health of California ang transplant at mga may kaugnayang serbisyo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga transplant para sa mga nasa hustong gulang na nasa edad na 21 at pataas

Kung magpapasya ang iyong doktor na maaari kang mangailangan ng major organ transplant, ire-refer ka ng Aetna Better Health of California sa kwalipikadong transplant center para ma-evaluate. Kung kukumpirmahin ng transplant center na kinakailangan at ligtas ang transplant para sa iyong medikal na kondisyon, sasakupin ng Aetna Better Health of California ang transplant at iba pang may kaugnayang serbisyo.

Kasama sa mga sumusunod na major organ transplant na sakop ng Aetna Better Health of California ang ngunit hindi limitado sa:

- Bone marrow
- Puso
- Puso/Baga
- Bato
- Bato/Lapay
- Atay
- Atay/Maliit na bituka
- Baga
- Lapay
- Maliit na bituka

Transportasyon at mga gastos sa pagbibiyaha

Makakatanggap ka ng transportasyon, mga pagkain, pamamalagi at iba pang mga halaga tulad ng paradahan, mga toll, atbp. kung ikaw o ang iyong pamilya ay nangangailangan ng tulong upang makakuha ng medikal na appointment na may kaugnayan sa kondisyon na may kaugnayan sa CCS at walang ibang available na mapagkukunan. Dapat mong tawagan ang Aetna Better Health of California at humiling ng pag-apruba (pahintulot) bago ka magbayad ng mula sa sariling bulsa para sa transportasyon, mga pagkain at pamamalagi dahil nagbibigay ang Aetna Better Health of California ng hindi pang-medikal at hindi pang-emergency na medikal na transportasyon gaya ng sinabi sa mga benepisyo at serbisyo. Kung ang iyong mga gastos sa transportasyon o pagbibiyaha ay matutukoy na kinakailangan at mabeberipika ng Aetna Better Health of California na sinubukan mong makakuha ng transportasyon sa pamamagitan ng Aetna Better Health of California, maaari kang makatanggap ng reimbursement mula sa Aetna Better Health of California at dapat ka naming i-reimburse sa loob ng 60 araw sa kalendaryo mula sa iyong pagsusumite ng mga kinakailangang resibo at dokumentasyon para sa mga gastos sa transportasyon.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal

Iba pang mga serbisyo na makukuha mo sa pamamagitan ng May Bayad na Serbisyo (FFS) na Medi-Cal o iba pang mga programa ng Medi-Cal

Minsan hindi sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga sakop na serbisyo, ngunit maaari mo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang mga programa ng Medi-Cal. Makikipagtulungan ang Aetna Better Health of California sa iba pang mga programa upang matiyak na matatanggap mo ang lahat ng serbisyo na medikal na kinakailangan, kahit na sakop ng ibang programa ang mga serbisyong iyon at hindi ng Aetna Better Health of California. Nakalista sa seksyong ito ang ilan sa mga serbisyong ito. Para malaman pa, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Mga inireresetang gamot na para sa outpatient

Mga inireresetang gamot na sakop ng Medi-Cal Rx

Ang mga inireresetang gamot na ibinibigay ng parmasya ay sakop ng Medi-Cal Rx, isang FFS na programa ng Medi-Cal. Ang ilang gamot na ibinibigay ng tagapagbigay ng serbisyo sa isang opisina o klinika ay maaaring sakop ng Aetna Better Health of California. Maaari kang resetahan ng iyong tagapagbigay ng serbisyo ng mga gamot na nasa Listahan ng Mga Gamot na nasa Kontrata ng Medi-Cal Rx.

Minsan, kailangan ang gamot at wala ito sa Listahan ng Gamot na nasa Kontrata. Ang mga gamot na ito ay kakailanganing aprubahan bago mapunan ang mga ito sa parmasya. Susuriin at pagpapasyahan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras.

- Ang pharmacist sa iyong parmasya na para sa outpatient ay maaari kang bigyan ng 72 oras na pang-emergency na supply kung sa tingin nilang kailangan mo ito. Babayaran ng Medi-Cal Rx ang pang-emergency na supply ng gamot na ibinigay ng isang parmasya na para sa outpatient.
- Maaaring tanggihan ng Medi-Cal Rx ang isang hindi emergency na kahilingan. Kung tumanggi sila, padadalhan ka nila ng sulat kung bakit. Sasabihin nila sa iyo kung ano ang iyong mga pagpipilian. Pumunta sa “Mga Reklamo” na seksyon sa Kabanata 6 Pag-uulat at paglutat ng mga problema para sa higit pang impormasyon.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Upang malaman kung ang isang gamot ay nasa Listahan ng Gamot na nasa Kontrata o para makakuha ng kopya ng Listahan ng Gamot na nasa Kontrata, tumawag sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711), bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Mga Parmasya

Kung nagpupuno o muli kang nagpupuno ng gamot sa reseta, dapat mong kunin ang iyong mga iniresetang gamot mula sa isang parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Makakahanap ka ng listahan ng mga parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx na nasa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Makakahanap ka rin ng parmasyang malapit sa iyo o parmasya na maaaring ipadala sa iyo sa koreo ang gamot sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711).

Kapag pumili ka na ng parmasya, dalhin ang iyong reseta sa botika. Maaari rin itong ipadala ng iyong tagapagbigay ng serbisyo sa parmasya para sa iyo. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta kasama ang iyong ID Card ng Mga Benepisyo ng Medi-Cal (BIC). Tiyaking alam ng parmasya ang lahat ng gamot na iniinom mo at anumang alerhiya na mayroon ka. Kung may anumang tanong ka tungkol sa iyong reseta, tiyaking magtanong sa pharmacist.

Maaari ring makatanggap ang mga miyembro ng mga serbisyo ng transportasyon mula sa Aetna Better Health of California para makapunta sa mga parmasya. Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo ng transportasyon, basahin ang “Mga benepisyo ng transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi mga emergency” sa handbook na ito.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad

Ang ilan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip ay ibinibigay ng mga plano ng county para sa kalusugan ng isip sa halip na Aetna Better Health of California. Kasama rito ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad (speciality mental health services, SMHS) para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga pamantayan para sa SMHS. Maaaring kasama sa SMHS ang mga serbisyo para sa outpatient, tahanan at inpatient:



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo para sa outpatient:

- Mga serbisyo para sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga serbisyong pansuporta sa gamot
- Mga masusing serbisyo para sa paggamot sa umaga
- Mga serbisyo para sa rehabilitasyon sa umaga
- Mga serbisyo ng interbensyon sa krisis
- Mga serbisyo ng pagpapatatag sa krisis
- Pamamahala ng partikular na kaso
- Mga serbisyo para gamutin ang pag-uugali (sakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Pangangasiwa ng masusing pangangalaga (ICC) (sakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Masusing mga serbisyo sa tahanan (IHBS) (sakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)
- Pangangalaga ng bahay-ampunan para gamutin (therapeutic foster care, TFC) (sakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang)

Mga serbisyo sa tahanan:

- Mga serbisyo sa paggamot ng matanda sa tahanan
- Mga serbisyo sa paggamot para sa krisis sa tahanan

Mga serbisyo para sa inpatient:

- Mga serbisyo ng ospital para sa inpatient para sa malubhang sakit sa isip
- Mga propesyonal na serbisyo ng ospital para sa inpatient para sa sakit sa isip
- Mga serbisyo ng pasilidad para sa kalusugan ng may sakit sa isip



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad, na ibinibigay ng plano sa kalusugan ng isip ng county, maaari kang tumawag sa plano sa kalusugan ng isip ng iyong county. Para mahanap ang walang bayad na mga numero ng telepono ng lahat ng county sa online, bisitahin ang dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPCContactList.aspx. Kung malalaman ng Aetna Better Health of California na kakailanganin mo ng mga serbisyo mula sa plano ng county para sa kalusugan ng isip, tutulungan ka ng Aetna Better Health of California na makipag-ugnayan sa mga serbisyo ng plano ng county para sa kalusugan ng isip.

Mga serbisyo sa paggamot ng sakit dahil sa pang-aabuso ng droga o alak

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo para sa sakit dahil sa pag-abuso sa droga o alak sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga pamantayan para sa mga serbisyong ito. Ang mga miyembrong natukoy para sa mga serbisyo sa paggamot ng sakit dahil sa pang-aabuso ng droga o alak ay nire-refer sa departamento ng kanilang county para sa paggamot. Para mahanap ang mga numero ng telepono ng lahat ng county sa online, bisitahin ang <https://dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD County Access Lines.aspx>.

Mga serbisyo sa ngipin [San Diego County Lang]

Ang Programa ng Medi-Cal Dental ay pareho sa May Bayad na Serbisyo (Fee-for-Service, FFS) ng Medi-Cal para sa iyong mga serbisyo sa ngipin. Bago ka makakuha ng mga serbisyo sa ngipin, dapat mong ipakita ang iyong BIC sa tagapagbigay ng serbisyo sa ngipin at tiyaking tatanggapin ng tagapagbigay ng serbisyo ng FFS Dental.

Sinasakop ng Medi-Cal Dental ang ilang serbisyo sa ngipin, kabilang ang:

- Diyagnostiko at kalinisan ng ngipin para maiwasan ang pagkasira (tulad ng mga eksaminasyon, mga X-ray at mga paglilinis ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga filling
- Mga paggamot sa pamamagitan ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratoryo)
- Scaling at root planing



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Buo at hindi buong pustiso
- Orthodontics para sa mga bata na kwalipikado
- Topical flouride

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Programang Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Programang Medi-Cal Dental sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov> o <https://smilecalifornia.org/>.

California Children's Services (CCS):

Ang CCS ay isang programa ng Medi-Cal na gumagamot sa mga batang wala pa sa edad na 21 taon na may ilang kondisyon sa kalusugan, sakit o mga problema sa kalusugan na hindi gumagaling at nakakatugon sa mga panuntunan ng programa ng CCS. Kung naniniwala ang Aetna Better Health of California o ang iyong PCP na ang iyong anak ay may kondisyon na karapat-dapat sa CCS, mare-refer siya nila sa programa ng CCS ng county upang ma-assess kung karapat-dapat siya.

Magpapasya ang kawani ng programa ng CCS ng county kung ang iyong anak ay kwalipikado para sa mga serbisyo ng CCS. Hindi magpapasya ang Aetna Better Health of California sa pagiging karapat-dapat sa CCS. Kung kwalipikado ang iyong anak na makuha ang uring ito ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng CCS para sa kondisyon na CCS. Magpapatuloy ang Aetna Better Health of California na sakupin ang mga uri ng serbisyo na walang kinalaman sa kondisyon na CCS tulad ng mga pisikal na eksaminasyon, bakuna at mga checkup ng walang sakit na bata.

Hindi sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo na ibinibigay ng programa ng CCS. Upang sakupin ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat na aprubahan ng CCS ang tagapagbigay ng serbisyo, mga serbisyo at kagamitan.

Hindi sinasakop ng CCS ang lahat ng kondisyong pangkalusugan. Sinasakop ng CCS ang karamihan sa kondisyon sa kalusugan na pisikal na nakakapagpabalda o na kailangang gamutin ng mga gamot, pag-oopera o rehabilitasyon (rehab). Sinasakop ng CCS ang mga batang may kondisyon sa kalusugan tulad ng:

- Sakit sa puso mula sa pagkabata
- Mga kanser
- Mga bukol
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diyabetis



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Malubhang hindi gumagaling na problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Bingot sa labi/ngala-ngala
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga kumbulsiyon sa ilalim ng ilang partikular na pangyayari
- Rayuma
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Matinding pinsala sa ulo, utak o gulugod
- Malulubhang sunog sa katawan
- Matinding baluktot na ngipin

Binabayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng programa ng CCS, patuloy siyang makakakuha ng mga pangangalagang medikal na kinakailangan mula sa Aetna Better Health of California.

Para alamin pa ang tungkol sa CCS, maaari mong bisitahin ang web page ng CCS sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>. O tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Aetna Better Health of California o Medi-Cal

Mayroong ilang serbisyo na hindi sasakupin ng alinman sa Aetna Better Health of California o ng Medi-Cal, kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

- In vitro fertilization (IVF), kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga pag-aaral o procedure sa pagkabaog upang ma-diagnose o magamot ang pagkabaog
- Pagpapanatili ng kakayahang mag-anak
- Mga serbisyong sinusubukan pa lang
- Mga pagbabago sa tahanan
- Mga pagbabago sa sasakyan
- Pangkosmetikong pag-oopera

Maaaring sakupin ng Aetna Better Health of California ang hindi benepisyo kung maitatag ang pagiging medikal na pangangailangan nito. Dapat magsumite ang iyong tagapagbigay ng serbisyo ng isang Paunang Pahintulot sa nakatalaga mong IPA o sa Plano na may kasamang mga dahilan kung bakit medikal na kinakailangan ang hindi benepisyo.

Para malaman pa, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Pag-evaluate ng mga bago at dati nang teknolohiya

Nakatuon ang Aetna Better Health of California sa pagtiyak na mayroong access ang mga miyembro sa pinakabagong mga medikal na serbisyo at teknolohiya. Nakikipatulungan ang Aetna Better Health of California sa mga team para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan at Mga Serbisyo ng Klinika upang bumuo ng mga patakaran tungkol sa sinusubukan, sinisiyasat at mga pangmedikal na pangangailangan ng mga medikal na teknolohiya tulad ng:

- Mga pamamaraang medikal at tungkol sa pag-oopera
 - Mga device
 - Mga gamot (FFS vs Setting sa Opisina)
 - Mga serbisyo sa kalusugan ng pag -uugali
 - Mga serbisyo para sa pagsasaayos at pansuporta
- Sinusuri ng mga peer-review ang mga medikal na teknolohiyang ito, inilalathala ng mga medikal na pahayagan, mga pagsusuri ng teknolohiya, mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, mga organisasyon ng propesyonal pangangalagang pangkalusugan na kinikilala sa bansa at mga ahensiya ng gobyerno para sa kalusugan ng publiko; Maraming bagay ang isinasaalang-alang bago gumamit ng bago, tulad ng:
- Mapapabuti ba nito ang kalusugan ng aming mga miyembro?
 - Nagbigay ba ang gobyerno ng panghuling pag-apruba sa bagong medikal na serbisyonang ito?
- Ang mga plano para gumamit ng bagong teknolohiya o serbisyo ay sinusuri at inaaprubahan ng UM Steering Committee (UMSC), na binubuo ng mga pharmacist ng Aetna at mga direktor mula sa Pambansang Departamento ng Patakaran at Mga Pagpapatakbo na Pang-medikal, Pambansang Departamento ng mga Account, Departamento ng Kalusugan ng Pag-uugali, Departamento ng Klinikal na Parmasya at Paghahatid ng Pangangalagang Pangkalusugan. Pagkatapos nito, ibibigay sa iyo ang bagong medikal na teknolohiya o serbisyo kung kailangan bilang bahagi ng iyong mga sakop na benepisyo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

5. Pangangalaga sa bata at kabataan

Ang mga bata at kabataang miyembro na wala pa sa 21 taong gulang ay maaaring makakuha ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan kapag nakapag-enroll na sila. Tinitiyak nito na nakukuha nila ang mga tamang serbisyo para makaiwas sa sakit, para sa ngipin, kalusugan ng isip at paglaki at mga serbisyo na kailangan ng espesyalidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Mga serbisyo para sa mga bata (Mga bata na wala pang edad na 21)

Sakop ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang para sa kinakailangang pangangalaga. Ang sumusunod na listahan ay may kasamang mga serbisyo na medikal na kinakailangan upang gamutin o pabutihin ang mga depekto at mga diyagnosis sa katawan o isip. Kabilang sa mga sakop na serbisyo ang ngunit hindi limitado sa listahan na nasa ibaba:

- Mga pagpapatingin ng walang sakit na bata at mga check-up ng teenager (Mga mahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Mga pagbabakuna (mga bakuna)
- Pag-assess at paggamot ng kalusugan ng pag-uugali
- Pag-evaludate at paggamot ng kalusugan ng isip, kasama ang pang-individuwal, panggrupo at pampamilyang psychotherapy (ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad ay sakop ng county)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang screening ng dugo para sa pagkalason sa tingga
- Edukasyon para sa kalusugan at para makaiwas sa sakit



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

5 | Pangangalaga sa bata at kabataan para makaiwas sa sakit

- Mga serbisyo sa mata
- Mga serbisyo sa ngipin (sakop sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo sa pandinig (sakop ng CCS para sa mga batang kwalipikado. Sasakupin ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo para sa mga bata na hindi kwalipikado para sa CCS)

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na Maaga at Pana-panahong Screening, Pag-diagnose at Paggamot (EPSDT) na mga serbisyo. Ang mga serbisyo ng EPSDT na inirekomenda ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga pediatrician (https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf) upang tulungan ka o ang iyong anak na manatiling malusog ay sinasakop nang wala kang babayaran.

Mga check-up sa kalusugan ng batang walang sakit at pangangalaga para makaiwas sa sakit

Kasama sa pangangalaga para makaiwas sa sakit ang mga regular na check-up sa kalusugan, mga screening upang tulungan ang iyong doktor na makita nang maaga ang mga problema, at mga serbisyo ng pagpapayo upang makita ang mga karamdaman, sakit o mga medikal na kondisyon bago pa man magdulot ng mga problema ang mga ito. Ang mga regular na check-up ay tinutulungan ka o ang doktor ng iyong anak na makita ang anumang mga problema. Maaaring kasama sa mga problema ang medikal, tungkol sa paningin, pandinig, kalusugan ng isip at anumang sakit dahil sa pang-aabuso sa gamot (droga). Sinasakop ng Aetna Better Health of California ang mga check-up upang ma-screen ang mga problema (kasama ang pag-assess ng lebel ng tingga sa dugo) anumang oras na kailangan ito, kahit na kung ito ay hindi sa regular na check-up mo o ng iyong anak.

Kasama rin sa pangangalaga para makaiwas sa sakit ang mga bakuna na kailangan mo o ng iyong anak. Dapat tiyakin ng Aetna Better Health of California na makukuha ng lahat ng naka-enroll na bata ang mga kinakailangang bakuna sa oras ng anumang pagpapatingin para sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga serbisyo sa pangangalaga upang makaiwas sa sakit at mga screening ay makukuha nang walang babayaran at nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

5 | Pangangalaga sa bata at kabataan para makaiwas sa sakit

Dapat makakuha ang iyong anak ng mga check-up sa mga edad na ito:

- 2-4 na araw pagkatapos maisilang
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 na buwan
- 6 na buwan
- 9 na buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 na buwan
- 30 buwan
- Isang beses sa isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kasama sa mga check-up ng kalusugan ng walang sakit na bata ang:

- Kumpletong kasaysayan at pisikal na eksaminasyon mula ulo hanggang paa
- Mga bakuna na angkop sa edad (Sinusunod ng California ang American Academy of Pediatrics Bright Futures Periodicity schedule https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang screening ng dugo para sa pagkalason sa tingga
- Edukasyon sa kalusugan
- Screening ng paningin at padinig
- Screening ng kalusugan ng bibig
- Pag-assess sa kalusugan ng pag-uugali

Kapag may nakitang pisikal na problema o isyu sa kalusugan ng isip sa check-up o screening, maaaring may pangangalaga na maaaring makaayos o makatulong sa problema. Kung ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan at responsable ang Aetna Better Health of California sa pagbabayad para sa pangangalaga, sasakupin ng Aetna Better Health of California ang pangangalaga nang wala kang babayaran.

Kasama sa mga serbisyong ito ang:

- Pangangalaga ng doktor, nurse practitioner at ospital
- Mga bakuna upang mapanatili kang malusog
- Mga therapy na pisikal, para sa pananalita/wika at occupational
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan na maaaring kagamitang medikal, mga supply at mga appliance
- Paggamot para sa mga problema sa mata, kasama ang mga salamin sa mata
- Paggamot para sa mga problema sa pandinig, kasama ang mga hearing aid kapag hindi sakop ng CCS ang mga ito
- Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali apra sa mga autism spectrum disorder at iba pang mga kapansanan sa paglaki



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

5 | Pangangalaga sa bata at kabataan para makaiwas sa sakit

- Pamamahala ng kaso at edukasyong pangkalusugan
- Pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura, na pag-oopera upang iwasto o ayusin ang mga abnormal na istraktura ng katawan na dulot ng mga depekto sa pagkapanganak, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, mga bukol o sakit upang mapahusay ang paggana o gumawa ng normal na hitsura

Screening ng dugo para sa pagkalason sa tingga

Ang lahat ng batang naka-enroll sa Aetna Better Health of California ay dapat magpsuri ng dugo para sa pagkalason sa tingga sa 12 at 24 na buwan o sa pagitan ng mga edad na 36 at 72 buwan kung hindi sila nasuri nang mas maaga.

Tulong para makakuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng bata at kabataan para makaiwas sa sakit

Tutulungan ng Aetna Better Health of California ang mga miyembro na wala pang 21 taong gulang at ang kanilang mga pamilya na makakuha ng mga serbisyo na kailangan nila. Ang tagapangasiwa ng pangangalaga Aetna Better Health of California ay maaaring:

- Sabihin sa iyo ang tungkol sa mga serbisyong makukuha
- Tumulong na maghanap ng mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network o wala sa network, kapag kinakailangan
- Tumulong na magpa-appointment
- Maghanda ng medikal na transportasyon para makapunta ang mga bata sa kanilang mga appointment
- Tumulong sa pangangasiwa ng pangangalaga para sa mga serbisyong makukuha sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal tulad ng:
 - Mga serbisyo sa paggamot at rehabilitasyon para sa kalusugan ng isip at sakit dahil sa pang-aabuso ng droga o alak
 - Paggamot para sa mga isyu sa ngipin, kasama ang orthodontics



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Iba pang mga serbisyo na makukuha mo sa pamamagitan ng May Bayad na Serbisyo (FFS) na Medi-Cal o iba pang mga programa

Mga check-up sa ngipin

Panatilihin malinis ang gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpunas sa gilagid ng bimpò araw-araw. Kapag nasa mga apat hanggang anim na buwan, magsisimula ang “pangngipin” habang nagsisimulang lumabas ang ngipin ng sanggol. Dapat kang magpa-appointment para sa unang pagpapatingin sa dentista ng iyong anak kapag lumabas na ang kanyang unang ngipin o sa kanyang unang kaarawan, alinman ang mas mauuna.

Ang mga sumusunod na serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal ay libre o murang mga serbisyo para sa:

Mga sanggol na nasa edad na 1 hanggang 4

- Unang pagpapatingin sa dentista ng sanggol
- Unang pagsusuri ng ngipin ng sanggol
- Mga pagsusuri ng ngipin (tuwing 6 na buwan; tuwing 3 buwan mula sa pagkapanganak hanggang sa edad na 3)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (tuwing 6 na buwan)
- Fluoride varnish (tuwing 6 na buwan)
- Mga filling
- Pagbunot ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga serbisyo para sa outpatient:
- *Pagpapakalma (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang nasa edad na 5-12

- Mga pagsusuri ng ngipin (tuwing 6 na buwan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (tuwing 6 na buwan)
- Paglilinis ng ngipin (tuwing 6 na buwan)
- Mga sealant sa bagang
- Mga filling
- Mga root canal
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga serbisyo para sa outpatient:
- *Pagpapakalma (kung medikal na kinakailangan)



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

5 | Pangangalaga sa bata at kabataan para makaiwas sa sakit

Mga batang nasa edad na 13-20

- Mga pagsusuri ng ngipin (tuwing 6 na buwan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (tuwing 6 na buwan)
- Paglilinis ng ngipin (tuwing 6 na buwan)
- Orthodontics (mga brace) para sa mga kwalipikado
- Mga filling
- Mga crown
- Mga root canal
- Pagbunot ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga serbisyo para sa outpatient:
- Pagpapakalma (kung medikal na kinakailangan)

*Ang pagpapakalma at general anesthesia ay dapat isaalang-alang kapag nakadokumento kung bakit hindi naaangkop o iminumungkahing hindi dapat gamitin, at ang paggamot sa ngipin ay paunang naaprubahan o hindi kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kabilang sa mga contraindication ang, ngunit hindi limitado sa:

- Kondisyon sa pisikal, pag-uugali, paglaki o emosyonal na nagbabawal sa pasyente na tumugon sa pagsubok ng tagapagbigay ng serbisyo na magsagawa ng paggamot
- Masusing mga procedure para maibalik ang dating hitsura o pag-oopera
- Bata na hindi nakikipagtulungan
- Malubhang impeksiyon sa bahagi kung saan iniinksyunan
- Hindi nakontrol ng local na anesthesia ang pananakit

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Programang Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari mo ring bisitahin ang website ng Programang Medi-Cal Dental sa <https://smilecalifornia.org/>.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga karagdagang serbisyo ng referral para sa edukasyon na pang-iwas sa sakit

Kung nababahala kang nahihirapang makibahagi ang iyong anak sa paaralan, kausapin ang Doktor sa Pangunahing Pangangalaga, mga guro o mga administrador ng iyong anak sa paaralan. Bilang karagdagan sa iyong mga medikal na benepisyo na sakop ng Aetna Better Health of California, may mga serbisyong dapat ibigay ng paaralan upang tulungang matuto ang iyong anak at hindi mapag-iwanan.

Kasama sa mga halimbawa ng mga serbisyong maaaring ibigay upang tulungang matuto ang iyong anak ang:

- Mga Serbisyo sa Pagsasalita at Wika
- Mga Serbisyo para sa Isip
- Physical Therapy
- Occupational Therapy
- Pantulong na Teknolohiya
- Mga Serbisyo para sa Panlipunang Gawain
- Mga Serbisyo ng Pagpapayo
- Mga Serbisyo ng Nars ng Paaralan
- Transportasyon papunta at mula sa paaralan

Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay at binabayaran ng Kagawaran ng Edukasyon ng California. Kasama ng mga doktor at guro ng iyong anak, makakagawa ka ng custom na plano na makakatulong nang pinakamabuti sa iyong anak.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

May dalawang paraan upang iulat at lutasin ang mga problema:

- Ang **reklamo** (o **karaingan**) ay kapag may problema ka sa Aetna Better Health of California o sa tagapagbigay ng serbisyo, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na nakuha mo mula sa isang tagapagbigay ng serbisyo
- Ang **apela** ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Aetna Better Health of California na baguhin o hindi sakupin ang mga serbisyo sa iyo

May karapatan kang maghain ng mga karaingan at apela sa Aetna Better Health of California upang sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema. Hindi nito inaalís ang alinman sa iyong mga karapatang legal at remedyo. Hindi kami magdidiskrimina o maghihiganti laban sa iyo sa pagrereklamo sa amin. Makatutulong sa amin ang pagpapaalam sa amin tungkol sa iyong problema na mapahusay ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Dapat kang palaging makipag-ugnayan muna sa Aetna Better Health of California upang ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Tumawag sa amin nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema.

Kung hindi pa rin nalulutas ang iyong karaingan o problema pagkalipas ng 30 araw, o kung hindi ka masaya sa resulta, maaari kang tumawag sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalaga ng California (DMHC) at hilingin sa kanilang suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng isang Malayang Pagsusuring Medikal. Maaari kang tumawag sa DMHC sa 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 o 711) o bisitahin ang website ng DMHC para sa higit pang impormasyon: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Maaari ding makatulong ang California Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Managed Care Ombudsman. Makatutulong sila kung may mga problema ka sa pagsali, pagpapalit, o pag-alis sa plano sa kalusugan. Makakatulong din sila kung



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

lumipat ka at nagkakaroon ng problema sa paglilipat ng iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari mong tawagan ang Ombudsman Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa 1-888-452-8609.

Maaari ka ring mag-file ng karaingan sa opisina ng pagiging karapat-dapat ng iyong county tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurao kung kanino ka magsasampa ng iyong karaingan, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Para mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong karagdagang insurance sa kalusugan, pakitawagan ang Medi-Cal Lunes hanggang Biyernes, sa pagitan ng 8:00 a.m. at 5:00 p.m. sa 1-800-541-5555.

Mga reklamo

Ang reklamo (o karaingan) ay kapag may problema ka o hindi nasisiyahan sa mga serbisyo na tinatanggap mo mula sa Aetna Better Health of California o sa isang tagapagbigay ng serbisyo. Walang limitasyon sa panahon ng paghahain ng reklamo. Maaari kang maghain ng reklamo sa Aetna Better Health of California anumang oras sa telepono, sa koreo o online.

- **Sa telepono:** Tumawag sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ibigay ang iyong numero ng ID ng plano sa kalusugan, ang iyong pangalan at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa koreo:** Tumawag sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 (TTY 711) at hilingin na padalhan ka ng form. Kapag natanggap mo ang form, punan ito. Siguraduhin na isama ang iyong pangalan, numero ng ID ng plano sa kalusugan at ang dahilan para sa iyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.

Ipadala sa koreo ang form sa:

Aetna Better Health of California
PO Box 81139
5801 Postal Road
Cleveland, OH 44181

May makukuhang mga form ng reklamo sa opisina ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Aetna Better Health of California. Pumunta sa www.aetnabetterhealth.com/california.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-file ng iyong reklamo, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo mula sa pagtanggap ng iyong reklamo, ipapadala namin sa iyo ang isang sulat na nagsasabi sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, ipapadala namin sa iyo ang isa pang sulat na sinasabi sa iyo kung paano namin nilutas ang iyong problema. Kung tatawagan mo ang Aetna Better Health of California tungkol sa isang karaingan na hindi tungkol sa coverage sa pangangalagang pangkalusugan, medikal na pangangailangan, o paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lang, at maaayos ang iyong karaingan bago matapos ang susunod na araw ng negosyo, maaaring hindi ka makatanggap ng sulat.

Kung mayroon kang apurahang problema na kinabibilangan ng seryosong alalahanin sa kalusugan, magsisimula kami ng pinabilis (mabilis) na pagsusuri at bibigyan ka ng desisyon sa loob ng 72 oras. Upang humiling ng isang pinabilis na pagsusuri, tawagan kami sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Sa loob ng 72 oras mula nang matanggap ang iyong reklamo, gagawa kami ng desisyon sa kung paano namin pamamahalaan ang iyong reklamo at kung pabibilisin namin ang reklamo mo. Kung malalaman naming hindi namin pabibilisin ang iyong reklamo, sasabihin namin sa iyo na aayusin namin ang reklamo mo sa loob ng 30 araw. Maaari kang direktang makipag-ugnayan sa DMHC para sa anumang dahilan, kasama ang kung naniniwala ka na ang iyong alalahanin ay kwalipikado para sa pinabilis na pagsusuri, o hindi sasagot sa iyo ang Aetna Better Health of California sa loob ng 72 oras na panahon.

Ang mga reklamong may kaugnayan sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi sumasailalim sa proseso ng karaingan ng Aetna Better Health of California o karapat-dapat para sa Malayang Pagsusuring Medikal. Ang mga miyembro ay maaaring magsumite ng mga reklamo tungkol sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-977-2273 (TTY/TDD 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711) o pagpunta sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Gayunpaman, ang mga reklamong may kaugnayan sa mga benepisyo sa parmasya na hindi sasailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang Malayang Pagsusuring Medikal. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 at ang linya ng TTY ay 1-877-688-9891. Maaari mong mahanap ang form para sa Malayang Pagsusuring Medikal/Reklamo at mga instruksyon sa online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov/>.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga Apela

Ang apela ay iba mula sa isang reklamo. Ang apela ay isang paghiling sa aming suriin at baguhin ang isang desisyong ginawa namin tungkol sa (mga) serbisyo sa iyo. Kung nagpadala kami sa iyo ng isang sulat na Abiso ng Pagkilos (NOA) na sinasabi sa iyo na aming tinatanggihan, inaantala, binabago o tinatapos ang (mga) serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming desisyon, maaari kang humingi sa amin ng apela. Maaari ring humingi sa amin ng apela ang iyong PCP o ibang tagapagbigay ng serbisyo para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot mo.

Dapat kang humingi ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng NOA na natanggap mo mula sa amin. Kung magpapasya kaming bawasan, suspindihin o itigil ang (mga) serbisyo na nakukuha mo ngayon, maaari kang patuloy na makakuha ng (mga) serbisyong iyon habang hinihintay mong mapagpasyahan ang iyong apela. Tinatawag itong Aid Paid Pending. Para makatanggap ng Aid Paid Pending, dapat kang humingi sa amin ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng NOA o bago ang petsa na sinabi naming itigil ang (mga) serbisyo sa iyo, alinman ang mas huli. Kapag humiling ka ng apela sa ilalim ng mga pangyayaring ito, magpapatuloy ang (mga) serbisyo.

Maaari kang mag-file ng apela sa telepono, sa pagsulat o online:

- **Sa telepono:** Tumawag sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ibigay ang iyong pangalan, numero ng ID ng plano sa kalusugan at ang serbisyo na inaapela mo.
- **Sa koreo:** Tumawag sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 (TTY 711) at hilingin na padalhan ka ng form. Kapag natanggap mo ang form, punan ito. Tiyakin na isama ang iyong pangalan, numero ng ID ng plano sa kalusugan at ang serbisyo na inaapela mo.

Ipadala sa koreo ang form sa:

Aetna Better Health of California
Attn: Grievance and Appeal
10260 Meanley Drive
San Diego, CA 92131

May makukuhang mga form para sa apela sa tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Aetna Better Health of California. Pumunta sa www.aetnabetterhealth.com/california.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng apela o sa Aid Paid Pending, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Sa loob ng 5 araw mula nang matanggap ang iyong apela, ipapadala namin sa iyo ang isang sulat na nagsasabi sa iyo na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, sasabihin namin sa iyo ang aming desisyon sa apela at padadalhan ka ng sulat para sa Abiso ng Paglutas sa Apela (NAR). Kung hindi ka namin biigyan ng aming desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR sa DMHC. Ngunit kung humiling ka muna ng isang Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na makakahiling ng IMR. Sa ganitong pangyayari, ang Pagdinig ng Estado ang huling magpapasya.

Kung nais mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil ang tagal upang pagpasyahan ang iyong apela ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan o kakayahang gumana sa panganib, maaari kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Gagawa kami ng isang desisyon sa loob ng 72 oras ng pagtanggap ng iyong apela.

Ano ang gagawin kung hindi ka sumang-ayon sa desisyon ng apela

Kung humiling ka ng apela at nakatanggap ka ng sulat ng NAR na nagsasabing hindi namin binago ang aming desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng sulat ng NAR at nakalipas na ang 30 araw, maaari kang:

- Humiling ng isang **Pagdinig ng Estado** mula sa the Kagawaran ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS), at susuriin ng isang hukom ang inyong kaso.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Maghain ng form para sa Malayang Pagsusuring Medikal/Reklamo sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Managed Health Care, DMHC) para ipasuri ang desisyon ng Aetna Better Health of California o humiling ng **Malayang Pagsusuring Medikal (Independent Medical Review, IMR)** mula sa DMHC. Sa panahon ng IMR ng DMHC susuriin ng doktor mula sa labas na hindi bahagi ng Aetna Better Health of California ang kaso mo. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 at ang linya ng TTY ay 1-877-688-9891. Maaari mong mahanap ang form para sa Malayang Pagsusuring Medikal/Reklamo at mga instruksyon sa online sa website ng DMHC: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi mo kailangang bayaran ang isang Pagdinig ng Estado o isang IMR.

May karapatan ka sa parehong Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung humiling ka muna ng isang Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na makakahiling ng IMR. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pagpapasya.

Nasa mga seksiyon sa ibaba ang higit pang impormasyon sa kung paano humiling ng isang Pagdinig ng Estado at ng isang IMR.

Ang mga reklamo at apela na may kaugnayan sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinamamahalaan ng Aetna Better Health of California. Maaari kang magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 and press 5 or 711). Gayunpaman, ang mga reklamo at apela na may kaugnayan sa mga benepisyo ng parmasya na hindi sumasailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang Malayang Pagsusuring Medikal.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang desisyon na may kaugnayan sa inyong benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado. **Ang mga desisyon sa benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi sumasailalim sa proseso ng IMR sa DMHC.**



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga reklamo at Mga Malayang Pagsusuring Medikal (IMR) sa Kagawaran ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan

Ang IMR ay kapag sinuri ng isang doktor mula sa labas na walang kaugnayan sa iyong planong pangkalusugan ang kaso mo. Kung gusto mo ng IMR, dapat ka munang magsampa ng apela sa Aetna Better Health of California. Kung wala kang matatanggap na sagot mula sa iyong planong pangkalusugan sa loob ng 30 araw sa kalendaryo, o kung hindi ka masaya sa desisyon ng iyong planong pangkalusugan, maaari kang humilin ng isang IMR. Dapat kang humiling ng IMR sa loob ng 6 na buwan mula sa peta na nasa abiso na nagsasabi sa iyo ng desisyon sa apela, ngunit mayroon ka lang 120 araw na humiling ng Pagdinig ng Estado, kaya kung gusto mo ng IMR at pagdinig ng Estado, ihain kaagad ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon na magagawa mo. Tandaan, kung hihiling ka muna ng isang Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig, hindi ka na makakahiling ng IMR. Sa kasong ito, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pagpapasya.

Maaari kang makakuha kaagad ng isang IMR nang hindi naghahain muna ng isang apela. Ito ay sa mga kaso kung saan apurahan ang iyong alalahanin sa kalusugan, tulad ng mga kinabibilangan ng seryosong banta sa iyong kalusugan.

Kung hindi kwalipikado sa IMR ang iyong reklamo sa DMHC, susuriin pa rin ng DMHC ang reklamo mo upang matiyak na nakagawa ang Aetna Better Health of California ng tamang desisyon noong inapela mo ang pagtanggap nito sa mga serbisyo. Kailangang sumunod ng Aetna Better Health of California sa IMR ng DMHC at mga desisyon sa pagsusuri.

Narito kung paano humiling ng IMR.

Ang California Department of Managed Health Care ay may pananagutan para sa pamamahala ng mga plano ng serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa **1-855-772-9076 (TTY 711)** at gamitin ang proseso sa karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago makipag-ugnayan sa kagawaran. Ang paggamit sa pamamaraan ng karaingan na ito ay hindi pinagbabawalan ang anumang mga posibleng legal na karapatan o mga remedyong



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Iyong magagamit. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingan na kinasasangkutan ng isang emergency, isang karaingan na hindi kasiya-siyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o isang karaingan na nananatiling hindi nalulutas nang mahigit sa 30 araw, maaari mong tawagan ang kagawaran para sa tulong. Maaari ka ring maging kwalipikado para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review, IMR). Kung karapat-dapat ka para sa isang IMR, ang proseso ng IMR ay magbibigay ng isang walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na desisyon na ginawa ng isang planong pangkalusugan na may kaugnayan sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga desisyon sa pagsakop para sa mga paggamot na sinusubukan o sinisiyasat pa lamang, at mga hindi pagkakasundo sa pagbabayad para sa mga emergency o agarang medikal na serbisyo. Ang kagawaran ay mayroon ding walang bayad na numero ng telepono (1-888-466-2219) at linya ng TDD (1-877-688-9891) para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng kagawaran na <https://www.dmhc.ca.gov/> ay mayroong mga form para sa reklamo, mga application form para sa IMR, at mga instruksyon online.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong ng mga tao mula sa California Department of Social Services (CDSS). Tutulong ang isang hukom na lutasin ang iyong problema o sabihin sa iyong tama ang ginawa naming desisyon. Mayroon kang karapatang humiling ng Pagdinig ng Estado kung humiling ka na ng apela sa amin at hindi ka pa rin masaya sa aming desisyon, o hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw.

Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa na nasa aming sulat na NAR. Gayunpaman, kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa iyong apela, at nais mo itong magpatuloy hanggang sa magkaroon ng desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa aming sulat ng NAR, o bago ang petsa na sinabi naming titigil ang (mga) serbisyo sa iyo, alinman ang mas huli. Kung kailangan mo ng tulong sa pagtiyak na magpapatuloy ang Aid Paid Pending hanggang sa magkaroon ng pinal na desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa Aetna Better Health of California 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-855-772-9076. Kung hindi ka masyadong nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti,



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

pakitawagan ang 711. Maaaring humiling ang iyong PCP ng isang Pagdinig ng Estado para sa iyo nang may nakasulat mong pahintulot.

Minsan, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso sa apela.

Halimbawa, maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso sa apela, kung hindi ka namin naabisuhan nang tama o nang nasa oras tungkol sa (mga) serbisyo sa iyo. Tinatawag itong Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi kami gumawa ng sulat na NOA na nasa mas gusto mong wika.
- Nagkamali kami na nakaapekto sa alinman sa iyong mga karapatan.
- Hindi ka namin binigyan ng sulat na NOA.
- Nagkamali kami sa aming sulat na NOA.
- Hindi namin pinagpasyahan ang iyong apela sa loob ng 30 araw. Nagpasya kaming hindi apurahan ang iyong kaso, ngunit hindi kami tumugon sa apela mo sa loob ng 72 oras.

Maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado sa telepono o sa koreo.

- **Sa telepono:** Tumawag sa Public Response Unit ng CDSS sa 1-800-952-5253 (TTY 1-800-952-8349 o 711).
- **Sa koreo:** Punan ang form na ibinigay kasama ng iyong abiso sa paglutas ng iyong mga apela.

Ipadala ito sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division
P.O. Box 944243, MS 09-17-37
Sacramento, CA 94244-2430

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libheng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Sa pagdinig, ibibigay mo ang panig mo. Ibibigay namin ang aming panig. Maaaring tumagal ito nang 90 araw para makapagdesisyon ang hukom sa iyong kaso. Dapat sundin ng Aetna Better Health of California kung ano ang ipasya ng hukom.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Kung gusto mong gumawa ng mabilis na desisyon ang CDSS dahil ang tagal upang magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay ilalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan o kakayahang ganap na gumana, ikaw o ang iyong PCP ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS at humiling ng isang pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat gumawa ng desisyon ang CDSS nang hindi lalampas sa 3 araw ng negosyo pagkatapos nitong makuha ang iyong kumpletong file ng kaso mula sa Aetna Better Health of California.

Pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso

Kung naghihinala ka na ang isang tagapagbigay ng serbisyo o ang isang taong tumatanggap ng Medi-Cal ay gumawa ng pandaraya, pag-aaksaya o pag-abuso, karapatan mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na walang bayad na numerong 1-800-822-6222 o pagsumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso ng tagapagbigay ng serbisyo ang:

- Panghuhuwad ng mga medikal na rekord
- Pagrereseta ng mas maraming gamot kaysa sa kinakailangang medikal
- Pagbibigay ng mas maraming serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan kaysa sa kinakailangang medikal
- Pagsingil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Pagsingil para sa mga propesyonal na serbisyo kapag hindi ginawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pagbibigay ng libre o may diskuwentong mga item at serbisyo sa mga miyembro bilang pagsusumikap na maimpluwensiyahan kung sinong tagapagbigay ng serbisyo ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng doktor sa pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi alam ng miyembro

Kabilang sa pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso ng isang tao na nakakakuha ng mga benepisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta o pagbibigay ng ID card ng plano sa kalusugan o Benefits Identification Card (BIC) ng Medi-Cal sa ibang tao
- Pagkuha ng katulad o parehong mga paggamot o mga gamot mula sa mahigit sa isang tagapagbigay ng serbisyo
- Pagpunta sa isang emergency room kapag hindi ito isang emergency



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

- Paggamit ng numero ng Social Security o numero ng ID ng plano sa kalusugan ng ibang tao
- Pagsakay sa mga medikal at hindi medikal na transportasyon para sa mga serbisyo na walang kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi sakop ng Medi-Cal, o kapag wala kang medikal na appointment o mga gamot na dapat kunin.

Upang iulat ang pandaraya, pag-aaksaya at pag-abuso, isulat ang pangalan, address at ID number ng tao na gumawa ng pandaraya, pagsasayang o pag-abuso. Magbigay ng mas maraming impormasyon hangga't kaya mo tungkol sa tao, tulad ng numero ng telepono o ang espesyalidad kung ito ay isang tagapagbigay ng serbisyo. Ibigay ang mga petsa ng mga kaganapan at ang buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:

Aetna Better Health of California Attn:
Special Investigations Unit
10260 Meanley Drive San Diego, CA 92131
Telepono: 1-855-321-3727 (TTY: 711)



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng Aetna Better Health of California, mayroon kang ilang karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito Kasama rin sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na may karapatan ka bilang miyembro ng Aetna Better Health of California.

Ang iyong mga karapatan

Ito ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng Aetna Better Health of California:

- Tratuhan nang may respeto at dignidad, nagbibigay ng angkop na konsiderasyon sa iyong karapatan sa privacy at ang pangangailangan na mapanatili ang pagiging kumpidensiyal ng iyong medikal na impormasyon.
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, kabilang ang mga sakop na serbisyo, mga practitioner at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Makatanggap ng ganap na naisaling-wika na nakasulat na impormasyon ng miyembro na nasa iyong mas gustong wika, kabilang ang lahat ng karaingan at mga abiso ng apela.
- Gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa patakaran ng Aetna Better Health of California sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Makapili ng isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga na nasa network ng Aetna Better Health of California.
- Magkaroon ng nasa oras na access sa mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network.
- Lumahok sa paggawa ng desisyon kasama ng mga tagapagbigay ng serbisyo tungkol sa iyong sariling pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Masabi ang mga karaingan, nang berbal o sa sulat, tungkol sa organisasyon o sa pangangalagang nakuha mo.
- Malaman ang medikal na dahilan para sa desisyon ng Aetna Better Health of California na tanggihan, antalahin, tapusin o baguhin ang paghiling ng pangangalagang medikal.
- Makatanggap ng pangangasiwa ng pangangalaga.
- Humiling ng isang apela sa mga desisyon para tanggihan, ipagpaliban o limitahan ang mga serbisyo o mga benepisyo.
- Makakuha ng walang bayad na mga serbisyo sa pagsasalin-wika para sa iyong wika.
- Tumanggap ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na opisina ng legal na tulong o ibang mga grupo.
- Upang bumalangkas ng mga paunang direktiba.
- Para humiling ng Pagdinig ng Estado kung ang serbisyo o benepisyo ay tinanggihan at nagsampa ka na ng apela sa Aetna Better Health of California at hindi ka pa rin masaya sa desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw, kasama ang impormasyon sa mga pangyayari kung posible ang pinabilis na pagdinig.
- Mag-disenroll sa Aetna Better Health of California at lumipat sa ibang planong pangkalusugan sa county kapag hiniling.
- Ma-access ang mga serbisyo sa menor de edad na hindi kailangan ng pahintulot ng magulang.
- Makatanggap ng nakasulat na impormasyon na nasa iba pang mga format (tulad ng braille, malalaking titik na print, audio at naa-access na mga elektronikong format) kapag hiniling at nang nasa oras na naaangkop para sa format na hiniling at alinsunod sa Seksyon 14182 (b)(12) ng Welfare & Institutions Code.
- Upang maging malaya mula sa anumang anyo ng pagpigil o pagbubukod na ginamit bilang paraan ng pamimilit, pagdisiplina, kaginhawahan o paghihiganti.
- Tapat na pag-usapan ang impormasyon sa mga magagamit opsyon at alternatibo sa paggamot, na ipinapakita sa paraan na angkop sa iyong kondisyon at kakayahang maunawaan, anuman ang halaga o coverage.
- Makatanggap ng access at kopya ng iyong mga medikal na rekord, at humiling na baguhin o itama ang mga ito, ayon sa itinakda sa 45 Code of Federal Regulations §164.524 at 164.526.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Kalayaang gamitin ang mga karapatang ito nang hindi nakakaapekto nang masama sa kung paano ka tinatrato ng Aetna Better Health of California, ng iyong mga tagapagbigay ng serbisyo o ng Estado.
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, mga Nagsasariling Paanakan, Mga Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan, Mga Klinikang Pangkalusugan para sa Indian, mga serbisyo ng komadrona, mga Panlalawiang Sentrong Pangkalusugan, mga serbisyo para sa sakit na naihahawa sa pakikipagtalik at mga serbisyo na pang-emergency na wala sa network ng Aetna Better Health of California alinsunod sa pederal na batas.

Ang iyong mga responsibilidad

Mayroon ng mga responsibilidad na ito ang mga miyembro ng Aetna Better Health of California:

- Basahin itong Katibayan ng Coverage. Sinasabi nito ang tungkol sa aming mga serbisyo, at kung paano mag-file ng karaingan o apela.
- Sundin ang mga tuntunin ng Aetna Better Health.
- Gamitin ang iyong mga ID card kapag pumunta ka sa appointment ng pangangalagang pangkalusugan o kumuha ng mga serbisyo at hindi hayaan ang sinuman na gamitin ang iyong mga card.
- Tratuhan nang may respeto ang mga doktor, kawani at mga taong nagbibigay ng mga serbisyo sa iyo. • Malaman ang pangalan ng iyong PCP at ng iyong tagapamahala ng pangangalaga kung mayroon. • Malaman ang tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan at ang mga panuntunan para makakuha ng pangangalaga.
- Sabihin sa Plano at sa DHCS kapag gumawa ka ng mga pagbabago sa iyong address, numero ng telepono, laki ng pamilya, paglipat sa labas ng estado, pagbabago ng trabaho at iba pang impormasyon na maaaring makaapekto sa pag-reenroll.
- Maunawaan ang iyong mga problemang pangkalusugan at lumahok sa pagbuo ng napagkasunduang mga mithiin sa paggamot, sa antas na posible.
- Maging magalang sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay sa iyo ng pangangalaga.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

7 | Mga karapatan at responsibilidad

- Mag-iskedyul ng iyong mga appointment, maging nasa oras, at tumawag kung ikaw ay mahuhuli o hindi makakarating sa iyong appointment. Kung kailangan mong kanselahin ang isang appointment, dapat itong gawin nang dalawampu't apat (24) na oras man lang bago ang iyong naka-iskedyul na pagpapatingin.
- Gamitin ang emergency room para sa mga tunay na emergency lamang.
- Ibigay ang lahat ng impormasyon tungkol sa iyong kalusugan sa Aetna Better Health at sa iyong doktor. Kabilang dito ang mga rekord ng pagbabakuna para sa mga miyembro na mas bata sa dalawampu't isa (21).
- Sabihin sa iyong doktor kung hindi mo nauunawaan ang sinasabi nila sa iyo tungkol sa iyong kalusugan upang ikaw at ang iyong doktor ay magkasamang makagawa ng mga plano tungkol sa iyong pangangalaga.
- Sabihin sa Plano at DHCS ang tungkol sa iyong mga alalahanin, tanong o problema.
- Humingi ng mas marami pang impormasyon kung hindi mo nauunawaan ang iyong pangangalaga o kondisyon ng kalusugan.
- Sundin kung ano ang napagkasunduan mo at ng iyong doktor na gawin. Gumawa ng mga kasunod na mga appointment. Inumin ang mga gamot at sundin ang mga tagubilin sa pangangalaga ng iyong doktor.
- I-iskedyul ang mga pagpapatingin ng mabuting kalusugan ng katawan at isipan. Kailangang sundin ng mga miyembrong mas bata sa dalawampu't isa (21) taong gulang ang iskedyul ng Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Pag-diagnose at Paggamot (EPSDT).
- Kumuha ng pangangalaga sa lalong madaling panahon na malaman mo na ikaw ay buntis. Gawin ang lahat ng appointment habang nagbubuntis.
- Sabihin sa amin ang tungkol sa anumang iba pang insurance na mayroon ka.
- Sabihin sa amin kung nag-a-apply ka para sa o kumukuha ng anumang iba pang mga benepisyo ng pangangalagang pangkalusugan.
- Dalhin ang mga rekord ng bakuna sa lahat ng appointment para sa mga batang wala pang 18 taong gulang.
- Bigyan ang iyong doktor ng kopya ng iyong buhay na kalooban o paunang direktiba.
- Subaybayan ang gastusin ng nakabahaging halaga na binabayaran mo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Abiso ng kawalan ng diskriminasyon

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Sumusunod ang Aetna Better Health of California sa mga batas ng Estado at Pederal tungkol sa mga karapatang sibil. Ang Aetna Better Health of California ay hindi labag sa batas na nandiskrimina, nagtatangi ng mga tao o tinatrato sila nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang etnikong grupo, edad, kapansanan sa isip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, henetikong impormasyon, estado ng kasal, kasarian, kinikilalang kasarian o sekswal na oryentasyon.

Ang Aetna Better Health of California ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may mga kapansanan upang tulungan silang makipag-uganayan nang mas mabuti, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong sign language interpreter
 - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malalaking print, audio, mga accessible electronic format, at iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Aetna Better Health of California 24 na oras sa isang araw 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-855-772-9076. O, kung hindi ka gaanong makarinig o makapagsalita, pakitawagan ang 711 para gamitin ang California Relay Service.

Paano magsampa ng karaingan

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyong ito o kung labag sa batas itong nandiskrimina sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, kinikilalang grupo ng etniko, edad, kapansanan sa isip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, impormasyon ng henetiko, marital status, kinikilalang kasarian o sekswal na oryentasyon, maaari kang magsampa ng karaingan sa Tagapangasiwa ng Mga Karapatang Sibil ng Aetna Better Health of California. Maaari kang maghain ng karaingan sa telepono, koreo, sa personal o sa elektronikong paraan:



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- **Sa telepono:** Makipag-ugnayan nang 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-855-772-9076. O, kung hindi ka gaanong makarinig o makapagsalita, pakitawagan ang 711 para gamitin ang California Relay Service.
- **Sa sulat:** Punan ang isang form para sa reklamo o sumulat at ipadala ito sa:
Aetna Better Health
Attn: Civil Rights Coordinator
4500 East Cotton Center Boulevard
Phoenix, AZ 85040
- **Sa personal:** Bumisita sa opisina ng inyong doktor o ang Aetna Better Health of California at sabihing gusto ninyong magsampa ng karaingan.
- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang website ng Aetna Better Health of California sa [AetnaBetterHealth.com/California](https://www.aetnabetterhealth.com/California).

Office of Civil Rights – California Department of Health Care Services

Maaari ka ring magsampa ng reklamo sa mga karapatang sibil sa California Department of Health Care Services Office of Civil Rights, sa pamamagitan ng telepono, sulat o sa elektronikong paraan:

- **Sa telepono:** Tumawag sa 916-440-7370. Kung hindi kayo masyadong nakakarinig o nakakapagsalita, mangyaring tumawag sa 711 (Telecommunications Relay Service).
- **Sa sulat:** Punan ang isang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:
Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

Makakakuha ng mga form para sa reklamo sa https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- **Sa elektronikong paraan:** Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Office of Civil Rights – U.S. Department of Health and Human Services

Kung ikaw ay naniniwalang diniskrimina ka dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo tungkol sa mga karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights sa pamamagitan ng telepono, sa sulat o sa elektronikong paraan:

- **Sa telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung hindi ka gaanong nakakapagsalita o nakakarinig, pakitawagan ang TTY 1-800-537-7697 o 711 para gamitin ang California Relay Service.
- **Sa sulat:** Punan ang isang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

Makakakuha ng mga form para sa reklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang Portal para sa Reklamo ng Opisina para sa mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.

Mga paraan upang makibahagi bilang miyembro

Gustong may marinig sa iyo ang Aetna Better Health of California Bawat quarter, ang Aetna Better Health of California ay may mga pagpupulong upang pag-usapan kung ano ang gumagana nang mabuti at kung paano maaaring humusay ang Aetna Better Health of California. Iniimbitahan ang mga miyembro na dumalo. Pumunta sa isang pulong!

Nagpapayo na Komite para sa Miyembro (MAC)

Ang Aetna Better Health of California ay may grupong tinatawag na Nagpapayo na Komite para sa Miyembro. Binubuo ang grupong ito ng kawani ng Aetna Better Health of California, mga miyembro, indibidwal at mga tagapagbigay ng serbisyo na may kaalaman at karanasan sa paglilingkod sa mga nakatatandang tao at mga taong may kapansanan, mga kinatawan mula sa mga ahensiya ng komunidad at mga tagataguyod ng komunidad. Maaari kang sumali sa grupong ito kung gugustuhin mo. Pinag-uusapan ng grupo kung paano pahuhusayin ang mga patakaran ng Aetna Better Health of California at responsable ito para sa:



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

- Pagbibigay ng input sa mga pangangailangang pangkultura at panglingguwistika
- Pagsusuri at paggawa ng mga rekomendasyon upang mapahusay ang paggana ng plano
- Pagbibigay ng feedback sa mga materyal ng miyembro upang maging mas epektibo ang mga ito at mas nababagay sa gumagamit
- Pagmumungkahi ng mga paraan upang mas mahusay na maiparating ang wastong paggamit ng emergency room at paggamit ng mga serbisyong pangtransportasyon

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-855-772-9076 (TTY 711).

Abiso ng Mga Gawi sa Privacy

Makakakuha at ibibigay sa iyo ang isang pahayag na naglalarawan ng mga patakaran at pamamaraan ng Aetna Better Health of California para mapanatili ang pagiging kumpidensyal ng mga medikal na rekord kapag hiniling mo.

Ang mga miyembro na maaaring pahintulatang makatanggap ng mga sensitibong serbisyo ay hindi kailangang kumuha ng anumang awtorisasyon ng miyembro upang makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o upang magsumite ng claim para sa mga sensitibong serbisyo. Ipapadala ng Aetna Better Health of California ang mga direktang komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa alternatibong nakatalagang address para sa sulat, email address, o numero ng telepono ng miyembro o, kung walang itinalaga, sa ngalan ng miyembro sa address o numero ng telepono na nasa file. Hindi sasabihin ng Aetna Better Health of California ang mga medikal na impormasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo sa ibang miyembro nang walang nakasulat na pahintulot mual sa miyembrong tumatanggap ng pangangalaga. Tatanggapin ng Aetna Better Health of California ang mga kahilingan para sa kumpidensyal na komunikasyon nang ayon sa uri at format na hiniling, kung magagawa ito sa hiniling na uri at format, o sa mga alternatibong lokasyon. Ang paghiling ng miyembro ng mga kumpidensyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo ay magiging may bisa hanggang sa bawiin ng miyembro ang kahilingan o magsumite ng bagong kahilingan para sa mga kumpidensyal na komunikasyon.

Para humiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Aetna Better Health of California sa 1-855-772-9076 (TTY: 711).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Abiso ng Mga Gawi sa Privacy

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at ibunyag ang medikal na impormasyong tungkol sa iyo at kung paano ka magkakaroon ng access sa impormasyong ito. Pakibasa ito nang maingat.

Magkakabisa ang abisong ito sa Enero 1, 2018.

Ano ang ibig sabihin namin kapag ginamit namin ang mga salitang “impormasyong pangkalusugan”

Ginagamit namin ang mga salitang “impormasyong pangkalusugan” kapag ang ibig sabihin namin ay impormasyon na kumikilala sa iyo. Kabilang sa mga halimbawa ang iyong:

- o Pangalan
- o Petsa ng kapanganakan
- o Natanggap mong pangangalagang pangkalusugan
- o Mga halaga na ibinayad sa iyong pangangalaga

Paano namin ginagamit at ibinabahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan

Tumulong na pangalagaan ka: Maaari naming gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang makatulong sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

Ginagamit din namin ito upang magpasya kung anong mga serbisyo ang sakop ng iyong mga benepisyo. Maaari naming sabihin sa iyo ang tungkol sa mga serbisyong maaari mong makuha. Maaaring ito ay mga pagpapatingin o mga pagsusuring medikal. Maaari ka rin naming paalalahanan sa iyong mga appointment. Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa ibang tao na nagbibigay sa iyo ng pangangalaga. Maaaring ito ay mga doktor o botika. Kung wala ka na sa aming plano, sa pamamagitan ng iyong pagpayag, ibibigay namin ang iyong impormasyong pangkalusugan sa iyong bagong doktor.

Pamilya at mga kaibigan: Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa isang tao na tumutulong sa iyo. Maaaring tumutulong sila sa iyong pangangalaga o tumutulong magbayad para sa iyong pangangalaga. Halimbawa, kung ikaw ay naaksidente, maaaring kailanganin naming kausapin ang isa sa mga taong ito. Kung ayaw mo na ibigay namin ang iyong impormasyong pangkalusugan tumawag sa amin. Kung mas bata ka sa labingwalo at ayaw na ibigay namin ang iyong impormasyong pangkalusugan sa iyong mga magulang. Tawagan kami. Makakatulong kami sa ilang kaso kung pinahihintulutan ng batas ng estado.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Para sa pagbabayad: Maaari naming ibigay ang iyong impormasyong pangkalusugan sa iba na nagbabayad para sa iyong pangangalaga. Dapat kaming bigyan ng iyong doktor ng isang claim form na kasama ang iyong impormasyong pangkalusugan. Maaari din naming gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang tingnan ang pangangalaga na ibinibigay sa iyo ng iyong doktor. Maaari din naming tingnan ang paggamit mo ng mga serbisyong pangkalusugan.

Mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan: Maaari naming gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang matulungan kaming gawin ang aming trabaho. Halimbawa, maaari naming gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa:

- o Pagtataguyod ng kalusugan
- o Pamamahala sa kaso
- o Pagpapahusay ng kalidad
- o Pag-iwas sa pandaraya
- o Pag-iwas sa sakit
- o mga legal na usapin

Maaaring makipagtulungan sa iyong doktor ang isang tagapamahala ng kaso. Maaaring sabihin nila sa iyo ang tungkol sa mga programa o lugar na maaaring makatulong sa iyo sa iyong problema sa kalusugan. Kapag tumawag ka sa amin na may mga tanong kailangan naming tingnan ang iyong impormasyong pangkalusugan upang mabigyan ka ng sagot.

Lahi/Etnisidad, Wika, Sekswal na Oryentasyon at Data sa Kinikilalang Kasarian

Maaari kaming kumuha ng impormasyon na may kaugnayan sa iyong lahi, etnisidad, wika, sekswal na oryentasyon at kinikilalang kasarian. Pinoprotektahan namina ng impormasyong ito gaya ng inilalarawan sa abisong ito. Ginagamit namin ang impormasyong ito upang:

- Matiyak na nakukuha mo ang pangangalagang kailangan mo
- Gumawa ng mga programa upang mapaganda ang mga resulta sa kalusugan
- Gumawa ng impormasyon para sa edukasyong pangkalusugan
- Ipaalam sa mga doktor ang tungkol sa iyong mga pangangailangan sa wika
- Tugunan ang mga pagkakaiba-iba sa pangangalagang pangkalusugan
- Ipaalam sa mga kawani at doktor na nakakaharap ng miyembro ang tungkol sa iyong mga pronoun



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Hindi namin ginagamit ang impormasyong ito upang:

- Matukoy ang mga benepisyo
- magbayad ng mga claim
- Matukoy ang iyong gastos o pagiging karapat-dapat para sa mga benepisyo
- Mandiskrimina ng mga miyembro para sa anumang dahilan
- Tukuyin ang availability ng pangangalagang pangkalusugan o pang-administratibong serbisyo o access

Pagbabahagi sa iba pang mga negosyo

Maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa iba pang mga negosyo. Ginagawa namin ito para sa mga kadahilanang ipinaliwanag namin sa itaas. Halimbawa, maaaring mayroon kang trasportasyon na sakop sa iyong plano. Maaari naming ibahagi sa kanila ang iyong impormasyong pangkalusugan upang matulungan kang makapunta sa opisina ng doktor. Sasabihin namin sa kanila kung ikaw ay nasa isang de-motor na wheelchair, para magpadala sila ng van sa halip na kotse para sunduin ka.

Iba pang mga dahilan na maaari naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan

Maaari din naming ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa mga kadahilanang ito:

- Pampublikong kaligtasan - Upang tumulong sa mga bagay tulad ng pag-abuso sa bata. Mga banta sa pampublikong kalusugan.
- Pananaliksik - Sa mga mananaliksik. Pagkatapos na makuha ang pangangalaga upang pangalagaan ang iyong impormasyon.
- Mga kasosyo sa negosyo - Sa mga tao na nagbibigay ng mga serbisyo sa amin. Ipinapangako nilang pananatilihing ligtas ang iyong impormasyon.
- Regulasyon ng industriya - Sa mga ahensiya ng estado at pederal. Sinusuri nila kami upang matiyak na mabuti ang ginagawa naming trabaho.
- Pagpapatupad ng batas - Sa mga taong tagapagpatupad ng pederal, estado at lokal.
- Mga legal na pagkilos - Sa mga hukuman para sa isang demanda o legal na usapin.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga dahilan na kakailanganin namin ang iyong nakasulat na pagpayag

Maliban sa kung ano ang ipinaliwanag namin sa itaas, hihingin namin ang iyong pagpayag bago gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan.

Halimbawa, hihingin namin ang iyong pagpayag:

- Para sa mga kadahilanang pang-marketing na walang kinalaman sa iyong plano sa kalusugan.
- Bago ibahagi ang anumang mga tala ng psychotherapy.
- Para sa pagbenta ng iyong impormasyong pangkalusugan.
- Para sa iba pang kadahilanan na hinihingi ng batas.

Maaari mong kanselahin ang iyong pagpayag sa anumang oras. Upang kanselahin ang iyong pagpayag, sumulat sa amin. Hindi namin magagamit o maibabahagi ang iyong impormasyong genetiko kapag ginawa namin ang desisyon na bigyan ka ng insurance sa pangangalagang pangkalusugan.

Anu-ano ang iyong mga karapatan

May karapatan kang makita ang iyong impormasyong pangkalusugan.

- Maaari mong hilingin sa amin ang isang kopya nito.
- Maaari mong hilingin ang iyong mga medikal na rekord. Tumawag sa opisina ng iyong doktor o sa lugar kung saan ka ginamot.

May karapatan kang hilingin sa amin na baguhin ang iyong impormasyong pangkalusugan.

- Maaari mong hilingin sa amin na baguhin ang iyong impormasyong pangkalusugan kung sa palagay mo ay hindi ito tama.
- Kung hindi kami sasang-ayon sa pagbabagong hihilingin mo, hilingin sa aming magsampa ng nakasulat na pahayag ng hindi pagsang-ayon.

May karapatan ka na makakuha ng listahan ng mga tao o grupo na kung kanino ay ibinahagi namin ang iyong impormasyong pangkalusugan.

May karapatan ka na humiling ng isang pribadong paraan upang makipag-ugnayan sa iyo.

- Kung sa palagay mo na ang paraan ng pakikipag-ugnayan namin sa iyo ay hindi ganap na pribado, tumawag sa amin.
- Gagawin namin ang pinakamahasag upang makipag-ugnayan sa iyo sa isang paraan na mas pribado.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

May karapatan ka na humiling ng espesyal na pag-iingat sa kung paano namin ginagamit o ibinabahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan.

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga paraang inilalarawan namin sa abisong ito.
- Maaari mong hilingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang iyong impormasyon sa mga paraang ito. Kabilang dito ang pagbabahagi sa mga tao na sangkot sa iyong pangangalagang pangkalusugan.
- Hindi namin kailangang sumang-ayon. Ngunit, pag-iisipan namin itong mabuti.

May karapatan kang malaman kung ibinahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan nang wala ang iyong pagpayag.

- Sasabihin namin sa iyo sa isang sulat kung ginawa namin ito.

Tawagan kami nang walang bayad sa 1-855-772-9076 (TTY: 711) to:

- Hilingin sa amin na gawin ang alinman sa mga bagay na nasa itaas.
- Hilingin sa amin ang papel na kopya ng abisong ito.
- Itanong sa amin ang anumang tanong tungkol sa abiso.

May karapatan ka ring magpadala sa amin ng isang reklamo. Kung sa tingin mong nilabag ang iyong mga karapatan, sumulat sa amin sa:

Aetna HIPAA Member Rights Team
P.O. Box 14079
Lexington, KY 40512-4079
FAX: 859-280-1272

Maaari kang magpadala ng mga reklamo sa privacy sa California Department of Health Care Services:

DHCS Privacy Officer
c/o: Office of HIPAA Compliance, Department of Health Care Services
P.O. Box 997413, MS 4722
Sacramento, CA 95899-7413
Email: privacyofficer@dhcs.ca.gov
Telepono: 916-445-4646
Fax: 916-440-7680



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Maaari ka ring maghain ng reklamo sa Kagawaran ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao, Opisina ng Mga Karapatang Sibil. Tawagan kami upang makuha ang address sa 1-855-772-9076 (TTY:711).

Kung hindi ka nasisiyahan at sasabihin sa Opisina ng Mga Karapatang Sibil, hindi mawawala sa iyo ang pagiging miyembro ng plano o mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi namin gagamitin ang iyong reklamo laban sa iyo.

Pangangalaga sa iyong impormasyon

Pinangangalagaan namin ang iyong impormasyong pangkalusugan gamit ang mga partikular na pamamaraan, tulad ng:

- Pangangasiwa. Mayroon kaming mga tuntunin na nagsasabi sa amin kung paano gamitin ang iyong impormasyong pangkalusugan sa anumang anyo ito naroroon – nakasulat, sa salita, o elektroniko.
- Pisikal. Nakakandado ang iyong impormasyong pangkalusugan at nakatago sa mga ligtas na lugar. Pinangangalagaan namin ang pagpasok sa aming mga computer at gusali. Tinutulungan kami nito na harangan ang walang pahintulot sa pagpasok.
- Teknikal. Ang pag-access sa iyong impormasyong pangkalusugan ay “nakabatay sa tungkulin.” Pinapayagan lang nito ang mga taong kailangang gawin ang kanilang trabaho at magbigay ng pangangalaga sa iyo upang magkaroon ng access.

Sinusunod namin ang lahat ng batas ng estado at pederal para sa proteksiyon ng iyong impormasyong pangkalusugan.

Babaguhin ba namin ang abiso ito

Ayon sa batas, dapat mong panatilihin pribado ang iyong impormasyong pangkalusugan. Dapat naming sundin ang kung ano ang sinasabi namin sa paunawang ito. May karapatan din kaming baguhin ang paunawang ito. Kung binago namin ang abisong ito, nalalapat ang mga pagbabago sa lahat ng iyong impormasyon na mayroon kami o makukuha sa hinaharap. Makakakuha ka ng kopya ng pinakabagong abiso sa aming website sa [AetnaBetterHealth.com/California](https://www.aetnabetterhealth.com/california).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang nalalapat sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring makaapekto ang mga batas na ito sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi isinama ang mga batas o ipinaliwanag sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na gagamitin sa handbook na ito ay mga batas ng estado at pederal na tungkol sa programa ng Medi-Cal. Maaari ding angkop ang ibang mga batas ng pederal at estado.

Abiso tungkol sa Medi-Cal bilang huling magbabayad, iba pang coverage sa kalusugan at panunumbalik mula sa mga maling nagawa

Sumusunod ang programa ng Medi-Cal sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na may kaugnayan sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng Aetna Better Health of California ang lahat ng makatwirang hakbang upang matiyak na huling magbabayad ang programa ng Medi-Cal.

Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay maaaring magkaroon ng iba pang coverage sa kalusugan (OHC), tinatawag ding pribadong insurance sa kalusugan. Bilang kondisyon ng pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, dapat kang mag-apply para sa at/o panatilihin ang anumang available na OHC kapag wala kang babayaran.

Inaatas ng mga batas ng pederal at estado sa mga miyembro ng Medi-Cal na iulat ang OHC at anumang pagbabago sa dati nang OHC. Kung hindi mo maagang iulat ang OHC, maaaring kailanganin mong bayaran ang DHCS para sa anumang benepisyong nabayaran bilang isang pagkakamali. Isumite ang iyong OHC online sa at <http://dhcs.ca.gov/OHC>. Kung wala kang access sa internet, maaaring iulat ang iyong OHC sa iyong planong pangkalusugan, o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 711; sa loob ng California), o 1-916-636-1980 (sa labas ng California). May karapatan at responsibilidad ang DHCS na kumolekta para sa mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal na kung saan hindi ang Medi-Cal ang unang tagapagbayad. Halimbawa, kung ikaw ay nasaktan o napinsala sa isang aksidente sa kotse o sa trabaho, maaaring kailanganing magbayad muna ang insurance ng sasakyan o insurance para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa, o i-reimburse ang Medi-Cal.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Kung masasaktan o mapipinsala ka, at may ibang paritong mananagot para sa iyong pinsala, ikaw o ang iyong legal na kinatawan ay dapat abisuhan ang DHCS sa loob ng 30 araw ng pagsasampa ng legal na aksyon o ng paghahabol. Isumite ang iyong abiso sa online:

- Personal Injury Program sa <http://dhcs.ca.gov/PI>
- Workers Compensation Recovery Program sa <http://dhcs.ca.gov/WC>

Para malaman pa, tumawag sa 1-916-445-9891.

Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Dapat humingi ng bayad ang programa ng Medi-Cal mula sa mga ari-arian ng pumanaw na mga miyembro para sa mga benepisyong sa Medi-Cal na natanggap sa o pagkatapos ng kanilang ika-55 kaarawan. Kasama sa kabayaran ang mga premium para sa may bayad na serbisyo at pinamamahalaang pangangalaga at mga capitation na pagbabayad para sa mga serbisyo ng nursing facility, mga serbisyo sa tahanan at komunidad, at mga serbisyo na may kaugnayan sa ospital at inireresetang gamot na natanggap noong inpatient ang miyembro sa nursing facility o tumatanggap ng mga serbisyo sa tahanan at komunidad. Hindi maaaring lumampas ang kabayaran sa halaga ng probated na ar-arian ng miyembro.

Para malaman pa, pumunta sa website ng DHCS para sa pagbawi ng ari-arian sa <http://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa 1-916-650-0590.

Abiso na Kailangan ng Aksyon

Padadalhan ka ng Aetna Better Health of California ng sulat ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, NOA) anumang oras na tatanggihan, aantalahin, tatapusin o babaguhin ng Aetna Better Health of California ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng plano, maaari kang maghain ng apela sa Aetna Better Health of California. Pumunta sa seksyon na Mga Apela sa itaas para sa mahalagang impormasyon sa pagsasampa ng iyong apela. Kapag pinadalhan ka ng Aetna Better Health of California ng NOA, sasabihin nito sa iyo ang lahat ng karapatang mayroon kang kung hindi ka sumasang-ayon sa ginawa naming desisyon.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga Nilalaman sa mga Abiso

Kung ibabatay ng Aetna Better Health of California ang mga pagtangga, pag-antala, pagtapos, o mga pagbabago nang buo o bahagi sa pangangailangang medikal, ang iyong NOA ay dapat mayroon ng mga sumusunod:

- Pahayag ng aksyon na nilalayong gawin ng Aetna Better Health of California.
- Malinaw at maikling paliwanag ng mga dahilan para sa desisyon ng Aetna Better Health of California.
- Paano nagpasya ang Aetna Better Health of California. Dapat kasama rito ang mga pamantayang ginamit ng Aetna Better Health of California.
- Ang mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat malinaw na sabihin ng Aetna Better Health of California kung paano hindi nakakatugon ang kondisyon ng miyembro sa mga pamantayan o mga alituntunin.

Mga Pagsasalin-wika

Ang Aetna Better Health of California ay kinakailangang isalin nang buo at magbigay ng nakasulat na impormasyon ng miyembro nang nasa mga karaniwang wika, kasama ang lahat ng karaingan at mga abiso ng apela.

Dapat kasama sa ganap na naisaling-wika na abiso ang medikal na dahilan para sa desisyon ng Aetna Better Health of California na bawasan, suspindihin, o itigil ang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Kung hindi available ang iyong mas gustong wika, ang MCP ay kaialngang magbigay ng berbal na tulong na nasa iyong mas gustong wika para maunawaan mo ang impormasyong natatanggap mo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

8. Mahahalagang numero at salita na dapat malaman

Mahahalagang numero ng telepono

- Member services ng Aetna Better Health of California 1-855-772-9076 (TTY 711)
- Medi-Cal Rx sa 800-977-2273 (TTY 800-977-2273 at pindutin ang 5 o 711)
- Access 2 Care (Hindi Agaran) na Transportasyon: 1-888-334-8352.
- Mga Serbisyo ng Interpreter at Pagsasalin-wika tumawag sa Member Services sa 1-855-772-9076 (TTY: 711)

Mga salitang dapat malaman

Active labor: Ang panahon na ang isang babae ay nasa tatlong yugto ng panganganak at alinman sa hindi ligtas na mailipat nang nasa oras sa isa pang ospital bago manganak o ang paglipat ay maaaring makapinsala sa kalusugan at kaligtasan ng babae o hindi pa naisisilang na sanggol.

Agarang pangangalaga (o agarang mga serbisyo): Mga serbisyong ibinibigay upang gamutin ang isang hindi emergency na sakit, pinsala o kondisyon na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Maaari kang makakuha ng agarang pangangalaga mula sa tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network, kung pansamantalang hindi available o hindi ma-access ang mga tagapagbigay ng serbisyo.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

American Indian: Isang indibiduwal na tinukoy sa titulo 25 ng U.S.C. seksyon 1603(13), 1603(28). 1679(a) o nalamang karapat-dapat bilang isang Indian, alinsunod sa 42 C.F.R. 136.12 o Title V ng Indian Health Care Improvement Act, na tumanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan na Indian (Serbisyo sa Kalusugan para sa Indian, Indian na Tribo, Organisasyon ng Tribo o Organisasyon ng Indian sa Lungsod-I/T/U) o sa pamamagitan ng referral ayon sa Mga Serbisyo sa Kalusugan na nasa Kontrata.

Aparatong prosthetic: Isang artipisyal na aparato na nakakabit sa katawan upang palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

Apela: Kahilingan ng miyembro para suriin at baguhin ng Aetna Better Health of California ang desisyon na ginawa tungkol sa coverage para sa hiniling na serbisyo.

California Children's Services (CCS): Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo para sa mga bata na hanggang edad na 21 na may ilang sakit at mga problema sa kalusugan.

California Health and Disability Prevention (CHDP): Isang pampublikong programa sa kalusugan na nagbabayad sa mga pampubliko at pribadong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga maagang pag-assess ng kalusugan upang matuklasan o maiwasan ang sakit at mga kapansanan ng mga bata at kabataan. Tinutulungan ng programa ang mga bata at kabataan na ma-access ang regular na pangangalagang pangkalusugan. Maaaring magkaloob ang iyong PCP ng mga serbisyong CHDP.

Chiropractor: Isang tagapagbigay ng serbisyo na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng mano-manong manipulasyon.

Copayment: Isang pagbabayad na ginagawa mo, karaniwang sa panahon ng serbisyo, bilang karagdagan sa pagbabayad ng tagaseguro.

Coverage (mga serbisyong sakop): Mga serbisyo ng Medi-Cal na responsableng bayaran ng Aetna Better Health of California. Ang mga sakop na serbisyo ay sumasailalim sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon at mga hindi kasama sa kontrata ng Medi-Cal at ayon sa nakalista sa Katibayan ng Coverage (EOC) na ito at anumang pagbabago.

Coverage para inireresetang gamot: Coverage para sa mga gamot na inireseta ng isang tagapagbigay ng serbisyo.

DHCS: Ang California Department of Health Care Services. Ito ang opisina ng Estado na nangangasiwa sa programang Medi-Cal.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Direktoryo ng Tagapagbigay ng Serbisyo Isang listahan ng mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network ng Aetna Better Health of California.

DMHC: Ang California Department of Managed Health Care. Ito ang opisina ng Estado na nangangasiwa sa mga plano sa kalusugan na pinamamahalaang pangangalaga.

Emergency na kondisyong medikal: Isang kondisyong medikal o psychiatric (sa isip) na may malulubhang sintomas, gaya ng active labor (tingnan ang depinasyon sa itaas) o matinding pananakit, na ang isang tao na may makatuwirang kaalaman sa kalusugan at medisina ay makatuwirang maniniwala na kapag hindi makatanggap ng agarang pangangalagang medikal ay:

- Maglalagay sa malubhang panganib ng iyong kalusugan o ang kalusugan ng hindi pa naisisilang na sanggol
- Magiging sanhi ng kahinaan sa paggana ng katawan
- Magiging sanhi ng hindi tamang paggana ng isang bahagi o organ ng katawan

Espesyalista (o espesyalistang doktor): Isang doktor na gumagamot ng ilang partikular na uri ng problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ginagamot ng orthopedic surgeon ang mga baling buto, ginagamot ng allergist ang mga allergy, at ginagamot ng cardiologist ang mga problema sa puso. Sa karamihan ng kaso, kakailanganin mo ng referral mula sa iyong PCP upang pumunta sa isang espesyalista.

Established na pasyente: Isang pasyenteng may dati nang kaugnayan sa isang tagapagbigay ng serbisyo at nagpatingin sa tagapagbigay ng serbisyo na iyon sa loob ng tinukoy na dami ng panayon na itinatag ng Plano.

Federally Qualified Health Center (FQHC): Isang sentrong pangkalusugan sa isang lugar na walang maraming tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha ka ng pangunahin at pag-iwas sa sakit na pangangalaga sa isang FQHC.

Health Care Options (HCO): Ang programang maaaring mag-enroll o mag-disenroll sa iyo sa planong pangkalusugan.

Hindi gumagaling na kondisyon: Isang sakit o problemang medikal na hindi ganap na malunasan o na mas lalong lumulubha sa paglipas ng panahon o na dapat magamot upang hindi ka lumala.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Hindi kalahok na tagapagbigay ng serbisyo: Isang tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network ng Aetna Better Health of California.

Hindi sakop na serbisyo: Isang serbisyong hindi sinasakop ng Aetna Better Health of California.

Hospice: Pangangalaga upang bawasan ang mga pisikal, emosyonal, panlipunan at ispirituwal na mga kahirapan para sa isang miyembro na may sakit na nagtatanging ng buhay. Makukuha ang pangangalaga ng hospice kapag ang inaasahang itatagal ng buhay ng miyembro ay 6 na buwan o mas mababa.

Iba pang coverage sa kalusugan (other health coverage, OHC): Ang iba pang coverage sa kalusugan (OHC) ay tumutukoy sa pribadong insurance sa kalusugan at mga nagbabayad ng serbisyo bukod sa Medi-Cal. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang pang-medikal, pangngipin, para sa paningin, botika at/o mga karagdang plan ng Medicare (Part C at D).

Indian na Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP): Isang programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinatatakbo ng Indian Health Service (IHS), Tribo ng Indian, Organisasyon ng Tribo o Panlalawigang Organisasyon ng Indian (I/T/U) ang mga salitang iyon ay tinukoy sa Seksyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (25 U.S.C. seksyon 1603).

Insurance sa kalusugan: Coverage sa insurance na nagbabayad para sa mga gastusing medikal at operasyon sa pamamagitan ng pagbabayad sa nakaseguro para sa mga gastusin mula sa sakit o pinsala o pagbabayad nang direkta sa tagapagbigay ng pangangalaga.

Kalahok na ospital: Isang lisensiyadong ospital na may kontrata sa Aetna Better Health of California upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa oras na nakakuha ng pangangalaga ang miyembro. Ang mga sakop na serbisyo na maaaring ialok ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay limitado ng mga patakaran sa pagsusuri ng paggamit at katiyakan ng kalidad ng Aetna Better Health of California o kontrata ng Aetna Better Health of California sa ospital.

Kalahok na tagapagbigay ng serbisyo (o kalahok na doktor): Isang doktor, ospital o iba pang lisensiyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensiyadong pasilidad ng kalusugan, kabilang ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa Aetna Better Health of California upang magbigay ng mga sakop na serbisyo sa mga miyembro sa oras na nakakuha ng pangangalaga ang miyembro.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

8 | Mahalagang numero at mga salitang dapat malaman

Karaingan: Isang berbal o nakasulat na pagpapahayag ng kawalan ng kasiyahan ng miyembro sa Aetna Better Health of California, isang tagapagbigay ng serbisyo o mga serbisyong ibinigay. Ang reklamong isinampa sa Aetna Better Health of California tungkol sa tagapagbigay ng serbisyo na nasa network ay halimbawa ng karaingan.

Karaniwang pangangalaga: Mga serbisyong kinakailangang medikal at pangangalaga upang makaiwas sa sakit, mga pagpapatingin ng magaling na bata, o pangangalaga tulad ng karaniwang kasunod na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay upang maiwasan ang mga problemang pangkalusugan.

Kasunod (follow-up) na pangangalaga: Regular na pangangalaga ng doktor upang suriin ang pagsulong ng pasyente pagkatapos ng pagkakaospital o sa panahon ng kurso ng paggamot.

Klinika: Ang klinika ay isang pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP). Ito ay maaaring alinman sa Pederal na Kwaliplikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC), klinika ng komunidad, Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC), Indian na Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP) o iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.

Kuwaliplikadong tagapagbigay ng serbisyo: Doktor na kuwaliplikado sa lugar ng pagsasagawa na angkop na gumamot sa iyong kondisyon.

Listahan ng Mga Gamot na nasa Kontrata (Contract Drugs List, CDL): Ang aprubadong listahan ng gamot ng Medi-Cal RX mula kung saan maaaring mag-order ang iyong tagapagbigay ng serbisyo ng mga sakop na gamot na kailangan mo.

Lugar ng serbisyo: Ang heograpikong lugar na pinaglilingkuran ng Aetna Better Health of California. Kasama rito ang mga county ng San Diego at Sacramento.

Maaga at pana-panahong screening, pag-diagnose at paggamot (EPSDT): Ang mga serbisyo ng EPSDT ay benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pa sa edad na 21 upang tulungan silang manatiling malusog. Dapat makakuha ang mga miyembro ng tamang mga check-up sa kalusugan para sa kanilang edad at naaangkop na mga screening upang maagang makita ang mga problema sa kalusugan at magamot ang mga sakit pati rin ang anumang paggamot upang mapangalagaan ang o tulungan ang mga kondisyon na maaaring malaman sa mga check-up.

Malubha: Isang medikal na kondisyon na biglaan, nangangailangan ng mabilis na medikal na atensyon at hindi tumatagal.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Malubhang sakit: Isang sakit o kondisyon na dapat magamot at maaaring magresulta sa kamatayan.

Matibay na kagamitang medikal (Durable medical equipment, DME): Kagamitan na kinakailangang medikal at iniutos ng iyong doktor o iba pang tagapagbigay ng serbisyo. Magpapasya ang Aetna Better Health of California kung uupa o bibili ng DME. Ang gastos sa pag-uupa ay hindi dapat mahigit sa gastos ng pagbili.

May Bayad na Serbisyo (FFS) na Medi-Cal: Minsan hindi sinasakop ng iyong plano ng Medi-Cal ang mga serbisyo pero maaari mo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal, tulad ng maraming serbisyo ng parmasya sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal Rx.

May kasanayang pangangalaga: Mga sakop na serbisyo na ibinibigay ng mga lisensiyadong nars, technician at/o therapist sa panahon ng pananatili sa isang pasilidad ng may kasanayang pangangalaga o sa tahanan ng miyembro.

Medi-Cal Rx: Serbisyo ng benepisyong sa parmasya ng FFS na Medi-Cal na kilala bilang “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyong at serbisyo ng parmasya, kasama ang mga inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal.

Medicare: Ang pederal na programa na insurance sa kalusugan para sa mga tao na 65 taong gulang o mas matanda, ilang partikular na mas batang tao na may mga kapansanan, at mga tao na may end-stage renal disease (permanenteng pagpalya ng bato na kailangan ng dialysis o transplant ng bato, tinatawag kung minsan na ESRD).

Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan): Ang pangangalaga na medikal na kinakailangan ay mahahalagang serbisyo na makatwiran at nagbibigay ng proteksyon sa buhay. Kailangan ang pangangalagang ito upang maiwasang magkasakit nang malubha o mabalda ang mga pasyente. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding pananakit sa pamamagitan ng paggamot sa sakit, karamdaman o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pa sa edad na 21, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal na medikal na kinakailangan ang pangangalaga na medikal na kinakailangan upang ayusin o tulungan ang isang pisikal o pangkaisipang karamdaman o kondisyon, kabilang ang mga sakit dahil sa pang-aabuso ng droga o alak, ayon sa nakasaad sa Seksyon 1396d(r) ng Title 42 ng Alituntunin ng Estados Unidos.

Medikal na kondisyong psychiatric na pang-emergency: Isang karamdaman sa pag-iisip na kung saan ang mga sintomas ay malubha o ganap na matindi upang maging sanhi ng alinman sa kagyat na panganib sa iyong sarili o sa ibang tao o hindi mo kaagad maibigay o gumamit ng pagkain, kanlungan o pananamit dahil sa sakit sa pag-iisip.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Medikal na tahanan: Isang huwaran ng pangangalaga na magbibigay ng mas mahusay na kalidad na pangangalagang pangkalusugan, pabutihin ang sariling pamamahala ng mga miyembro ng kanilang sariling pangangalaga at bawasan ang maiwasang mga gastusin sa paglipas ng panahon.

Medikal na transportasyon: Transportasyon kapag hindi ka makapunta sa isang sakop na medikal na appointment at/o upang kunin ang mga gamot sa pamamagitan ng kotse, bus, tren o taxi at irerekomenda ito sa iyo ng iyong tagapagbigay ng serbisyo. Binabayaran ng Aetna Better Health of California ang pinakamurang halaga ng transportasyon para sa iyong mga pangangailangang medikal kapag kailangan mo ng sasakyan patungo sa iyong appointment.

Mga benepisyo: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at mga gamot na sakop ng plano sa kalusugan na ito.

Mga Freestanding na Birth Center (mga FBC): Mga pasilidad ng kalusugan kung saan pinaplanong maganap ang panganganak nang wala sa tirahan ng buntis na babae, na lisensyado o kaya ay aprubado ng estado upang magbigay ng pangangalaga kapag nagla-labor bago manganak at panganganak o pagkatapos manganak at iba pang mga serbisyo para sa nakakalakad na kasama sa plan. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

Mga hindi kasamang serbisyo: Mga serbisyong hindi sakop ng Programang Medi-Cal ng California.

Mga inireresetang gamot Isang gamot na kinakailangan ayon sa batas ng utos mula sa isang lisensiyadong tagapagbigay ng serbisyo upang maibigay.

Mga natatanging serbisyo sa kalusugan ng isip: Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na mas mataas ang antas ng kahinaan kaysa sa hindi malubha hanggang sa katamtaman.

Mga sensitibong serbisyo: Mga serbisyong may kaugnayan sa kalusugan ng isip o pag-uugali, kalusugan na sekswal o para sa pag-aanak, pagpapalano ng pamilya, mga impeksiyong naihahawa sa pakikipagtalik (mg STI), HIV/AIDS, sekswal na pang-aatake at mga aborsyon, sakit dahil sa pag-abuso sa droga o alak, pangangalaga para sa pagkumpirma ng kasarian at karahasan sa intimate na partner.

Mga serbisyo at aparato sa pamumuhay: Mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa iyo na manatili, matuto o pahasayin ang mga kasanayan at paggana para sa pang-araw-araw na pamumuhay.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga serbisyo at device para sa rehabilitasyon at habilitasyon (therapy): Mga serbisyo at device upang tulungan ang mga taong may mga pinsala, kapansanan o hindi gumagaling na kondisyon na makakuha o manumbalik ang mga pangkaisipan at pisikal na kakayahan.

Mga serbisyo ng doktor: Mga serbisyong ibinibigay ng isang taong lisensiyado sa ilalim ng batas ng estado na magsagawa ng medisina o osteopathy, hindi kabilang ang mga serbisyong iniaalok ng mga doktor habang ikaw ay tinanggap sa isang ospital na siningil sa bill ng ospital.

Mga serbisyo pagkatapos maging stable ng kondisyon: Mga sakop na serbisyong may kaugnayan sai sang pang-emergency na medikal na kondisyon na ibinibigay pagkatapos maging stable ng miyembro upang mapanatili ang stable na kondisyon. Sinasakop at binabayaran ang mga serbisyo ng pangangalaga pagkatapos maging stable ang kondisyon. Maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba ang mga ospital na wala sa network.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya: Mga serbisyo upang mapigilan o ipagpaliban ang pagbubuntis.

Mga serbisyong nakabase sa komunidad para sa nasa hustong gulang (CBAS): Mga serbisyong outpatient at nakabase sa pasilidad para sa may kasanayang pangangalaga, mga serbisyong panlipunan, mga therapy, pangangalaga sa sarili, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapag-alaga, mga serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang mga serbisyo para sa mga miyembrong kuwalipikado.

Mga serbisyong pampublikong kalusugan: Mga serbisyong pangkalusugan na layunin ang populasyon sa kabuuan. Kabilang dito, bukod sa iba pa, ang pag-analisa sa sitwasyon ng kalusugan, pagmamamtyag sa kalusugan, pagtataguyod sa kalusugan, mga serbisyo sa pag-iwas sa sakit, pagkontrol ng nakahahawang sakit, pangangalaga at kalinisan ng kapaligiran, pagiging handa at pagtugon sa kalamidad, at kalusugan sa trabaho.

Mga serbisyong wala sa pinaglilingkurang lugar: Mga serbisyo habang ang miyembro ay nasa kahit saan na wala sa pinaglilingkurang lugar.

Mga serbsiyo ng komadrona: Pangangalaga bago manganak, habang nagbubuntis at pagkatapos manganak, kasama ang pangangalaga tungkol sa pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga para sa bagong panganak, na ibinibigay ng mga sertipikadong komadronang nurse (CNM) at mga lisensyadong komadrona (LM).



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan: Ang mga doktor at espesyalista tulad ng mga surgeon, doktor na gumagamot ng kanser o mga doktor na gumagamot ng mga espesyal na bahagi ng katawan, at nagtatrabaho sa Aetna Better Health of California o nasa network ng Aetna Better Health of California. Ang mga tagapagbigay ng serbisyo na nasa network ng Aetna Better Health of California ay dapat mayroong lisensiya na manggamot sa California at magbigay sa iyo ng serbisyo na sinasakop ng Aetna Better Health of California.

Karaniwang kailangan mo ng referral mula sa iyong PCP upang magpatingin sa isang espesyalista. Dapat kumuha ang iyong PCP ng paunang pag-apruba mula sa Aetna Better Health of California bago mo makuha ang pangangalaga mula sa espesyalista.

Hindi mo kailangan ang isang rekomendasyon mula sa iyong PCP para sa ilang uri ng serbisyo, tulad ng pagpapalano ng pamilya, pang-emergency na pangangalaga, pangangalaga ng OB/GYN o mga sensitibong serbisyo.

Mga tagapagbigay ng serbisyo sa kalusugan ng isip: Mga lisensiyadong indibidwal na nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at kalusugan ng pag-uugali sa mga pasyente.

Mga tagapagbigay ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa tahanan: Mga tagapagbigay ng serbisyo na nagbibigay sa iyo ng may kasanayang pangangalaga at iba pang mga serbisyo sa bahay.

Miyembro: Sinumang karapat-dapat na miyembro ng Medi-Cal na naka-enroll sa Aetna Better Health of California na karapat-dapat na makakuha ng mga sakop na serbisyo.

Nag-eeenroll: Isang tao na miyembro ng isang planong pangkalusugan at nakakakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

Network: Isang grupo ng mga doktor, klinika, ospital at iba pang tagapagbigay ng serbisyo na nakakontrata sa Aetna Better Health of California upang magbigay ng pangangalaga.

Orthotic device: Isang device na ginagamit bilang pansuporta o brace na nakakabit sa labas ng katawan upang suportahan o itama ang malubhang napinsala o may sakit na bahagi ng katawan at na kinakailangang medikal para sa medikal na paggaling ng miyembro.

Ospital: Isang lugar kung saan mo nakukuha ang inpatient at outpatient na pangangalaga mula sa mga doktor at nurse.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Outpatient na mga serbisyo sa kalusugan ng isip: Mga serbisyong outpatient para sa mga miyembrong may banayad hanggang katamtaman na mga kondisyon ng kalusugan ng pag-iisip kabilang ang:

- Pagtatasa at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip ng indibiduwal o grupo (psychotherapy)
- Pagsusuri ng isip kapag klinikal na sinabi na dapat suriin ang isang kondisyon ng kalusugan ng isip
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa therapy sa pamamagitan ng gamot
- Pangkaisipang pagkonsulta
- Outpatient na laboratoryo, mga supply at suplemento

Outpatient na pangangalaga: Kapag hindi mo kailangang manatili sa gabi sa isang ospital o ibang lugar para sa pangangalagang medikal na kailangan mo.

Pagbawi dahil sa maling nagawa: Kapag ibinigay ang mga benepisyo o ibibigay sa miyembro ng Medi-Cal dahil sa pinsala na dapat panagutan ng kabilang partido, babawiin ng DHCS ang makatwirang halaga ng mga benepisyo sa miyembro para sa pinsalang iyon.

Pag-disenroll: Pagtigil sa paggamit sa plano sa kalusugan na ito dahil hindi ka na kuwalipikado o nagpalit sa isang bagong plano sa kalusugan. Dapat kang lumagda sa isang form na nagsasabing hindi mo na nais gamitin ang plano sa kalusugan na ito o tumawag sa HCO at mag-disenroll sa telepono.

Paggamot na sinusubukan pa lang: Isang paggamot na gamot, biyolohikal na produkto o device na matagumpay na nakumpleto ang unang yugto ng isang klinikal na imbestigasyon na inaprubahan ng FDA pero hindi pa naaprubahan ng FDA para sa pangkalahatang paggamit at nananatiling sumasailalim sa imbestigasyon sa isang klinikal na imbestigasyon na inaprubahan ng FDA.

Paggamot na sinusubukan pa lang: Mga gamot, kagamitan, procedure o mga serbisyo na nasa yugto na sinusubukan pa lang sa laboratoryo at/o mga pag-aaral sa hayop bago subukan sa mga tao. Ang mga serbisyong sinusubukan pa lang ay hindi sumasailalim ng isang klinikal na imbestigasyon.

Pag-oopera upang ibalik ang dating hitsura: Pag-oopera upang iwasto o ayusin ang mga hindi normal na istraktura ng katawan



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Pagpapaospital Pagtanggap sa isang ospital para sa paggamot bilang isang inpatient.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Ang kakayahan ng isang miyembro ng plano na patuloy na tumanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanyang dati nang tagapagbigay ng serbisyo nang hanggang 12 buwan, kung sumasang-ayon ang tagapagbigay ng serbisyo at ang Aetna Better Health of California.

Pag-uuri (o pag-screen): Ang pagsusuri ng iyong kalusugan ng isang doktor o nurse na sinanay upang mag-screen para sa layunin na pagtukoy ng pagiging agaran ng iyong pangangailangan para sa pangangalaga.

Pandaraya: Isang sinasadyang pagkilos upang dayain o magsinungaling ng isang tao na nakakaalam na ang pandaraya ay maaaring magresulta sa ilang hindi awtorisadong benepisyo para sa tao o ibang tao.

Pangangalaga para mapaginhawa ang sakit: Pangangalaga upang mabawasan ang pisikal, emosyonal, panlipunan at espiritwal na kahirapan para sa isang miyembro na may malubhang sakit. Ang pangangalaga para mapaginhawa ang sakit ay hindi kinakailangang inaasahang mabuhay ang miyembro ng 6 na buwan o mas mababa.

Pangangalaga sa emergency room: Isang pagsusuri na isinagawa ng isang doktor (o kawani sa ilalim ng pamamahala ng isang doktor ayon sa ipinahihintulot ng batas) upang malaman kung umiiral ang isang emergency na medikal na kondisyon. Mga serbisyong kinakailangang medikal na kailangan upang gawin kang matatag na klinikal sa loob ng mga kakayahan ng pasilidad.

Pangangalagang inpatient: Kapag kailangan mong manatili sa gabi sa isang ospital o ibang lugar para sa pangangalagang medikal na kailangan mo.

Pangangalagang outpatient sa ospital: Pangangalagang medikal o operasyon na isinagawa sa isang ospital nang hindi tinatanggap bilang isang inpatient.

Pangangalagang pangkalusugan sa tahanan: May kasanayang pangangalaga at iba pang mga serbisyo na ibinibigay sa bahay.

Pangangasiwa ng mga Benepisyo (Coordination of Benefits, COB): Ang proseso ng pagtukoy kung aling insurance coverage (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance o iba pa) ang mayroong pangunahing mga responsibilidad sa paggamot at pagbabayad para sa mga miyembro na may mahigit sa isang uri ng coverage sa insurance sa kalusugan.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Pang-emergency na medikal na transportasyon Transportasyon sa isang ambulansiya o pang-emergency na sasakyan papunta sa isang emergency room upang makakuha ng pang-emergency na pangangalagang medikal.

Pangmatagalang pangangalaga: Pangangalaga sa isang pasilidad para sa mas matagal sa buwan ng pagtanggap.

Pangunahing pangangalaga: Pumunta sa “Karaniwang pangangalaga.”

Pasilidad ng may kasanayang pangangalaga: Isang lugar na nagbibigay ng 24 na oras sa isang araw na pangangalaga na tanging sinanay na mga propesyonal ng kalusugan ang maaaring makapagbigay.

Paunang pag-apruba (o paunang pahintulot): Dapat kumuha ang iyong PCP o iba pang tagapagbigay ng serbisyo ng pag-apruba mula sa Aetna Better Health of California bago mo makuha ang ilang partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyong kailangan mo. Hindi aaprubahan ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na tagapagbigay ng serbisyo kung naniniwala ang Aetna Better Health of California na makukuha mo ang mga maihahambing o mas angkop na serbisyo sa pamamagitan ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng Aetna Better Health of California. Ang isang rekomendasyon ay hindi isang pag-apruba. Dapat kang makakuha ng pag-apruba mula sa Aetna Better Health of California.

Paunang pahintulot (paunang pag-apruba): Dapat kumuha ang iyong PCP o iba pang tagapagbigay ng serbisyo ng pag-apruba mula sa Aetna Better Health of California bago mo makuha ang ilang partikular na serbisyo. Aaprubahan lang ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyong kailangan mo. Hindi aaprubahan ng Aetna Better Health of California ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na tagapagbigay ng serbisyo kung naniniwala ang Aetna Better Health of California na makukuha mo ang mga maihahambing o mas angkop na serbisyo sa pamamagitan ng mga tagapagbigay ng serbisyo ng Aetna Better Health of California. Ang isang rekomendasyon ay hindi isang pag-apruba. Dapat kang makakuha ng pag-apruba mula sa Aetna Better Health of California.

Plan: Pumunta sa “Plan ng pinamamahalaang pangangalaga.”



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Plano ng pinamamahalaang pangangalaga: Isang plano na Medi-Cal na gumagamit lamang ng ilang partikular na doktor, espesyalista, klinika, botika at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na naka-enroll sa planong iyon. Ang Aetna Better Health of California ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

Reklamo: Berbal o nakasulat na pahayag ng kawalan ng kasiyahan ng miyembro tungkol sa serbisyong sakop ng Medi-Cal, Aetna Better Health of California, plano ng county para sa kalusugan ng isip, o tagapagbigay ng serbisyo ng Medi-Cal.

Rekomendasyon (Referral): Kapag sinabi ng iyong PCP na maaari kang makakuha ng pangangalaga mula sa isa pang tagapagbigay ng serbisyo. Ang ilang sakop na saerbisyo ay nangangailangan ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Rural Health Clinic (RHC): Isang sentrong pangkalusugan sa isang lugar na walang maraming tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha ka ng pangunahin at pag-iwas sa sakit na pangangalaga sa isang RHC.

Sasakyan na hindi pang-medikal: Transportasyon kapag nagbibiyaha patungo at mula sa isang appointment para sa isang sakop na serbisyo ng Medi-Cal na awtorisado ng iyong tagapagbigay ng serbisyo at kapag kumukuha ng mga gamot at medikal na supply.

Sertipikadong Komadronang Nurse (Certified Nurse Midwife, CNM): Isang indibiduwal na lisensyado bilang Rehistradong Nurse at sertipikado bilang komadronang nurse ng California Board of Registered Nursing. Ang isang sertipikadong komadronang nurse ay pinahihintulatang dumalo sa mga kaso ng normal na panganganak.

Tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (PCP): Ang lisensiyadong tagapagbigay ng serbisyo na mayroon ka para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulugan ka ng iyong PCP na makuha ang pangangalagang iyong kailangan. Ilang kinakailangang pangangalaga na dapat munang maaprubahan, maliban kung:

- Ikaw ay may emergency
- Kailangan mo ng pangangalaga ng OB/GYN
- Kailangan mo ng mga sensitibong serbisyo
- Kailangan mo ng mga serbisyo ng pagpapalano ng pamilya/pampigil sa pagbubuntis



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Ang iyong PCP ay maaaring isang:

- Pangkalahatang practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Practitioner na pampamilya
- OB/GYN
- Indian na Tagapagbigay ng Pangangalagang Pangkalusugan (IHCP)
- Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (FQHC):
- Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC):
- Nurse na practitioner
- Assistant ng doktor
- Klinika

Tagapagbigay ng serbisyo na nasa network (o nasa network na tagapagbigay ng serbisyo): Pumunta sa “Kalahok na tagapagbisay ng serbisyo.”

Tagapagbigay ng serbisyo na wala sa network: Isang tagapagbigay ng serbisyo na hindi bahagi ng network ng Aetna Better Health of California.

Tagapamahala ng kaso: Mga rehistradong nurse o social worker na makakatulong sa iyo na maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at isaayos ang pangangalaga sa iyong mga tagapagbigay ng serbisyo.

upang mapahusay ang paggana o gumawa ng normal na hitsura sa lawak na maaari. Ang mga abnormal na istraktura ng katawan ay ang mga dulot ng isang depekto sa pagkapanganak, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, mga bukol o sakit.

Walang lunas na sakit: Isang medikal na kondisyon na hindi maaaring magamot at malamang na maging sanhi ng kamatayan sa loob ng isang taon o mas maikli kung sinunod ng sakit ang natural nitong kurso.



Tumawag sa member services sa 1-855-772-9076 (TTY 711). Matatawagan ang Aetna Better Health of California nang 7 araw sa isang linggo, 24 na oras sa isang araw. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita sa online sa www.aetnabetterhealth.com/california.

Aetna Better Health of California
10260 Meanley Drive
San Diego, CA 92131

Member Services
1-855-772-9076

[AetnaBetterHealth.com/California](https://www.aetna.com/betterhealth/california)

1144900-08-CAT A (Rev 3/23)



Aetna Better Health® of California